# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN


Tomo VI, 2025 ISSN 2815-1232



# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo VI, 2025 ISSN 2815-1232



agos
REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo VI, 2025
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**AGOS**
Refereed Journal
ng Malikhaing Akdang
Pampanitikan (ISSN 2815-1232)

Tomo VI, 2025
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Libreng maaakses
at madadownload
ang elektronikong
bersiyon ng Agos sa
www.journals.upd.edu.ph /
index.php/Ag

Inilalathala ng
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
isang beses kada taon.

**Will P. Ortiz, Ph.D.**
wportiz@up.edu.ph
*Punong Editor*
*Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman*

**Chuckberry Pascual, Ph.D.**
chuck.pascual@gmail.com

**Eugene Y. Evasco, Ph.D.**
eyevasco@up.edu.ph
*Mga Issue Editor*

**Larry Boy B. Sabangan**
lbsabangan@up.edu.ph
*Tagapamahalang Editor*

**Gerome Nicolas Dela Peña**
gndelapena1@up.edu.ph
*Editor Pangwika*

**Jordan T. Ignacio**
jordanignacio12@gmail.com
*Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat*

Hindi maaaring kopyahin o sipiin, sa anumang porma o anyo, elektroniko man o limbag, nang walang opisyal at pormal na pahintulot mula sa Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Ang isinumiteng mga akda para sa posibleng paglalathala sa AGOS ay dumaan sa istrikto at dobleng proseso ng pagrerebyu.

Para sa mga tanong at/o dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa:

**Patnugutan at Sirkulasyon**
*Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
3/Palapag, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI)
E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas,
Diliman, Lungsod Quezon

**Email:** agos.swf.upd@up.edu.ph
**Facebook:** Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman
**Telepono:** 89818500 loc. 4583

# Nilalaman

**INTRODUKSIYON**

**WILL P. ORTIZ**

**i** Pagbaklas ng mga Danas

**TALÂ NG EDITOR**

**EUGENE Y. EVASCO | CHUCKBERRY J. PASCUAL**

**iii** Agos ng mga Tinig: Isang Paanyaya sa mga Mambabasa

**DAGLI**

**DENNIS ANDREW S. AGUINALDO**

**3** Sinturera
**5** Flagellantes
**8** Hindi ka nga sabi nag-iisa

**JOHN CARLO S. GLORIA**
11 Ang Salaysay at Paghihiganti ni Pedro Calosa
14 Pamalakaya
16 Habilin

**SHUR C. MANGILAYA**
19 Kaeanasan
21 Bukirin
23 Suba
25 Ilog
27 Banlok
29 Tumana

**TULA**

**CLINTON D. ABILONG**
34 Sansaglit
35 Sandali
36 Maliban
37 Salita
38 Origamista

**MA. CECILIA C. DE LA ROSA**
41 Pagtawid sa Permanensiya
43 Ka June
45 Sariling silid
46 Ang Kaibigan ni Sid
48 May amag din

**CHINA PEARL PATRIA M. DE VERA**

51 Kung hindi pa dumating
52 Resolusyon
53 Ulap
54 Nini
56 Isinulat ko ang mga pangalan

**NOEL GALON DE LEON**

60 Ako, Ang Paghigugma
61 Kasingkasing ng Saging
62 Valentine's Day
63 Sa Ngalan ng Paghigugma
64 Muli, Ang Paghigugma

**CHRISTOPHER S. ROSALES**

68 Pedicab
70 Sabungero
71 Ang mga Numero
75 Sa Pagkabulok
77 Ukay

**MAIKLING KUWENTO**

**C.L. BALAGOZA**

82 Bocaue Blues

**LANCE ROMULUS DAYRIT**

107 Telegram

**HONORIO BARTOLOME DE DIOS**

121 Reyna

**BENJO GUTIERREZ**

151 Parola

MERDEKA MORALES
173 Sa Lilim ng mga Nawawala

JOSH PARADEZA
189 Ang Mundo ay Ashtray

## Sanaysay

ROCHEL ELLEN CAINTIC BERNIDO
210 Kung Nakakababa ba ng Matres ang High Heels

PRECIOSO M. DAHE JR.
224 Nang Bumagyo Sa Aking Puyo

JOBERT PILLAS
242 Bakit Nawawala si Wawie?

## Eksperimental

WENDREI BRENT ORQUIOLA
263 Cross Worlds

# INTRODUKSIYON

## Pagbaklas ng mga Danas

WILL P. ORTIZ

Kung susuriin ang mga eksperimental na akda sa ating bayan, darating sa kongklusyon ang kumikilates na ibang-iba ito sa mga akdang eksperimental o postmoderno na nagmula sa Kanluran. Hindi katulad ng mga akda mula sa labas, na ang pangunahing katangian ay pagiging mapaglaro sa anyo at laman, tumataliwas sa anumang batas ng pag-akda at nagiging personal ang dating, nakikisangkot pa rin sa usaping panlipunan ang nagmula sa ating bayan, maging ang mga itinuturing na mga pangahas na bumasag ng anyo at laman ng panitikan.

Kung mamasdan ang akda ni Orquiola, kitang-kita na basag na ang anyo ng akdang hindi alam kung ito ay kuwento, dagli, krosword o komentaryong panlipunan. Libangan ba ito ng mga walang magawa o pampatalas ng isip ng mga walang ginagawa o nais magrelaks sa mga problema ng lipunan? Makikita ang sagot sa mga tanong ng krosword, kailangang maging matalas sa kasaysayan at hindi lamang sa kahulugan ng salita dahil sangkot dito ang kamalayan sa nangyayari at naganap sa bayan.

Sa ganitong perspektiba makikita ang mga akda sa Agos 6 kasama ang mga editor na sina Eugene Y. Evasco at Chuckberry Pascual, pawang mga pinagpipitagang guro at manunulat. Dahil sa samot-

saring suliraning dinaranas ng lipunan, hindi lamang personal ang mga sinasabi ng tula, dagli, kuwento at sanaysay kundi umuugnay ang akda ng mga awtor sa mga isyung panlipunan.

Madalas narito ang tema ng kahirapan, na may kinalaman sa salapi at kabuhayan o kawalan nito, ang pambubusabos ng maykapangyarihan sa wala nito, ang kasarian na lagi nang lunan ng tunggalian ng mga isinagilid sa lipunan, babae man o bakla na naghahanap ng lunan dahil nililibak, pinahihirapan at pinagtatawanan, ng mga lahi at etnisidad tulad ng danas ng isang Higaonon, at iba pang danas ng sariling katawan na may salimuot ng danas sa lipunang ginagalawan.

Laging lumalabas ang usapin ng kasarian at identidad. Ginamit ang matres bilang talinghaga, at lagusan na talinghaga rin ng sinapupunan bilang kanlungan ng pagiging bakla. May sinasabi ang ganitong mga metapora at imahen na maaaring maging magkakampi ang parehong kasariang isinagilid ng lipunan.

Sabi ng huling bahagi ng akda ni Gloria, "Ang nababatid ko, buhat nang paglakbayin ko ang aking kaluluwa, hindi na ito buong-buong nakabalik pa sa akin." Hindi lamang si Pedro Caloso ang nawawala ang kaluluwa, dahil sa ating danas ng kung ano-anong uri ng kalamidad at korupsiyon, nalulugmok tayo bilang bayan. Hinahanap ang kaluluwang sangkot sa pagbibigay ng ginhawa sa halip na sakuna, gawa man ng tao o ng kalikasan. Madalas, ang mga maykapangyarihan dulot man ng posisyon o ari-arian ang nagbibigay ng sakit ng bayan.

Napakatagal na nating tema bilang manunulat ang pasakit. Samo, dalangin, at hamon na ring magbaklas ng ganitong mga danas.

# TALÂ NG EDITOR

## Agos ng mga Tinig: Isang Paanyaya sa mga Mambabasa

EUGENE Y. EVASCO | CHUCKBERRY J. PASCUAL

Ang pagsusulat ay isang paradoha. Paghugot ito sa sariling danas, pagmumuni, pangarap, sa pagnanais na makaugnay sa kapwa, at ang personal na danas, pagmumuni, at pangarap ay maging kanila. Pag-uukilkil ito ng sarili para sa sarili, para maging pag-aari ng iba ang pag-uukilkil na iyon.

Nagpapatunay sa paradohang ito ang mga akdang kabilang sa isyung ito ng *Agos*: may malalim na hugot sa personal na karanasan ang bawat isa—basahin ang mga akda at mararamdaman ang pamilyaridad, kundi man pagkalubog ng mga manunulat sa mga mundo at sitwasyong nilikha nila—pero bawat isa rin ay pagtatangkang umugnay sa mambabasa, paanyaya ang bawat isang akda at paalala sa mambabasa: heto ang lipunan natin, tingnan mo. At pagkatapos tumingin, may implisitong paanyaya at paalala rin, na hindi natatapos ang lahat sa pagbabasa. Ang kapwa sa mga akda ay kapwang nakakasalamuha, at nasa mambabasa na ang pagpapasya kung ano ang

kanyang gagawin pagkatapos ng kanilang engkuwentro sa papel.

Sa bawat paglalathala ng *Agos*, ipinapaalala sa atin ang kapangyarihan ng tinig, ang kapangyarihang bumulong at sumigaw, manindigan at magnilay. Sa panahong tila lumalabo ang pagitan ng pakikinig at pag-unawa, nananatiling hamon sa mga manunulat at mambabasa ang marinig ang isa't isa. Ayon nga sa sanaysay ni Eli Rueda Guieb III (2024) na nagsipi sa winika ng kanyang tiyahin, "Kung kami ba ay bubulong, maririnig n'yo ba kami? Kung kami naman ay sisigaw, maiintindihan n'yo kaya kami?" Patuloy na umuukit ang tanong na ito sa diwa ng ating panitikan: isang paalala na ang bawat akda ay pagsubok na maiparinig ang mga tinig na madalas nagmumula sa laylayan, o sa mga puwang na tahimik ngunit hitik ng saysay. Sa ganitong diwa, hindi lamang salimbayan ng mga bagong akda ang isyung ito ng *Agos* kundi isang patuloy na kumbersasyon. Isa itong pagtatagpo ng mga tinig na nagtatangka, sa iba't ibang anyo ng paglikha, na maging malinaw sa gitna ng ingay at hagupit ng panahon.

## Mga Dagli

Inilalarawan sa mga dagli ni Dennis Andrew S. Aguinaldo ang iba't ibang yugto ng buhay ng tao sa pamilya. Matandang nakikipaglaro sa mga apo ang nagsasalita sa "Sinturera," isang ama naman sa "Flagellantes," at mag-asawa ang nag-uusap sa "Hindi Ka Nga Sabi Nag-iisa." Sa bawat piyesa, masasalamin ang mga kontradiksiyong sumusuhay sa institusyon ng pamilya: ang sabay na pag-aaruga at pagdidisiplina, ang sabay na pag-iral ng pagmamahal at pagiging komportable at ng patuloy na karahasan at pagkaduhagi ng iba.

Nanunuot ang paglalaho

at epekto nito sa mga naiwan sa mga dagli ni John Carlo S. Gloria. Mula bansa, patungo sa komunidad, at personal na pakikipagbuno sa paglalaho ang trajektori ng mga dagli: pinaangat ng "Ang Salaysay at Paghihiganti ni Pedro Calosa" ang mga pinaglahong bahagi ng kasaysayan, pakikipagbuno naman sa banta ng paglalaho sa komunidad ng mga mangingisda ang nasa "Pamamalakaya," habang pagluluksa ng isang aso para sa kanyang amo naman ang nasa "Habilin."

Napapanahon ang mga dagli ni Shur C. Mangilaya na maaaring mabasa sa wikang Akeanon at Filipino, dahil inilalantad ng mga ito ang patuloy na pagwasak ng kapital sa kalikasan. Kaakibat din dito siyempre ang korapsiyon, at kung paanong dinadambong hindi lamang ang yamang kalikasan ng bansa, kundi pati ang alaala ng mga tao at ng bayan. Pamilyar sa kasalukuyang damdamin ng marami sa atin ang huling eksena ng "Kaeanasan" ("Bukirin"): "Nagapaeangurog ro alima ni Tatay, samtang hugot ro buyot sa pueo it sanduko. Mataeom ro panueok it mga mata sa madasig nga pagkalhit ag pagdaba-daba it kaeayo." ("Nanginginig ang kamay ni Itay, habang mahigpit ang hawak sa puluhan ng itak. Matalim ang titig ng mga mata, sa mabilis na pagkalat at paglagablab ng apoy.")

## Eksperimental na Panitikan

Tulad ng mahuhusay na akdang eksperimental, isinasangkot ni Wendrei Brent Orquiola sa "Cross Worlds" ang mambabasa—kasama siya sa paglikha ng kahulugan, at kung hindi niya sasagutin ang crossword, hindi mabubuo ang akda. Komentaryo ito sa proseso ng pag-aakda ng pagbabasa, kung paanong laging

magkatambal ang manunulat at ang kanyang madla. Kasama sa larong ito ng pagpapakahulugan ang kolektibong kaalaman (shared knowledge), at sa bawat tamang sagot sa crossword, tila itinatanong rin ng akda sa mambabasa: alam mo naman pala, ano ngayon ang balak mong gawin?

## Mga Maikling Kuwento

Pamilyar ang naratibo at mga tropeng matatagpuan sa "Bocaue Blues" ni Christian L. Balagoza: isang kabataang hinaharap ang kinahinatnan ng pag-amin ng kanyang identidad sa magulang at ang pagmamasid sa paligid bilang salamin ng panloob na kalagayan. Pero ito mismong pamilyaridad na ito ang kalakasan ng akda, dahil paggigiit din ito sa halaga ng danas ng kabataan, at pagrehistro ng mga kuwento ng pag-amin. Umaamin din tayo nang paulit-ulit, nagpapakilala nang paulit-ulit sa bawat bagong sitwasyong kinakaharap. Kaya sa pagwawakas ng kuwento, kasama na rin ang mambabasa sa inaalayan ni Syd ng pansit na alanganin.

Pinaiigting ng "Telegram" ni Lance Romulus Dayrit ang pagkakawangki ng sexualidad at politika, ng personal at politikal. Itinatanghal ng kuwento ang isang posibilidad ng pagsala ng kamalayang queer sa politikal na sitwasyon, at inilalarawan ang isang senaryo kung saan magkakasalabid ang teknolohiya, pagnanasa, krimen, at politika. Bukas ang pagwawakas nito, na tila paanyaya rin sa mambabasa: ano ang gagawin, kung ikaw ang magdedesisyon?

Agad lilinaw sa mambabasa na batid na batid ni Honorio Bartolome de Dios ang mundong inilalarawan niya sa "Reyna:" ang pang-araw-araw na buhay ng mga magsasaka, ang mga pagsubok na kinakaharap nila, at ang mga pagtatangkang sinupin ang pag-

oorganisa. Pero ibinibigay ni de Dios ang kuwentong ito mula sa perspektibo ng isang bakla. Paano nga ba mapagtatagumpayan ang kolektibong pagkilos kung ang personal na dilema ay hindi pa matawid? Binabaligtad ng kuwento ang halagahin ng lipunang patriyarkal: ang pinuno ay malambot at mahinhin, sa halip na tigasin at padaskol-daskol, ang pinuno ay maaari ding maging isang "reyna."

Hinihiraya ng kuwento ni Benjo Gutierrez ang mga huling araw ng War on Drugs, at inuurirat ang posibilidad: paanong hinaharap ng mga kasangkot sa digmaang ito ang kanilang mga konsensiya? Sa pagsasalaysay ng kuwento ng pulis na si Salvo, binubuo ni Gutierrez ang isang mundong labis na nakababad sa korapsiyon at kahirapan, at kung paanong maaaring umiral pa rin ang katarungan, kahit sa lebel lamang ng personal na konsensiya. Nakakahindik ang kuwento pero nagtatangka pa ring magbigay ng pag-asa.

Hinahamon ng kuwentong "Sa Lilim ng mga Nawawala" ni Merdeka Morales ang pangkasalukuyan at halos ritwalistikong takbo ng lipunan, iyong may pamahalaang mapagmalabis at hindi makatarungan, at ang pagtuligsa rito ng iba't ibang grupo. Sabi nga ng batang guro sa akda, "…'yung mga paulit-ulit na pangyayari ba na gan'to, hindi ba ito paurong?" Kaya binali ng kuwento ang karaniwang gawi—"nawala" ang mga inaasahang pagtuligsa, at nauga ang buong sistema—at ang tila tahimik nitong mungkahi: baka nasa pagbali matatagpuan ang inaasahang pagtuwid ng mga baluktot na pamamalakad.

Pinagtatabi ni Josh Paradeza sa kuwentong "Ang Mundo ay Ashtray" ang pagkatao at kuwento ng piksiyonal na si Rowena Palacios at ang

pagkatao at kuwento ng artistang gumaganap sa kanya, si Diana del Mundo, at inaanyayahan ang mambabasa na hanapin kung saan nagmumula at nagtatapos ang hanggahan ng pag-iral ng dalawa. At ginagawa ito ni Paradeza sa magkahalong Ingles at Filipino, iyong register ng wikang pamilyar sa diskurso ng Philippine showbiz, ibig sabihin, ng halos lahat ng Pilipino. At naroon ang komentaryo ng akda: sa paggamit ng register na pamilyar, kung hindi man gasgas, sa pagkukuwento ng dalawang naratibong pamilyar, kung hindi man gasgas, mayroon pa bang orihinal? At higit pa rito, may kurot pa ba sa damdamin, kahit puro kalyo na ang mga elemento ng kuwento? Anuman ang sagot, tulad ni Diana del Mundo na mababatid na "ang pag-ibig hindi gaya ng usok ng sigarilyo, hindi basta-bastang nawawala, hindi nakaka-cancer," nagtatagumpay ang akda ni Paradeza.

## Mga Sanaysay

Pinapaksa ni Rocky Bernido sa sanaysay niyang "Kung Nakakababa ba ng Matres ang High Heels" ang masasalimuot na tanong kaugnay sa kasarian, uri, at imahen ng kapangyarihan sa mga pamilyar na danas ng pagkomyut sa lungsod. Mula sa mga sapatos ni Cinderella at Barbie hanggang sa teleserye, taglay ng mananaysay ang erudisyon sa kung paanong itinakda ng kultura ang takong bilang pamantayan ng tagumpay at kakayahan. Sa wika nitong matalas at masiste, nagiging paglalakbay ang bawat estasyon ng MRT tungo sa pagkamulat na ang sapatos na akala'y mag-aangat ay maaari ring magpabigat. Tulad ng sabi ng mananaysay, "kung anumang 'kapangyarihan' ang bitbit ng high heels sa kaso ko, mukhang pahiram lang." Sa siniping ito, nagiging malinaw ang kabuuang

tema ng sanaysay: ang pagnanais na makalaya sa mga itinakda ng lipunan at ang pagtuklas ng kapangyarihang nagmumula sa sarili.

Buong-husay na tinalakay ni Precioso Mamatan Dahe, Jr. sa "Nang Bumagyo sa Aking Puyo" ang mga hangganan ng paniniwala, katawan, at paghilom sa pananaw at danas ng isang Higaunon. Sa pamamagitan ng paggunita, iniuugnay ng mananaysay ang mga ritwal ng pagpapagaling, mula sa paglalagay ng luya ni Apú hanggang sa mga katutubong dasal at pamuhat, sa mga daluyong ng isip at damdamin sa kasalukuyang panahon. Pinagtagpo ng sanaysay ang katutubo o Austronesyong paraan ng paggamot at ang modernong siyensya, ipinapakita kung paanong ang pag-unawa sa karamdaman ay isang masalimuot na paghahanap ng sarili at ng kabuuang komunidad. Tulad ng binibigkas niyang waring tesis statement ng sanaysay: "Kaya nakaalalay man ang siyensiya o ang katutubong paniniwala, lagi't laging nakasalalay sa sariling katatagan ang pagkalas at pag-alpas tuwing bumabagyo sa puyo." Isang mapagnilay na akdang nagbubukas sa usapin ng lusog-isip, kalinangan, at espiritwalidad, na sinasagot hindi sa wika ng medisina lamang, kundi sa wika ng alaala at pananampalataya.

Pinanindigan sa sanaysay na "Bakit Nawawala si Wawie" ni Jobert Pillas ang paghahanap sa isang kapatid na unti-unting naglaho, hindi lamang sa pisikal na anyo kundi sa loob ng sistemang paulit-ulit siyang sinusupil at pinarusahan. Mula sa mga eskinita ng Quiapo patungo sa mapanghusgang espasyo ng lipunan, inihain ni Pillas ang matinding pagnanais na maunawaan at maipagtanggol ang karapatan ng kapatid niyang

si Patricia, isang transwoman na piniling mabuhay ayon sa sarili niyang katotohanan. Sa matapat na tinig at tapat na pagninilay, naipinta ang mukha ng pag-ibig na higit pa sa dugo, isang pag-ibig na marunong kumalinga kahit ligid ng hiya, galit, at kawalang-pag-asa. Tulad ng binigyang-diin ng mananaysay, "Walang espasyong kumalinga para sa kanya kaya naghanap siya ng pagitan kung saan may 'laya' ang kanyang mga kagustuhan sa buhay." Sa isang lipunang madalas magtakda kung sino ang dapat tanggapin at kilalanin, ipinapaalala ng akda na ang tunay na pagkalinga ay nagsisimula sa pagkilala sa pagkatao ng kapwa.

## Kalipunan ng mga Tula

Sa "Pagpapaiwan sa Palagay" ni Clinton Abilong, tila tahimik na tagapagtala ng mga saglit ang makata, ng paglalakbay ng diwa, ng bigat at gaan ng loob, ng katahimikang malamán. Sa bawat tula, hinahaplos ng wika ni Abilong ang pagitan ng pagdama at pagninilay; dito, hindi laging paglayo ang paglalakbay kundi madalas ay pagpapaiwan, ang pananatili sa sandali upang lubos na maramdaman ang paghinga ng mundo. Panatag ngunit matalas ang ugnayan ng isip at damdamin sa kanyang mga tula. Sa bawat taludtod, nadarama ang pagnanais na manatiling mulat sa kahulugan ng mga bagay na mabilis lumipas. Tulad ng tulang "Salita," "Mga salita rin ang magtuturo ng daan / kung paano makakauwi ang ating puso / sa ating dibdib at hindi na muling lumisan pa." Sa mga taludtod na ito nananahan ang buod/ ubod ng kanyang sining: ang paniniwalang sa gitna ng pag-alis at pagkawala, ang tula ang nagsisilbing tahanang pinagmumulan at sisidlan ng puso.

Nilalakbay sa "Fair Winds & Following Seas" ni Ma. Cecilia

de la Rosa ang mga hangganhan sa pagitan ng pagkawala at pananatili. Sa bawat tula sa kalipunan, maririnig ang tinig na marunong tumitig sa pag-iral: ang tinig ng isang naglalayag na humaharap sa unos ng gunita at bumabalik sa dalampasigan ng pag-asa. ayapa ngunit matalim ang kanyang wika, hitik ng pagkaunawang nagmumula sa mga karanasan. Sa kanyang mga tulang gaya ng "Pagtawid sa Permanensya" at "Sariling Silid," ipinakikita ang kakayahan ng tula na maging tulay sa pagitan ng panlabas na daigdig at ng internal na katahimikan. Tulad ng mga taludtod na ito na nagtataglay ng kislap-diwa ng kanyang panulat: "Walang panganib sa silid / Na wala kang sinasarili/ Kundi ang saya at liwanag / Ng pag-iisa." Sa pangkalahatan,mabining pagninilay ang katipunan sa paglalakbay sa kabila ng mga unos.

Itinampok sa "Kung Hindi Pa Dumating" ni China Pearl de Vera ang matalim na sensibilidad sa ugnayan ng personal na damdamin at kolektibong karanasan. Mula sa katahimikan ng paghihintay hanggang sa kirot ng digmaan/ henosidyo at kawalan, ginagamit ang tula bilang daluyan ng paninindigan. Sa kanyang mga taludtod, hindi lamang kasangkapan ng damdamin ang wika kundi sandata ng pagkalinga; may panawagan ito sa pagkakaisa, paggunita, at patuloy na pagharap sa mga sugat ng lipunan. Isang taludtod ang tumitindig bilang ubod ng kanyang poetikong pananagutan: "Isinulat ko ang mga pangalan ninyo sa lupa... / Binura ng bomba ang bahay natin... / Sa paanan nitong guho, isinulat ko ang mga pangalan / at kapayapaan sa Palestina." Sa mga siniping taludtod na ito, malinaw ang tinig na hindi natatakot tumindig para sa pakikiramay, pag-asa, at panlipunang pagkilos.

Sa kabuuan, patunay na ang pagtula sa kanyang kalipunan ay isang gawaing makatao na may dangal at pananagutan.

Sa "Muli, ang Paghigugma" ni Noel Galon de Leon, muling hiniraya ang pag-ibig bilang wikang nagmumula sa puso at nag-ugat sa Kanlurang Bisayas. Sa mga tula, hindi lamang damdamin ang *paghigugma* kundi isang pagharap sa pagdurusa, pagbangon, at pagtanggap sa sarili. Sa matimyas na tinig ng makata, nasusumpungan ang mga salitang Hiligaynon na nagsisilbing durungawan tungo sa mas malalim na pagkaunawa sa pag-ibig. Tugon ang paggamit ng mga katutubong salita sa dati nang panawagan ni Leoncio Deriada na gamitin ang wika ng rehiyon upang palawakin ang imahinasyong pambansa at pagyamanin ang kalinangan ng panitikan. Sa mga tula ni de Leon, nagiging panitik ng kaligtasan ang pag-ibig. Tulad ng kanyang mga taludtod na may mayamang imahen at katahimikang nagliliyab: "lahat ngunit hindi ang pangalang / nakaukit sa tinik ng gintong liwanag / na umaahon sa araw-araw na pag-iisa." Sa ganitong lalim, ipinagpapatuloy ni de Leon ang tradisyon ng mga makatang marunong magpatahimik at magpaawit sa wika, isang sining ng *paghigugma* na patuloy na humuhulma ng pagkatao.

Sa kalipunang "Pedicab at Iba Pang Tula" ni Christopher Rosales, nakikilala ang tinig ng makatang pinanday ng lungsod. Mababanaag dito ang matipunong wika, marahas sa realidad, at matalas sa pananaw. Mga larawan ng Gagalangin sa Tondo ang mga tula niya at ng uring patuloy na namumuhay sa pagitan ng pag-asa at ng pagkabulok. Ang tinig ng "maskuladong tula" ay paghawak sa bigat ng danas,

pawis, at pagkaligalig ng mga taong itinulak ng lungsod sa laylayan. Sa paggamit ng wikang may bigat at ritmo ng lansangan, ipinapakita ang posibilidad ng wika bilang laman ng paglikha. Sa mga kongkretong imaheng tumitindig mula sa alikabok ng Tondo, lumilitaw ang makatang marunong magpataginting ng tula mula sa hikahos at alwan ng buhay. Tulad ng mga taludtod na ito na nagtataglay ng marubdob na imahen ng katawang pinapasan ang pag-iral: "Babangon siyang isang pipilay-pilay na bangkay / mula sa de-gulong na nitsong nilulumot sa panghi / at asngaw ng nilalangaw niyang pag-iral." Sa ganitong pagtula, nagiging dokumentasyon ng lungsod ang mga tula.


## Pagpapahalaga at Pasasalamat

Bilang pagtatapos, marapat lamang kilalanin ang lahat ng mga manunulat na naghandog ng kanilang mga akda sa isyung ito ng *Agos*. Sa kanilang mga tula, sanaysay, kuwento, dagli, at eksperimental na akda, muling napatunayan na buhay, pangahas, at nakikisangkot ang panitikan sa wikang Filipino. Ang bawat akda ay patunay ng walang humpay na pagnanais na suriin, damhin, at baguhin ang lipunan sa pamamagitan ng wikang nagtatagpo sa pagitan ng personal at panlipunan, ng paghaharaya at realidad. Ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat, sa pagpapatuloy ng paglikha at sa patuloy na pagtitiwala sa espasyong ito ng malikhain at kritikal na pagpapahayag.

Pasasalamat din sa mga propesor, mentor, tagapayo, kaibigan, at beta reader ng mga akdang nakapaloob dito. Sila ang mga unang nagbasa, nagpaunlad, at nagpatalas sa bawat pahina. Bagaman wala sila sa by-line, kinikilala namin ang kanilang

pag-aaruga at pagmamalasakit alang-alang sa malikhaing pagsulat.

Lubos din kaming nagpapasalamat sa mga referee, staff, at pamunuan ng journal na nag-ambag ng panahon at malasakit upang mabantayan ang kalidad ng mga akdang nalathala. Sa kanilang kritikal na pagbasa, nahuhubog ang husay ng publikasyon. At higit sa lahat, ang aming pasasalamat sa Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, sa pagtataguyod sa proyektong ito: isang daluyan para sa mga tinig na umuusbong, nagsisikhay, nagmumulat, at nagpapayabong sa wikang Filipino bilang wika ng pagkamalikhain, pakikibaka, at pagsusuri sa sarili't lipunan. Nawa'y magpatuloy ang mga agos ng salita, diwa, at pagbabago.


DAGLI



# DENNIS ANDREW S. AGUINALDO

Masayang nagtuturo ng sining at panitikan si Dennis Andrew S. Aguinaldo sa Departamento ng Humanidades, CAS, UP Los Baños. Habang nag-iimbak sa blog na tekstongbopis, nakapaglathala siya online sa *ACT Forum Online, Agos, Bulatlat, Busay, Daluyan, Likhaan, Luntian, Mountain Beacon,* at *Pananaw*. Nakolekta sa mga aklat ang kanyang mga kuwento at tula—sa *Shift of Eyes, Bukod sa maliliit na hayop, Alamat ng Sepia,* at *The Second Law.*

# Sinturera

IBIBIDA ko sa ’yo. Wala ka na sanang ibang libangan sa langit, pero mabuti nang ulitin. Tutal kaarawan mo naman kaya iniwan sa akin ang ating mga apo. Pagkadulas na pagkadulas ng sinturon mula sa aking baywang, bumulwak ang aking mga karamdaman sa papag. Ginawa nilang holen ang mga bato. ’Yung isa ang paborito nila kasi pinaulap ng katarata. Hindi nila isinali ang bunso na ayos lang kasi abala, nirorolyo ang makintab na luwad mula sa aking atay.

“Ingatan mo. Mag-ingat ka,” sabi ko sa panganay. Pinakuha ko sa kanya ang pangkamot ko ng likod, ’yung kinayas-kayas mo pa para tumulis ang mga kuko. Inabot niya sa akin na parang kutsilyo, paiwas ang matalim na bahagi. Ginamit ko ito sa aking likuran dahil nakakapanibago ang sariwang balat, na walang halinhinan ng kati, kirot, at pagkamanhid. Namangha sila sa mga guhit.

Bumalik sila sa pag-jackstone sa aking mga pamimitig at maliliit na sugat. Tawa lang ako nang tawa kahit hindi nila ako pinapansin, at oo, masaya ako sa saya nila, pero buong-buo lang din kasi ang boses ko at ang sarap ng aking lalamunan. Kaya noong dumating ang ating anak para manundo ("Huy! Ano 'yan? Ibalik n'yo 'yan!") agad kong kinuha ang sinturon para ibalik sa kanya ang takot sa Maykapal. Tumakbo ang ama, kaso sumunod ang mga bata. Heto na naman tayo. Ang walang katapusang tagu-taguan.

Hindi man lang tinangay ang mga laruan. Iniwan pa ni Utoy ang kanyang hika at munting sakit sa puso.

# Flagellantes

*None was lonely, none was tired, none read the shifting*
*Of the tide, till moss moved its ancient arm to touch*
*The rocks at the tip of its palm; all crumbled, even the grass.*
*Giants disappeared where once laughter was.*

— mula sa "Guilio Romano's 'The Fall of the Giants'" ni Cirilo F. Bautista

"BAGO pa itong atin, nauna ang panahon ng mga higante. Laru-laruan lamang nila ang mga burol! Sapa lamang sa kanila ang karagatan." Medyo nadadala si bunso sa aking istorya kahit mas magaling sa ganito si misis. Di-hamak! Nag-iiba-iba pa ng boses!

Pero toka ko ngayon at nasa sala pa si misis, nagpapatugtog ng punk rock sa laptop, mula sa playlist ng kaibigang kumpirmado na sa group chat ang pagkamatay. Bukas din ang kanyang telepono sa panibagong pambobomba. Dalawang buhay na iskrin habang nagbabalot siya ng mga pahabol na regalo para sa mga kaklase ni

bunso. Dahil pasukan na bukas, kailangan nang mamalantsa ng uniporme. "Uunahin ko nang magtiklop ng papel."

Gusto ko sanang iparamdam sa anak ko ang laki ng higante, ngunit mauuwi ito sa rough play—sakay sa likod, hagis sa ere, wrestling—at lalong magigising ang kanyang diwa. "Pakinggan mo, anak, ang pinatutugtog ni Mama mo, ganyan ang tibok ng puso ng higante. Mas malakas pa!" Kailangan ko rin siyang matulog para makapagtuos sa spreadsheets habang medyo nasa huwisyo pa. Mahirap ding puyat sa unang araw ng hatid-sundo.

Kaso…dumadagundong e. Sa totoo lang, mas hiyang ako sa punk rock kaysa kay misis. Hindi niya ito gusto. Burilyo ito sa kanyang tenga: lubid, pako, rugby, mga bubog ng basag na baso, wisik-wisik ng alkohol at suka.

"Daddy, bakit pagkatapos ng mga higante, tao naman ang sumunod?" Pinipigilan ko ang aking panggagaya sa boses-higante dahil baka mauwi ito sa bangungot. Dito, sa kama, parang ipina-fast-forward ko ang gabi habang dinadahan-dahan din ang lahat. Bukod sa trabaho, nais ko rin kasing makiramay, maramdaman ang dausdos ng gunting sa makulay na papel. "Ang tanong, baby girl, ano ang susunod sa atin? Mas malaki ba, o lalong maliit?" Napaisip siya, ngunit hindi na nanlaki ang mata, wala nang Q&A, wala ring sama ng loob dahil hindi ko man lang sineryoso ang kanyang tanong. Naisalba ako ng namumukadkad niyang antok.

Walang dahilan kumbakit tayo ang nanatili, anak. Kumbakit maaari kitang tabihan nang ganito, gabi-gabi, ang pinakamalaking kawalan sa daigdig kung nagkataon. Kumbakit nagpakatiwakal ang

mga lead ng tatlong magkakasunod na kanta sa sala. Basta busog ka bukas sa agahan, may bitbit na baon, bagong-ligo. ’Yung estilo ni Mama mo sa ’yo na tirintas na pa-headband. Kumpleto ang kuwaderno at butones. Walang gusot ang puting kuwelyo.

# Hindi ka nga sabi nag-iisa

"Ewan dito sa lawanit mo. Dinig nila ang lahat. Hubad na hubad tayo."

"Kaya nga huwag ka nang tumutol. Wala na akong mukhang maiharap sa mga kapitbahay."

"Isang matindi-tinding bagyo lang, gudlak sa mukha mo."

"Natandaan mo 'yung drayber dati? Wala ka raw ibang kailangan, basta may pag-ibig."

"Puwes, magpahatid ka sa litsunan. Umorder ka ng gintong baboy."

"Sosyal a, magkano? Bakit ginto?"

"Binalot ng palara. Pinasakan pa ng dalawang manok sa loob."

"Naglilihi ka ba? Alam na ba ng kapitbahay?"

"Parang palara sa sigarilyo ng tatay ko. Nahuli ko sila ni Mama

minsan."

"Maluluto kaya sila? Mas malutong 'yun kung ibinukod."

"Makakain naman. Nilalagay din 'yun sa cake. Hindi lang maganda sa mata."

"Mapapa-ultrasound na ba? Para amanos, ako ang magpapangalan 'pag lalaki."

"Parang nilulunok ko ang bestida ng nanay ko."

"Tama ka, maririnig nila ang mga uha. Matagal pa naman ano?"

"Wala na tayong itinira para sa ating sarili. Lulunukin ko maging ang Santacruzan."

"Gagawan natin ng paraan ang dingding. Kahit paisa-isa."

"Hindi porke't puwedeng kainin, kakainin mo na."

"Ilan ba, dalawang kilo? Pambaon na rin natin bukas?"

"Hindi 'yan isinusubo tapos kapag napaso, iniluluwa."

"Tatluhin na natin! Kakain ka na para sa dalawa."



# JOHN CARLO S. GLORIA

Guro ng wika at panitikan si John Carlo S. Gloria (jgloria@ateneo.edu) sa Kagawaran ng Filipino, Paaralan ng Humanidades ng Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan niya rin tinapos ang kaniyang Masterado sa Panitikang Filipino. Kasalukuyan niyang binubuno ang kaniyang Doktorado sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman, sa ilalim ng programang Panitikan ng Pilipinas. Mababasa ang kaniyang mga akdang tula at kuwento sa ilang antolohiya at diyornal sa loob ng bansa.

# Ang Salaysay at Paghihiganti ni Pedro Calosa[1]

NAGANAP ang pag-aaklas sa Tayug sa kabila ng pagtutol ko. Ipinasya ng mga kasamang panahon na ng rebolusyon. Itutuloy nila ito, gustuhin ko man o hindi. Tinangka ko silang pigilin sa pagsasabi ng babala ni Maria de la Cruz nang minsang puntahan ko siya sa Urdaneta. "Magdurusa ang mga tao kung ngayon magaganap ang pag-aaklas," ulit ko sa mga kasama subalit buo na ang kanilang pasya. Nangyari ang paglusob. Namayani ang talas ng bolo at singasing ng gatilyo. Alingawngaw ng mga hiyaw at lagutok ng kawayang nasusunog ang lumambong sa buong gabi. Umagos ang dugo sa

1 Ilan sa mga nilalamang detalye ng akda ay ibinatay sa panayam ni David Sturtevant ay Pedro Calosa. Tingnan sa Sturtevant, David R. "An Interview with Pedro Calosa." *Popular Uprisings in the Philippines 1840-1940*. Cornell UP, 1976, pp. 269-276.

kalsada't naglansa ang paligid. Naging hubad sa bisa ang lahat ng pananggalang na anting-anting.

Inaresto ako ng Constabulary dahil ako ang pinuno ng samahan. Pananagutan ko ang "gulong" naganap sa Tayug. Para sikilin ang diwa ko't lalong pahinain ang loob ng kilusan, ipinatapon nila ako sa Corregidor. Subalit dito rin unang beses na nagsaaparisyon sa akin sina Rizal, Bonifacio, at Felipe Salvador. Sinamahan nila ako upang malabanan ang pagkasira ng bait sa piitan. Kayrami naming pinag-usapan: ang pagpapatuloy ng kilusan, ang mga kapanalig sa pakikibaka, ang Pilipinas, ang mga 'Merkano, at mga taksil na Pilipino. Pero pinakamahalaga sa akin sa tagpong iyon ang paghihiganti, kaya't inaral ko mula sa kanila ang magiging paraan ko ng pagtakas—ang pag-iwan sa sariling katawan habang pinaglalakbay ang kaluluwa.

Sa pamamagitan nito ko binulabog ang mag-asawang Manuel at Aurora Quezon. Maraming gabi kong ginambala ang payapa nilang pagtulog. Nagsimula ako sa tunog: paglangitngit ng sahig, pagkatabig sa mga kuwadro, pagbulong sa kanilang mga tainga. Sinunod kong lansihin ang kanilang paningin. Anino akong naaaninag nila sa dilim ng silid, naglalaho sa malay, at nagtatarak ng punyal sa kani-kanilang dibdib. Pinagdusa ko sila maging sa kanilang pananaginip. Doo'y itinutulak ko silang palagi mula sa bingit. Nahuhulog silang paulit-ulit at gulantang na babalikan ng ulirat bago ang kanilang pagbagsak.

Inulol ako ng lugod ng paghihiganti at hinangad kong isama sa pagbulusok na ito ang mag-asawa. Hanggang sa dumating ang araw na pinaglaho ko na sa hinagap: ibinaba ang kautusang nagpapalaya sa akin. Ibiniyahe nila akong pauwi sa Pangasinan. Namuhay akong

muli sa piling ng pamilya sa liblib na sityong kalapit ng Ilog Agno. Hindi ko na muling naisagawa ang pagtakas. Marahil ay naging hubad na rin sa bisa ang paraang iyon. O itinuturo ako nito sa ibang anyo ng paghihiganti o sa higit na makabuluhang paraan ng paglaban. Hindi ko pa mawari. Ang nababatid ko, buhat nang paglakbayin ko ang aking kaluluwa, hindi na ito buong-buong nakabalik pa sa akin.

# Pamalakaya

MATAGAL nang inilibing ng mga taga-Semirara sa kani-kanilang labì at gunita na kapatid nila ang dagat. Natutuhan na ng ilang taga-isla na abandunahin ang kanilang mga bangka buhat nang magbukas dito ang minahan. Dito, higit na nilang kilala ang alabok at atungal ng naglalakihang mga makina. Sila namang mga bata, hindi na kaya pang tumititig nang matagal sa panganoring abot-tanaw sa katubigan. Ayaw na nilang pakinggan ang ugong ng mga kabibe sa pampang. Nahirati na sila sa paghaharaya ng pagluwas sa Maynila dahil sa mga kuwentong kagila-gilalas ng mga dayo't turista.

Kaming mga nasa pagitan ng kamusmusan at tigulang na pinili pa ring mamalakaya, nauunawa pa ang bugtong na ugnayan namin sa karagatan. May pagwiwika ito para sa 'ming mga bangkero ng isla. Alam namin ang aligasgas sa lalamunan ng dala nitong hangin kung tag-araw. Nakikita namin kakaibang taas ng hampas ng alon kung

may nagbabadyang ulan. Kaya naming ituro kung saan naroroon ang mga taklobo o kung hanggang saan lang namin puwedeng tabasan ang mga bakawan. Sukat namin ang siwang sa aming mga lambat nang hindi mapasama ang mga wala-pa-sa-panahong huli; at upang hindi magdamot sa amin ang mga diwata ng dagat.

May pagwiwika ang dagat sa 'ming mga bangkero. At sa umagang ito, saksi ang lahat ng taga-Semirara sa tangka naming pakikipag-usap sa kaniya. Hindi muna kami dapat magsiuwi matapos makagaod. Kailangan munang magtipon at hintayin ang hudyat ng pinakamatandang bangkero sa sabay-sabay na muling pagpalaot. Ibabalik namin ang lahat ng huli. Mananalanging maunawaan kami ng dagat. Ibalik din sana niya sa isla ang mga namamalakayang nalubog kanina.

# Habilin

"Gusto ko, bago ang libing, maipaliwanag n'yo kay Shasha ang nangyari. Ayokong isipin niyang basta na lang ako nawala. Na inabandona ko siya." 'Yan ang mahigpit na bilin ng Tatang bago nangyari ang nangyari. Kaya sa unang araw pa lang ng burol, naroon na kaming lahat na magkakapatid, kasa-kasama ang nasa mura pang edad na si Shasha para tuparin ang kagustuhan ng yumaong ama.

"Kanser, Sha. Iyon ang sakit ni Tatang mo kaya hindi na kayo laging nakapamamasyal nitong mga huling buwan. Kalat na sa ibang bahagi ng katawan niya nang matuklasan kaya naging mabilisan ang pagpapapagamot. Lahat nahirapang maka-adjust," paliwanag ni Ate Rem sa kausap habang pigil ang pag-iyak.

"Pasensiya ka na, ha? 'Di namin nasabi agad sa 'yo kahit pa alam naming nag-aalala ka. Hanap-hanap ka ni Tatang sa mga huling araw niya pero hindi pumayag ang mga doktor niya na padalawin ka. Baka

raw lalo lang makasama sa kaniya," dagdag kong paliwanag.

Tahimik na nakakuyo lang si Shasha sa kinauupuan na para bang ipinoproseso sa sarili ang mga narinig. Pero naroon, tulad ng sa 'min, ang salaming-tubig sa kaniyang mga mata.

Matapos aluin, kinalong ni Kuya Tim si Shasha papunta sa harap ng kabaong para ipatanaw rito si Tatang. "Tatlong araw lang ang burol, Shasha. Babantayan natin ang Tatang. Dito lang tayo, sama-sama." Iniupo ni Kuya si Shasha sa katabing monoblock para bigyan ito ng pribadong sandali kasama ang pumanaw.

Mula sa sariling kinauupuan, tanaw ko si Shasha sa monoblock sa tabi ng ataul. Bakas sa kaniya ang 'di-napapawing katapatan at pagmamahal ng aso sa kaniyang namayapang amo.



# SHUR C. MANGILAYA

Si SHUR C. MANGILAYA ay isang multilingual writer na tubong Bagacay, Ibajay, Aklan. Nahalal na Punong Barangay at naging Presidente ng Liga ng mga Barangay sa bayan ng Ibajay.

Mayroon na siyang dalawang aklat ng mga Tula sa Akeanon. Ang HAE-O AG EUSONG na inilathala ng Kasingkasing Press, 2019 at SAYLO ANAY na inilathala ng 7 Eyes Productions, 2023. Ang SUMSUMAN (Mga Samit-samit nga Sugilanon) ang kanyang unang zine ng mga dagli sa Akeanon na inilathala ng Hut-on Akeanon, 2025. Kasapi ng Kataga, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas at Tagapagtatag na Pangulo ng HUT-ON AKEANON (Samahan ng mga Manunulat na Akeanon).

# KAEANASAN

MAHIPOS eang akong nagapamati sa istorya it akong mga ginikanan, samtang nagakaon kami it ihapon. Nahanungod sa bag-ong proyekto it gobyerno sa lugar namon ro andang gina-istoryahan. Suno kay Tatay, maagyan ro among kaeanasan nga anang gina-umahan sa obrahong bag-ong karsada. Ro *four lane* nga *diversion road* it DPWH. Ro tanan kuno nga mga kaeanasan nga maagyan it nasambit nga proyekto hay pagabayaran it gobyerno. Kat ginpangutana imaw ni Nanay kon ano ro anang planong himuon kon umpisahan eon gid man ro proyekto. Mapag-on nga ginhambae ni Tatay, nga indi imaw magsugot nga angkunon it gobyerno ro among kaeanasan.

"Paalin kon bayaran ngani katon it gobyerno?" pangutana ni Nanay.

"Bisan pa, indi ako magsugot!" mabaskog nga hambae ni Tatay.

Nagpang-euya ako sa akong mga nabatian. Ginhuna-huna ko,

paalin dayon tuod kara ro pagpanguma ni Tatay?

Indi magsugot si Tatay nga angkunon it gobyerno ro among kaeanasan. Hugot ro anang pagbalibad sa nasambit nga bag-ong proyekto. Ro ginakangawahan pa nana hay kon ham-at ro kaiping nga maeapad nga kaeanasan nga ginapanagiyahan it among *congressman* hay indi maagyan it nasambit nga *diversion road*.

Ro eugtang ginaumahan eamang ro nabilin nga pinanubli kamon it among lolo suno kay tatay. Hara malang ro ginabue-an namon it among ginapangabuhian. Iya eon imaw kara nagtinguha nga mapaeskuyla eang kaming magmaeanghod. Haeos sa aeangon kong pangidaron hay maabu eon man ro akong naantiguhan kay tatay sa pagpanguma.

Kahapon hay hangit nga hangit si Tatay sa pakipag-istorya sa daywang tawong nagbisita sa among baeay. Nagbaskog ro anang limog nga may daea nga paeag. Hasta nga napilitan lang sanda it panaw. Pero suno sa mga bisita hay gabalik lang sanda sa masunod nga mga adlaw.

Gapatunod eon ro adlaw kat mapan-uhan ko nga nagabaid it sanduko si Tatay. Nagakintab eon ra sa kataeom. Madasig nga ginaputoe-putoe nana ro mga sanga it kahoy sa likod-baeay, halin sa nakatumbang puno it hansoe. Pagkatapos hay nag-ilakdat imaw sa nagatumpok nga mga sanga it kahoy. Kumuot it posporo sa buesa ag ginsindihan ro pilang mga maea nga dahon. Madali nga nagmakot ro kaeayo ag nagkamang. Nagapaeangurog ro alima ni Tatay, samtang hugot ro buyot sa pueo it sanduko. Mataeom ro panueok it mga mata sa madasig nga pagkalhit ag pagdaba-daba it kaeayo.

# BUKIRIN

TAHIMIK lang akong nakikinig sa usapan ng aking mga magulang, habang kumakain kami ng hapunan. Tungkol sa bagong proyekto ng gobyerno sa lugar namin ang kanilang pinag-uusapan. Ayon kay Itay, madadaanan ang aming bukirin na kanyang sinasaka sa gagawing bagong kalsada. Ang *four lane* na *diversion road* ng DPWH. Ang lahat daw ng mga bukiring madadaanan ng nasabing proyekto ay babayaran ng gobyerno. Nang tanungin siya ni Inay kung ano ang binabalak niyang gawin kung sakaling uumpisahan na ang proyekto. Mariing sinabi ni Itay, na hindi siya makapapayag na angkinin ng gobyerno ang aming bukirin.

"Paano kung babayaran nga sa atin ng gobyerno?" tanong ni Inay.

"Kahit na, hindi ako makakapayag!" malakas na sabi ni Itay.

Nanlumo ako sa aking mga narinig. Napaisip ako, paano na nga ngayon ang pagsasaka ni Itay?

Ayaw pumayag ni Itay na angkinin ng gobyerno ang aming bukirin. Mahigpit ang kanyang pagtutol sa nasabing bagong proyekto. Ang ipinagtataka pa niya ay kung bakit ang karatig na malawak na bukiring pag-aari ng aming *congressman* ay hindi madadaanan ng nasabing *diversion road.*

Ang lupang sinasaka lamang ang natitirang pamana sa amin ng aming lolo ayon kay itay. Ito lang daw ang pinagkukunan namin ng aming ikinabubuhay. Dito na siya nagsikap ng husto upang mapag-aral lang kaming magkakapatid. Halos sa mura kong edad ay marami na rin akong natutuhan kay Itay tungkol sa pagsasaka.

Kahapon ay galit na galit si Itay sa pakikipag-usap sa dalawang taong bumisita sa aming bahay. Tumaas ang boses niya na may halong pagbabanta. Hanggang sa napilitan na lang silang umalis. Pero ayon sa mga bisita ay babalik na lang sila sa susunod na mga araw.

Papalubog na ang araw nang mapansin kong naghahasa ng itak si Itay. Kumikintab na ito sa talas. Mabilis na pinagputol-putol niya ang mga sanga ng kahoy sa likod-bahay, mula sa nakatumbang puno ng santol. Pagkatapos ay tumalungko siya sa nakatumpok na mga sanga ng kahoy. Dumukot ng posporo sa bulsa at sinindihan ang ilang tuyong dahon. Madaling nagningas ang apoy at gumapang. Nanginginig ang kamay ni Itay, habang mahigpit ang hawak sa puluhan ng itak. Matalim ang titig ng mga mata, sa mabilis na pagkalat at paglagablab ng apoy.

———

*Salin mula sa Akeanon*

# SUBA

TEMPRANO pa si Nay Linda agud mag-eaba. Kaibahan ro anang daywa ka mga unga nga eaki. Pila malang ro nagaeaba ag nagapaligos it agahon ngaron. Samtang masako imaw sa pag-eaba, nagapaligos man ro magmaeanghod.

Pero owa pa mabuhayi ro anang pag-eaba, gulpi imaw nakabati it makabueongoe nga hagong it makina. Tumindog imaw ag halin sa anang ginatindugan, pantaw nana sa bukon eon gid man it maeayo ro *loader* nga owa it untat sa pagkutkot it mga baeas sa binit it suba. Pabalik-balik ra sa pagsandok it mga baeas nga ginakarga sa daeagkong mga trak.

Nangawa si Nay Linda bangud may bag-ong *quarry operation* euman gali. Sa nakataliwan it haeos sangdag-on hay nag-untat abi ro pagmina it mga baeas sa andang barangay. Hugot abing ginpamalibaran it mga pumoeuyo bangud sa maeain nga epekto sa andang lugar. Kapin kon tiempo it tinguean ag kon magdaeom ro

suba. Haeos pila eon nga pamaeay ro naguba, bangud sa pagtimpa it eugta sa binit it suba kada may baha. Nadaeahig eon pati ro andang pangabuhian kon may makarang *quarry*. Haeos owa eon sanda it madakop nga mga isda. Ag kon maeubog ag nagaeanay ro ilig it tubi, indi man sanda makapaligos ag makaeaba.

Bukon it may kaeayuon ro baeay nanday Nay Linda sa suba. Maw ngani nga dati anay katong owa pa it *quarry* hay pirme imaw nga nagapaligos ag nagaeaba iya kara. Apang kat ma maileher ro bag-ong *mayor* sa andang banwa, may una euman nga *quarry operation* sa andang barangay.

Pasinggit nana nga pinatakas ro anang mga unga. Owa eon nana pagsugti nga magpaligos ro magmaeanghod. Owa eon man nana pagtapusa ro pag-eaba, bangud gulpi nga nag-eubog ro ilig it tubi. Nagwinakae imaw, samtang naga-ugtas nga ginahaboy ro mga eambong sa palanggana. Eagi-eagi nanang ginsampit ro anang mga unga nga mag-uli eon lang.

Pero samtang sa daean, nabatian pa nana ro matsa nagapanunlog nga nagasunod pa gihapon sa anang pamatin-an ro pagot it makina it *loader*.

# ILOG

MAAGA pa si Aling Linda para maglaba. Kasama ang dalawa niyang mga anak na lalaki. Mangilan-ngilan lang ang naglalaba at naliligo nang umagang iyon. Habang abala siya sa paglalaba, naliligo naman ang magkapatid.

Pero hindi pa nagtatagal ang kanyang paglalaba, bigla siyang nakarinig ng nakatutulig na ugong ng makina. Tumayo siya at mula sa kanyang kinatatayuan, tanaw niya sa 'di kalayuan ang *loader* na walang tigil sa paghuhukay ng mga buhangin sa tabing ilog. Pabalik-balik ito sa pagsandok ng mga buhangin na ikinakarga sa mga malalaking trak.

Nagulat si Aling Linda dahil may bagong *quarry operation* na naman pala. Sa nakalipas na halos isang taon ay natigil kasi ang pagmimina ng mga buhangin sa kanilang barangay. Mahigpit kasi

itong tinutulan ng mga mamamayan dahil sa masamang epekto nito sa kanilang lugar. Lalo na tuwing panahon ng tag-ulan at kapag lumalim ang ilog. Halos ilang kabahayan na rin ang nawasak dahil sa pagguho ng lupa sa tabing ilog tuwing may baha. Nadadamay rin pati ang kanilang kabuhayan kapag may ganitong *quarry*. Halos wala na silang mahuling mga isda. At kapag malabo at malangis ang daloy ng tubig, hindi na rin sila makapaligo at makapaglaba.

Hindi kalayuan ang bahay nila Aling Linda sa ilog. Kaya dati-rati noong wala pang *quarry* ay malimit siyang maligo at maglaba dito. Pero nang mahalal ang bagong *mayor* sa kanilang bayan, nagkaroon uli ng *quarry operation* sa kanilang barangay.

Pasigaw niyang pinaahon ang kanyang mga anak. Hindi na niya pinayagang maligo ang magkapatid. Hindi na rin niya tinapos ang paglalaba, dahil biglang lumabo ang daloy ng tubig. Napamura siya, habang padaskol na inihahagis ang mga damit sa palanggana. Kaagad niyang niyaya ang kanyang mga anak na umuwi na lang.

Pero habang sa daan, naririnig pa niya ang tila nanunuyang bumubuntot pa rin sa kanyang pandinig ang angil ng makina ng *loader*.

––––

*Salin mula sa Akeanon*

# BANLOK

NAGMATSA bukid-bukid ro mga baeas sa banlok nga ginatinumpok it mga daeagkong trak nga ginahakot halin sa binit it suba. May nagahakot man nga mga trak halin sa mga nakatumpok ag ginabiyahe paguwa sa banlok.

Ginbawaean eon ro magmaeanghod nga sanday Obet ag Boboy it andang ginikanan nga mag-agto sa may banlok. Maw nga indi eon sanda makahampang it einagsan sa andang taeamnan idto. Indi eon man sanda makadakop it mga tambibidle ag makapamaeas it mga alibangbang. Indi eon man sanda makapaeapit bangud sa

paagto-pabalik nga mga nagaaeaging daeagkong mga trak sa bag-ong obrang karsada. Ginbawaean eon man ro andang mga ginikanan nga magsuka it eugta ag magpananom it mga tinuean-on sa banlok.

Sa may tupas lang nagpalipas it sangmahapon ro magmaeanghod. Halin sa andang ginatindugan, pantaw nanda ro banlok nga kisyang ginkabig nandang paraiso it andang pagkaunga.

---

# TUMANA

NAGMISTULANG bulubundukin ang mga buhangin sa tumana na itinutumpok ng mga malalaking trak na hinahakot mula sa tabing ilog. May naghahakot ding mga trak mula sa mga nakatumpok at ibinibiyahe palabas sa tumana.

Pinagbawalan na ang magkapatid na sina Obet at Boboy ng kanilang mga magulang na huwag nang pumunta sa may tumana. Kaya hindi na tuloy sila makapaglaro ng habulan sa kanilang taniman doon. Hindi na rin sila makapanghuli ng mga tutubi at makapambulabog ng mga paruparo. Hindi na rin sila makalapit dahil sa paroot-paritong mga dumaraang malalaking trak sa bagong gawang kalsada. Pinagbawalan na rin ang kanilang mga magulang na magbungkal ng lupa at magtanim ng mga gulay sa tumana.

Sa may dalisdis na lamang nagpalipas ng maghapon ang


magkapatid. Mula sa kanilang kinatatayuan, abot-tanaw nila ang tumana na minsang itinuring nilang paraiso ng kanilang kamusmusan.

---

*Salin mula sa Akeanon*



# TULA



# CLINTON D. ABILONG

Si Clinton D. Abilong ay tubong-Poblacion, Pio V. Corpuz, Masbate. Kasalukuyan siyang nagtatrabaho bilang School Principal sa Buenasuerte Integrated School, isang paaralan sa SDO Masbate Province. Kasapi siya ng Kataga, Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas. Nailathala ang kaniyang mga akda sa iba't ibang antolohiya, at isa siya sa mga editor ng antolohiyang PAGTUOD: Mga Sigulanong Europeo sa Minasbate kag Tigaonon, na inilathala ng Ateneo de Naga University Press.

# PAGPAPAIWAN SA PALAGAY

# SANSAGLIT

Sinubukang kumawala sa grabedad
ng sansaglit.

Sinimulan muna sa isang pagpikit
hanggang ganap na naramdaman
ang paggaan ng katawan
at ipinagpalagay na nasa gitna na
ng espasyo ng kalawakan.

Palutang-lutang—

na parang nakauwi sa pagkabata
habang panatag na idinuduyan ang sarili,

hanggang muling nagparamdam
ang sariling bigat,
bumalik sa pagdilat
upang salubungin ang liwanag:
hindi kayang hilahin
ng grabedad ang ating edad.

# SANDALI

Nakikiraan lamang ang sandali—

tuloy-tuloy hanggang hindi natin masundan
ang paglisan.

Ano't anuman, tinitipon ito ng iilan sa atin
sa kanilang nakakuyom na mga daliri at palad,
at hinahawakan na tila hindi nito kayang maglaho.

Hinahawakan na tila nahahawakan ang pag-asa.

# MALIBAN

Minsan, nagkukunwari akong maglaho
sa sandaling nararating na natin
ang kalagitnaan ng ating pag-uusap.

Hinahayaan kitang umusad sa pagkuwento
habang nagpapaiwan ako sa aking palagay
na hindi mo na ako nakikita.

Nagpapaiwan ako upang tunghayan

ang ilang maliliit na detalye tungkol sa iyo
bilang isa pang magandang kuwento
na sa sarili ko lang binabanggit.

# SALITA

May kakayahang magkaroon ng mga kamay
ang ating mga salita.

Naitataas nito ang ating mga sarili

na kung hindi magawang makababa,
uusbong ang mga paa sa ating puso
at maglalakbay ito papalayo
alinsunod sa direksiyong ituturo ng ating mga salita.

Kasabay nito ang banta ng maaaring pagkaligaw
o ang ganap na paglaho ng ating puso.

Mga salita rin ang magtuturo ng daan
kung paano makauuwi ang ating puso
sa ating dibdib at hindi na muling lumisan pa.

Ingatan ang mga salita.

# ORIGAMISTA

Naging isang kaligayahan
ang parihabang papel na hinahawakan
ng kanyang dalawang kamay.

Tiniklop-tiklop niya ito
at naging isang araw.

# MA. CECILIA C. DE LA ROSA



Si Ma. Cecilia C. de la Rosa ay katuwang na propesor sa Departamento ng Araling Sining sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay nagsusulat ng tula at dula.

# Fair Winds & Following Seas

# Pagtawid sa Permanensiya

Hindi paalam kundi hatid
Ang sinikap kong gawin
Sa iyong pagtawid
Nananalangin ako sa paraan
Ng ating pananalig
Sa tubig.

Iiwan mo ang pampang
Ng mga bagyo
Nang walang iniiwan
Kundi malaking anino
Na kailangang punan
Ng mga nabubuhay.

Sana'y pahintulutan
Ako ng memorya
Na marating ang kahit
Kalahati ng buo
Mong paglalakbay

Kung sinoman
Ang mayhawak ng susi
Sana'y kilalanin niya ako

At ideklara sa madla, tama
Siya nga ang iyong
Matalik na kaibigan.

Kahit pagkatapos noo'y
Ihulog na lang ako sa bangka
Dahil bawal na sa kabila
Ang mga panauhin

Ang mahalaga'y naihabilin
Sa iyong tagapag-ingat
Ikaw at ang iyong aklat.
Samantalang kailangan kong
Lumangoy pabalik
At inaasahan na ang pagkalunod
Nang ilang ulit.

Hihinto sa kostal para mahiga
Sa gilid man o gitna
Ng malaking-malaking parang
Na itim, at kakapitang mahigpit
Ang kamay ng kasamang
Mag-aabot ng huling sigarilyo
Mula sa iyo. Sa kanya
Ang unang hithit.

# Ka June

Sinalubong tayo
Ng dilim at iyon
Ang unang pagkakataon
Na ilalabas natin ang ispat.
Bente kuwatro oras
Na tayong naglalakbay
At ang nagpatagal
Ay ang aking bagal.
Ikaw na mas maliksi
Ang nauuna't naghihintay
Para 'di maiwan sa daan
Ako na iyong kaibigan.

Matapos ang 'di mabilang
Na hakbang sa kaminoryal
Na papaliit at papakitid
Natanaw ang ilaw na puti
Sa anino ng kakahuyan.
Magandang gabi
Bati ng postehan
Unang kamay na iniabot
At agad mong niyugyog.
Marhay na banggi

Ako po si Ka June.
May bago na tayong
Pangalan ngayon.

Pinatuloy tayo ng poste
At dinala ng ating giya
Sa puso ng kampuhan.
Sa tahimik nang kusina,
Sumalampak agad ako
Sa bangkong kahoy,
’Di makapaniwalang
Nakarating na sa wakas
Sa ating destinasyon.

Iyon ang aking tala
Ng ating unang gabi
Bilang mandirigma.
Hindi man lang tayo
Natakot. Bakit kaya?
Hindi maaaring dahil bata.
Kasi tumanda ka’t
’Di nagbago. ’Di tulad ko.

# Sariling silid

Walang panganib sa silid
Na wala kang sinasarili
Kundi ang saya at liwanag
Ng pag-iisa. Ganito pala.
Sa silid mo'y walang multo
At bumabangon kang nasa hulog.
Masarap. Kailan mo lang nalasap
Ang salitang ito. Masarap
Mabuhay sa silid na sarili mo.
Sa silid ng sarili mo. Masarap
Umiral sa sarili ng iyong silid.
Parang kailan lang, tumutula ka
Tungkol sa mga pagguho
'Di na ngayon. Malakas ang ulan
Pero 'di ka sumasalo ng tulo
Walang umaakyat na baha sa leeg
At wala ring bumababang lubid.
Kung hanggang kailan
Bago matuklasan ang lihim
Na pinto ng iyong santuwaryo
'Di mo masasabi. 'Di mo masasabi.

Maghandang silaban ang sarili.

# Ang Kaibigan ni Sid

May laging tinititigan
Si Sid noon—
Isang bahagi ng bahay
Na walang laman,
Walang nakasabit
At walang nakapatong,
Walang gumagalaw.

Walang nangyayari
Pero madalas siyang
Matulala sa isang bagay doon.
Nanlalaki ang mga mata,
Namumughaw sa liwanag.
Sinisiyasat ko minsan
Baka may daga o butiki.
Hindi siya titigil makipagtitigan
Sa wala. Hahaba pa ang leeg
At tatayo kahit ikatumba
Dahil noon, siya'y pilay na.

Hindi ko kailanman
Nakita ang nakikita niya
Pero alam kong kung wala ako,

Lumalapit ang kanyang kaibigan
At nakikipaglaro sa kanya
Binibigyan siya ng trabaho
At iniiwang masaya't kontento.

Noong lumipat kami'y
Tumigil na rin si Sid
Sa pagtitig sa wala
Normal na siyang pusa.
Natutulog, kumakain,
Naglalaro kung gusto rin.
Nakikipag-away sa kapatid.
Nanlalaki lang ang mata
Kung may patatas at manok.
Kung walang pagkain
Madalas inaantok.

Huling nanlaki ang kanyang mata
Mayo a-trenta ng madaling araw
Kami ang kanyang tinititigan.
Ayaw kumain at uminom,
Iyon pala, nagpapaalam.

Pangarap kong ako naman
Ang makakita ng pusa
Na 'di nakikita ng iba.
Isang umaga, isang gabi
Hapon o alanganing oras.
Kahit isang beses
Habang naghihintay.

# May amag din

May amag ang tinapay
May amag ang bibig
May amag ang platera
May amag ang sahig
May amag ang hangin
May amag ang ilaw
May amag ang pusa
Kaya ka hinihika

May amag ang pasilyo
May amag ang upuan
May amag ang lamesa
May amag ang katabi
May amag ang tawag
May amag ang tugon
May amag ang laban
May amag ang miron.

May amag ang relo
May amag ang baterya
May amag ang kalendaryo
May amag ang diploma

May amag ang maghapon
May amag ang magdamag
May amag din ang araw
At may araw din ang amag.



# CHINA PEARL PATRIA M. DE VERA

Si China Pearl Patria M. De Vera ay guro mula sa Philippine Science High School. Naisulat niya ang mga aklat pambatang Kapit, Kapit, Bahay, Bahay (2019), Palayain ang aking Nanay! (2022) at koleksiyon ng mga tulang transisyon (2022). Siya ay bahagi ng Aklat Alamid, Supling Sining, at Alliance of Concerned Teachers.

# Kung hindi pa dumating

Umaandar ang araw
sa silinyador ng paghihintay.
Sinaulo ng puso
ang ritmong kumakandirit.
Sa ganito ako masasanay
At kung bibisita
pintig ng pagkaaligaga,
sa umaga sasama,
buntonghininga ng dagat.
Sa gabi sasabay,
tunog ng kuliglig sa Talisay.
Kung hindi pa dumating ang hinihintay,
Dalisay na hahalik ang alon,
mapagbigay na tatangayin sa paanan
ang namamahay na pag-aalinlangan.
Uniberso ng karagatan ang nananahan sa loob natin.
Nakahimpil na payapang pampang ang akin.

# Resolusyon

Pinipili ng nagbubura
kung ano ang mananatili,
ang mananatili
ang saksi
sa pana-panahong tahimik na paghikbi
ng mga ipinahingang salita't diskurso
para makalikha ng bagong pag-iral
at sa panibago
minamahal ng nagbubura
ang kawalan
at ang bubuoing panibago.

# Ulap

Sa panaginip, tinanong
kung saan galing ang pangalan niya,
tumuro siya sa langit.
May kilala na 'kong Luna,
Tala,
Araw,
Langit
pero Ulap, wala pa.
Sa paggising, may hinalang
aapaw ang pagmamalabis
sa tanong, sagot, paliwanag at pag-apuhap.
Nahihiya ako sa tahimik na pagpapasyang
hindi ka na kilalanin,
Hinahatid ako ng aking bagabag
sa eskinita ng pag-iisa.

# Nini

Sa paanan ng itinatayong mall,
sumasagitsit ang tilamsik ng tubig
sa nasirang tubo,
sa gilid nakamasid sa atin
ang nangangayayat na dingding
ng mga taga-Adelina, sa San Roque
habang naghihingalo ang hikab
ng mga nagpapahingang pedicab.
Nakatitig ako sa kanila
habang sinisimulan mong
galuragin ang naratibo
ng aking paglitaw at paglubog.
Ang pakikipag-usap, ang saglit na pahinga
mo noon sa tingin ko
habang ito ang binabalik-balikang
pakikipagkuwentuhan sa 'yo
hanggang ngayon.

Kung hindi pa dumating,
sa gising na pananaginip,
kung maghaharap ulit,
ilang tibag ng semento
nitong kontradiksiyon

ang ipatitimbang sa ’yo.
Tiyak na agad mong ibabalik sa akin
ang mga tanong:
Gaano na kabigat?
Saan nakaangkla
ang lahat-lahat?
Yayayain mo akong galugarin
mula sa loob
tanawin ang lawak
nitong kabuluhan
sa iyong paglahok
sa gitgitan,
kasama ang mga kasama,
kasama ang masa.

# Isinulat ko ang mga pangalan

Isinulat ko sa lupa ang mga pangalan ninyo.
Matututo raw magsulat kung laging mag-eensayo.
Pareho kaming nakasalampak ng kapitbahay,
kamay na ang pambungkal niya sa lupa
habang inuulit ang pangalan ng kaklase't kalaro,
magkahalubilo na  ang mga hikbi, alambre, luha, abo't semento.
Kinukutkot ko ngayon ang lupa,
may hinalang natabunan kayo habang nananaginip.
Binura ng bomba ang bahay natin.
Gusto kong kutkutin ang kanilang tuktok,
isulat ang mga pangalan ninyo
sa kanilang panaginip
para sa tuwing dadalawin ng antok
mabasa nila:

Abdel

Aisha

Tayem

Khadija Anwar

Muhammad Deeb

Ziad Youssef

Mohammed al-Reefi

Abeer Eshkontna

Sa paanan nitong guho,
isinulat ko ang mga pangalan
at kapayapaan sa Palestina.



# NOEL GALON DE LEON

Taga-Guimaras Island si NOEL GALON DE LEON na founder at publisher ng Kasingkasing Press. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Filipino at Malikhaing Pagsulat sa UP Visayas. Nagkamit ng pagkilala sa Carlos Palanca ang koleksiyon niya ng tula noong 2018 na may pamagat Ang Bata sa Panahon ng Ligalig: Mga Tula sa Loob at Labas ng Bayan ng San Diego. Sanday Tay Alib kag Tay Amar ang una niyang librong pambata sa wikang Hiligaynon.

# Muli, Ang Paghigugma*
at iba pang tula sa ngalan ng paghigugma

# Ako, Ang Paghigugma

tawagin mo ako
sa aking pangalan,
trahedya mang maituturing
ang paglimot sa damdamin,
tawagin pa rin
sa aking pangalan.
kalmado tayo noong umibig,
kalmado ring tinapos ang lahat-
lahat ngunit hindi ang pangalang
nakaukit sa tinik ng gintong liwanag
na umaahon sa araw-araw na pag-iisa:
ako ang iyong pangalan
na hinding-hindi mo maiwawaglit sa luha.

# Kasingkasing ng Saging

unti-unti.
napupudpod ang daliri.

natitibag ang pader.
natutuklap ang pintura.

nagbibitak ang lupa.
nagsusugat ang palad.

kay hirap hanapin
ang silbi ng bagyo,

’di tulad ng talim
ng sundang

kayang tadtarin
maging ang kasingkasing

ng saging.

# Valentine's Day

gumising ako,
kahit walang gumising,
ginising ko ang sarili.

parang aral
sa lumang sugilanon:
*ang kontra kag apin,*
*amo ang kaugalingon.*

ganito pala ang mag-isa,
may ligaya kahit sa isang
mapait, at mainit na tasa.

# Sa Ngalan ng Paghigugma

Paano nga ba natin naaatim
na saktan ang sarili para sa paghigugma?

Kaninang umaga, pagkatapos mapanaginipan
ang luwalhati ng pansamantala sa mga pamilyar na bagay
nitong nagdaang mga araw, napagtanto kong tao pa rin ako.

Hindi makatatakas sa dahas nitong kalibutan,
nasasaktan pa rin ako kahit sa sariling kasalanan,
at ang tanging kaligtasan nitong naliligaw na kaluluwa
ay tanggapin ang lupit ng paghagupit ng pananaginip ng gising.

Nasasaktan ko ang sarili dahil nagahigugma ako
sa ngalan ng paghigugma.

# Muli, Ang Paghigugma

bulag ang paghigugma

ngunit hindi bungol,

naririnig nito

ang hindi sinasabi

ng alaala.

naririnig nito

ang bulong ng paalala:

piliin, muli

ang maging maligaya.

## TALASALITAAN

*Paghigugma - salita mula sa wikang Hiligaynon na ang kahulugan ay pag-ibig.

*Kasingkasing - salita mula sa wikang Hiligaynon na ang kahulugan ay puso.

*Sugilanon - salita mula sa wikang Hiligaynon na ang kahulugan ay kuwento.

*Kalibutan - salita mula sa wikang Hiligaynon na ang kahulugan ay mundo.



# CHRISTOPHER S. ROSALES

Si Christopher S. Rosales ay nagtapos ng B.S. in Electronics Engineering at kasalukuyang nagtatrabaho bilang isang network engineer sa Makati. Nakapag-uwi na siya ng mga parangal mula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature para sa sanaysay at kuwentong pambata, Talaang Ginto: Gawad KWF sa Tula, Saranggola Awards, Lampara Books Children's Story Writing Contest, at Romeo Forbes Children's Story Writing Competition. Ang aklat-pambata niyang *Sa Iisang Batya* ay ginawaran ng Severino Reyes Medal for Best Picture Book 2025 at naging finalist din sa 19th Cardinal Sin Catholic Book Awards. Naging fellow din siya ng Palihang Rogelio Sicat 2025. Ang ilan sa kaniyang mga akda ay nailathala na sa Likhaan Journal, Ani Journal, Liwayway Magazine, at maging sa mga magasin at textbook ng University Press of First Asia.

# PEDICAB AT IBA PANG TULA

# Pedicab

Babangon siyang isang pipilay-pilay na bangkay
mula sa de-gulong na nitsong nilulumot sa panghi
at asngaw ng nilalangaw niyang pag-iral. Nanggigipalpal

sa bubong na trapal ang mga naipong alikabok
at himutok mula sa maghapong pagpadyak at pagsuyod
sa nauupod na lansangan, gayong 'singtumal ng pagtahan

ng umaatungal niyang gutom ang mga pasaherong
nagnanais sumakay sa naglalakbay niyang puntod.
Siya na dating hari ng sikot-sikot ng lungsod,

siya na kabisado ang sanga-sangang eskinita
ng pagdating at paghayo, kahit pa iyong hindi
nakalimbag sa alinmang mapa at obituwaryo,

siya na dalawampung taon nang namamasada
sa kalsada, nag-aamot ng gapiranggot na pag-asa
sa pagitan ng mga gusaling nagsilaguan na't tumayog

maliban sa kaniya. Wala siyang ibang mapanghahawakang
yaman kundi ang mga kalyo sa kamay at paang nangangapal
sa pagkapagal, ang sugatang panyapak mula sa yumaong

kabiyak na tulad ng kaniyang katinuan ay malapit na ring
mapigtal. Kanina pa siya hinihingal sa pakiwal-kiwal
na daan, sa pakiwari niya ay kanina pa siya sinusundan

ng itim na motorsiklo sa kaniyang likuran.
Nang sa wakas ay pumihit siya ng pagsuko
at humimpil sa isang kanto, bigla siyang sinalubong

ng isang paslit, ’simpayapa ng langit ang ngiti,
may tangan na bungkos ng sampagita, iniaalok sa kaniya.
Dinukot niya ang huling barya sa limahid na bulsa.

Kinuha niya ang bulaklak at tulad ng isang ritwal na sakramento
sa altar sa kamposanto, isasabit niya ito sa leeg ng tingkáb
at naghihingalong pedicab. Mamayang gabi, bago tuluyang

mapigtas, babaunin niya ang tirintas ng halimuyak niyon
sa muli niyang paghimlay sa tahanang kabaong.

# Sabungero

Huli kong nakita
kahapon si Mang Tino,
kagagaling lang sa sabong,
balisang naglalakad sa may kanto,
nawawala ang ulo.

Pipigilan ko sana siya't
sasakluban ng sombrero,
pagsasabihan na sunugin ang kaniyang mga damit
para maitaboy ang kung anumang nakakapit
na bangungot sa pugot niyang anino.

Pero nang lapitan ko
ay agad siyang tumakbo
na para bang nakakita
ng aparisyon ng demonyo,
o 'di kaya'y hinahabol
ng mga 'di nakikitang aso.

Kinabukasan, tumambad
sa buong baryo ang balita sa diyaryo:
may bago na namang nadagdag
sa imbentaryo ng mga nagsipaglaho.

## Ang mga Numero

Unang nagpakita kay Lolo ang mga numero
bilang munting pilas ng papel
sa bulsa ng rebulto ng Itim na Nazareno
nang minsang naisipan niyang paliguan
at bihisan ang mga ginagalis na santo
sa altar na dambana ng kaniyang
madalas, mahálas na pananaklolo.
Sa wakas, dininig na ’di-umano ng langit
ang mga panambitan niya at salmo,
nahahabag marahil sa langitngit
ng kinakalawang niyang balakang at tuhod
mula sa araw-araw na paninikluhod,
pag-aalay ng malulumbay na nilay-salaysay
at butil-misteryo ng santo rosaryo.

Kung kanino’t saanman galing ang papel
ng mga numero ay ’di niya tiyak.

Basta't mula noon, itinuring niya
ang mga ito bilang mga tunay na anak.
Paniniwala niya, ito na ang mag-aahon sa amin
sa dusa't dusta, ang maggaganyak
sa buhay namin ng limpak na galak.
Kaya't ginawa niya ang lahat ng nararapat:
pinasuso niya ang mga numero sa botelya
ng am, idinuyan, pinaarawan, sinayawan,
hinandugan ng mga awit at dalit habang
pinaiidlip sa mga bisig niyang namimitig
sa pananalig, tinuruang maglakad, tumakbo,
maglaro, lumundag, sumuot-suot sa kung saang lupalop
ng kamusmusan, binasahan ng mga tula tungkol
sa nagsasa-ataul na siyudad, tinuruang lumingap,
mangarap, suminghap, at kung minsa'y magpanggap
na andap sa alapaap, pinakain niya ang mga numero,
binusog sa bitamina ng makakatas na prutas
at atas, sa sustansiya ng bulanglang
at bulag na pamamanata, kaipala
ay pinag-aral niya ang mga numero,
hinatid-sinundo sa eskuwelahang premyado,
hinatid-sinundo sa mga layaw at kapritso,
hinatid-sinundo nang paulit-ulit hanggang
sa tuluyan nang umikid, uminog sa mga ito
ang aksis ng rutinaryo niyang mundo.

Ngunit sadyang taksil ang mga numero.
Mga básal na bastardo.
Sa ilang dekada ng atubili
na pagkandili, ni minsan

sa mga sandali ng pagkalugami
ay hindi ngumiti ni mumunti man
sa kaniya ang kapalaran,
bagkus ay panay pa nga ang irap
ng tampalasan na kamalasan
sa araw-araw na paggulong ng bulilyo-
tambiyolo, tupada-ruweda, balasa-karera
ng kaniyang kawalang pag-asa.

Minsan, sa haplit ng ’di natimping galit
ay sinigawa’t pinagpapalo ni Lolo
ang mga batugan at palamuning numero.
At dahil walang puwang sa mga ito
ang anumang sumbat at deliryo
ng mapapait na sentimyento,
tinuos siya ng mga ito bilang tantos
na túlos sa lagót na dahon
ng baldadong kalendaryo.
Hindi na umabot pa sa ospital si Lolo.

Sa araw ng kaniyang lamay, isa-isang nakiramay
at nagtirik ng kandila sa tabi ng kabaong
ang mga dalagita't binatilyo nang numero;
umusal ng munting dasal, matipid na humikbi,
at saka marahang hinubad ang kanilang mga damit,
brip, panti, medyas, sandalyas, hikaw, antipara, pustiso
hanggang sa tumambad sa lahat ng mga naiwan
ng yumao ang taál at bestiyal nilang anyo—

lupa at bahay na inilit na ng bángko,
at utang na 'singhaba ng abáng buhay ni Lolo.

# Sa Pagkabulok

Bilin ni Inay
kapag ako ang bantay,
agad na ihiwalay at pitasin
kapag nakitang nangingitim
at naglalangis na ang pilíng
ng saging na nakabitin
sa may puwesto namin,
kung hindi'y magnanaknak
at manganganak
na parang ketong
ang pagkabulok
at wala kaming
kikitain.

Inilagay ko
sa nanlalagkit na basurahan
ang kumpol ng mga inaamag na bunga;
sumasagpang ang sangsang
ng pakla at panghihinayang.

Sa isip-isip ko,
ganitong-ganito rin
ang pakiramdam

nang mapabalita kinabukasan
ang pagkatupok ng mga gapók
na buwig ng barumbarong namin
sa looban ng Gagalangin—

kasabay ng plano
para sa itatayong condo
at mall na maghahatid daw
ng laksang trabaho para sa amin.

# Ukay

Lagi na'y natatagpuan natin ang ating mga sariling naghahalukay
ng kahulugan at saysay sa araw-araw na halayhay ng mga kinalakihan,

pinaglumaan nating lumbay. May hatid na lugod itong akto ng pagbaybay
sa tumpok-salansan ng mga segunda manong kamiseta, bota, dyaket, kapote

sa tiyangge ng makukulay na pagbubulay ng ating maláy.
Hindi baleng kupas na't umaalimbukay ang pagkaluma,

basta't maaari pang isuot na pantulog o pansimba o pambahay.
Ang ilang primera klase na may kilalang lagda ng kung sinong pinopoon

na manlilikha ay tiim na kukusutin at ikukula, papasá pang pamorma
o pamasok sa opisina, at kung sinusuwerte ay maaari pang ibenta

sa mga parokyano nang triple-kuwadruplo ang presyo.

Ito ang sining ng paglalakò ng mga niresiklo nating pagkabigo,

ang agham ng walang damdam na pagsamsam sa baratilyo
ng mga nakahanger-binabarter na pag-aasam at agam-agam.

Lalo pa't nakahihilam ang walang pagkabalam na paglobo
ng presyo ng mga bilihi't mithiin, hanggang sa puntong inuusig
na natin

ang hangin kung biyaya pa bang maituturing itong ating bawat
paggising.
Kaya't lagi tayong magtitiis sa mga langib at tingi, kung
kakayanin

ay susuyurin ang lahat ng kalyehon at eskinita makita lang
ang kung anong tagong puwesto o kiyosko ng pag-iisa

kung saan mura ang tinda na isda at pag-asa, hayaang bilasa
ang eladong lansa, basta't kahit papaano'y may mahihimay

pang laman at lása. Sapagkat walang dimensiyon ang gutom,
ni walang himaton o padron ang pagkagumon, kaya't masikip
man

o maluwag itong ating pagtanggap, patuloy pa rin tayong
maghahagilap
ng maisusuot, maisusukat na himala't pananampalataya, tulad
na lang

ng panunungkit natin ng mga paano't bakit mula sa

rumaragasang putik-
baha na walang awang kumubkob sa ’di mabilang na buhay at kabuhayan,

o ng paghahanap natin ng katwiran sa pader ng libo-libong pangalan
kung saan nakadambana silang mga pinabulagta ng digma at tingga.

Lagi na’y natatagpuan natin ang ating sarili sa gitna nitong úkay,
kung saan una tayong naging málay sa pananalapi ng pagpili,

sa kurensiya ng pagpapatuloy mula sa tambak ng pagkakamali.
Isang balintuna: kung tatalupan ang kaibuturuan nitong mga tangan

nating kalungkutan, tatambad sa atin ang isang lihim na makrokosmo
ng sinalu-salungkay na mga ukay—eternal ang etereal na pag-iral,


hangga’t may tinig at panaginip na maaaring isugal, itakal,
hangga’t may bungkos ng hiningang maaaring ikalakal.



# MAIKLING KUWENTO

# C.L. BALAGOZA

Si C.L. Balagoza isang manunulat na nangangarap pang mas makapagsulat ng maraming akda. Tubong Bocaue, Bulacan at kapag walang ginagawa ay madalas siyang naglalakbay sa bawat kanto ng kanilang barangay. Nagtapos ng Batsilyer ng Sining sa Literatura: Malikhaing Pagsulat sa Bulacan State University - Main Campus noong taong 2023.



# BOCAUE BLUES

PARA SIYANG EWAN SA HARAP NG SALAMIN, habang nagsesepilyo pumipikit-dilat ang kaniyang mga mata, paulit-ulit na tila ba may magbabago sa kaniyang mukha. Ngunit bigo siya, ganoon pa rin ang kaniyang nakikita, sarili pa rin ni Syd ang nakikita niya. Nang matanggap niya na walang magbabago sa kaniyang repleksiyon, nagmumog na siya at nagbitaw ng huling tingin sa salamin.

Habang nagpupunas si Syd, napapansin niya ang maumbok na tiyan, ang may katabaang hita, at iba pang bahagi ng katawan na nilalandas ng tuwalya. Gusto niyang pagsabihan ang sarili, *dahil sa hilig mong kumain, mas lalo kang lumulobo, nag-iba na ang kulay ng singit mo, ang taba-taba mo, kaya ka nila hindi nagugustuhan.* Mariing pumikit si Syd, sa mga salitang ipinataw sa sarili, lahat ng 'yon ay unang namutawi sa bibig ng kaniyang ina, umukilkil sa kaniyang utak at lagi't laging nababanggit sa tuwing nakikita ang sariling katawan.

Tinapos niya ang pagpupunas ng katawan at lumabas ng banyo.

Sinalubong siya ng dilim, sa kanilang kusina, sa kanilang sala, at sa buong bahay. Naghihilik pa rin ang ina ni Syd sa higaan nito sa salas. Inaalaala niya kung nabanggit nito noong nagdaang gabi kung may pasok ito ngayong araw o wala. Matapos tipunin ang kaniyang hinubad at mailagay ito sa labahan, maisampay nang maayos ang tuwalya sa hanger, at matiyak na mahimbing pa ngang natutulog ang kaniyang ina. Mabilis siyang pumanhik paakyat sa kuwarto sa itaas at nang makaakyat siya, bumalandra ang repleksiyon ng kaniyang buong hubad na katawan sa malaking salamin na hiniling niya noong maglalabingwalong taon pa lamang siya.

Nakita niyang muli ang sarili, hindi na lamang mukha nito ang nakikita pati na rin lahat ng ayaw niyang makita. Inaalaala niya ang dahilan kumbakit siya nagpabili ng ganito kalaking salamin, para saan ba ito? Hindi niya mahagilap sa alaala. Sana iba na lang ang kaniyang ipinabili, iniisip niya ngayon, dahil pakiramdam niyang hindi lang ito simpleng repleksiyon kundi isang ganap na kaaway—kaaway nga ba?—na dagdag sa mga matang pakiramdam niya ay hinuhusgahan siya. Ito ang pagtingin ni Syd sa sariling mga mata.

“Okay naman ako kahapon,” balisa niyang pag-alaala sa kaniyang nagdaang araw, kahapon sa unibersidad kasama ang ilang kaibigan. Wala namang hindi magandang nangyari bukod sa ilang mga hindi pagkakaunawaan o maliliit na bagay na hindi maiiwasan. Sa pangkalahatan ay maayos naman siya, ang kaniyang pakiramdam. *Okay naman ako kahapon,* muli niyang isip, pero bakit ganito ang nararamdaman niya ngayon. Hindi niya maikulong sa salita ang

dinaramdam niyang lumbay na pumupuno sa kaniyang loob. Pero kung sakaling kailanganin niya itong bigyan ng tumbas sa wika at ipaliwanag, kahit wala namang may pakialam ay ganito niya ito tutumbasan: *gusto kong humiwalay sa sariling katawan.*

Sinubukan ni Syd na harayain na wala siyang nakikita sa salamin, tumatagos ang repleksiyon ng mga solidong bagay sa kaniyang likuran at ang kaniyang katawan ay hindi nakikita o naaaninag sa kuwarto. Kung pipikit siya ay maaari, ngunit kung didilat siya ay ilang segundo pa lamang ang lumilipas ay kukurap-kurap na siya at naroon pa rin ang kaniyang repleksiyon. Binalingan niya ang kaniyang damitan at nagsimulang saplutan ang sarili. Katulad nang palagi niyang ginagawa, tinalikuran na niya ang sarili, ang salamin, wala na siyang lakas na magpatianod pa sa nararamdaman. Gusto na lang niyang mairaos ang araw na ito, katulad ng iba pang mga araw na ganito rin nagsisimula, mabigat, mas bumibigat sa ibang pagkakataon ngunit kailangan niyang buhatin: *kaya mo 'yan,* ang naiisip na lang niyang pampalakas sa sarili kahit siya mismo ay hindi na rin alam kung ano pa nga ba ang mga bagay na kailangan pang igpawan.

Umabot siya sa edad na dalawampu't dalawa na ginagawang pananggalang ang pagsasawalang-bahala. Nasanay na lang siya dahil pakiramdam niya, ito ang gumagana sa kaniya. Kaya hindi na niya pinagtutuunan ng pansin ang iba pang maaaring paraan para harapin ang problema, mas nasanay siyang tinatalikuran ito.

Matapos magbihis ni Syd, bumaba siyang dinagdag sa isipan ang maaaring luto ng itlog para sa kanilang agahan. Siya na naman

ang magluluto, kahit na wala naman na siyang ibang pagpipilian, dahil wala nang puwedeng magluto sa kanila bukod sa kaniya. Nasa kusina ang kaniyang espasyo, kahit hindi niya gusto. Ito siya bilang anak at bilang bunso sa kanilang magkapatid. Sila lang ang nasa bahay ngayon ng kaniyang Ina, wala ang kaniyang Ate dahil nagtatrabaho na ito sa siyudad at minsanan na lang umuwi. Kaya *automatic* na napupunta sa kaniya ang mga gawaing bahay, pasalamat na lang ni Syd at hindi ito paglalaba. Pakiramdam niya mas hindi niya ’yon kakayanin.

Matagal na nang huli niyang makausap ang kaniyang Ate, hindi rin naman kasi sila gano’n ka-bukas sa isa’t isa, hindi niya ito makausap sa personal na mga problema. Pati ang kaniyang ina, hindi rin ganoon, ’pag kumpleto sila sa loob ng bahay at nagkibuan sila ipinagpapalagay ni Syd na isa iyong himala. Minsan nga, naiisip ni Syd na baka epekto ito ng pagkawala ng kaniyang Ama, pero matagal na iyon. Hindi niya maaaring isisi sa patay ang kalagayan nila ngayon, pero hindi niya maiwasan. Hindi naman kasi talaga ganito ang kanilang pamilya, alam ni Syd may pakialam pa sila sa isa’t isa matapos mamatay ang kaniyang Ama. Pero bakit ngayon, parang krimen ang magbukas ng sarili? Kaya kahit noong nasa iisang bahay lang sila, hindi nila alam kung ano ang nangyayari sa kani-kanilang buhay.

Prito ang naisip niyang luto sa itlog. Ito na lang ang natitira na puwede niyang lutuin mula nang huling mamalengke ang kaniyang Ina pagkasuweldo nito. Nagsabi rin ang Ate niya na baka hindi muna makapagpadadala dahil may sarili na rin itong pinagkakagastusan.

Paalala nga ng kaniyang Ina, kung kaya niyang tipirin ang *allowance* ay gawin nito, dahil hindi pinupulot ang pera. Dagdag pa nito, tumataas ang mga bilihin, taliwas sa pangako ng mga nakaupo sa gobyerno. Kaya kasabay nang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, sumasabay rin ang presyon ng kaniyang Ina.

Natawa si Syd sa biglang pumasok sa isip habang nagpiprito. Paano kung may emosyon din ang niluluto niyang itlog, iniisip niyang sigurado ay nahawaan na niya ito, nagtatampisaw sa kalungkutan. Natawa siya sa imahen ng malungkot na piniritong itlog. Naalaala niya ang napanood na *video* sa *Facebook* na isang *series trailer* tungkol sa isang itlog na sobrang tamad. Si *Gudetama*.

Kung hindi pa siya nasamid sa usok, tuluyan nang matututong at masusunog ang itlog. Agad na pinatay ni Syd ang apoy sa kalan at hinango ang kawawang itlog. Binuksan niya ang bintana sa itaas ng lababo at gamit ang kamay, pinaypay niya palayo ang usok. Ilang segundo pa nang magpatuloy siya sa pagpiprito, isinalang na niya ang pangalawang itlog.

"Itlog na lang 'yan, sinusunog mo pa," sandaling tumigil ang pagtibok ng puso ni Syd nang marinig ang boses ng kaniyang Ina. Nang makabawi ay huminga siya nang malalim at tinanggap ang mga salita nito. Naramdaman niya ang pagdaan ng kaniyang Ina sa likuran at pumasok sa loob ng banyo, sunod niyang narinig ang lagaslas ng tubig sa gripo. Ibinalik niya ang atensiyon sa itlog, ayaw na niyang maulit ang pagkakamali. Binantayan niya ito nang maigi hanggang sa mahango sa mantika. Sunod niyang isinalang ang kaldero na may bahaw para initin.

Kahit mahina ang apoy sa kalan, hindi pa rin siya umalis sa harapan nito, bumukas ang pinto ng banyo at iniluwa nito ang kaniyang Ina na nilagpasan siya. Pakiramdam niya pagkatapos lutuin ang itlog, sa paghango nito sa mantika, siya naman ang nakasalang at nanliliit. Bumalik ang bigat na kaniyang nararamdaman na nakaligtaan sandali, para siyang inalog sa katotohanan at pinaalalahanan na buong maghapon niya ito bubuhatin. Bumuntonghininga si Syd at kasabay nito ang pagpihit niya sa pihitan ng kalan upang patayin ang apoy nito. Naramdaman niya ang muling paglapit ng ina sa kaniyang likuran at nakita nito ang isang braso na inabot ang *thermos* na hindi nalalayo sa kaniyang kinatatayuan.

“Kailan pa ito?” tanong ng kaniyang Ina na tinutukoy ang mainit na tubig sa loob ng thermos. Sinubukang alalahanin ni Syd kung kailan pa nga ba ang tubig na iyon.

“Nag—” hindi pa man siya nagsisimula ay pinutol siya ng kaniyang Ina sa pagsasalita.

“Baka ito pa ’yong pinakulo ko noong isang araw?”

“Nagpakulo ako kahapon, pagkauwi kasi nagtimpla ako ng kape.”

Hindi na nagsalita pa ang kaniyang Ina at nagsimulang magtimpla ng kape. Nagsimula namang magsandok ng kaniyang almusal si Syd. Sa bawat pagsandok ng kanin pakiramdam niya ay ganoon din ang idinadagdag na bigat sa kaniyang loob. Maraming pumapasok sa isip niya at nararamdaman niya ito sa maliliit na kibot ng kaniyang sentido.

“Anong oras ang klase mo?” tanong ng kaniyang Ina.

“Alas-diyes pa po.”

“Bakit ang aga mo naman gumising?”

Napatingin sa may bintana sa itaas ng kanilang lababo si Syd, hindi pa rin nagpapakita ang araw, ni kaunting bakas nito ay wala pa. Tila may dumaang anghel sa pagitan nilang dalawa. Ibinaling niya ang tingin sa kaniyang ina at nakatingin din ito sa kaniya, hinihintay ang kaniyang sagot.

*“Ma, bakla ako,”* ang tatlong salita na namutawi sa bibig ni Syd. Nakita niya ang sandaling pagtigil ng kaniyang ina sa paghahalo ng kape ngunit saglit lang ito at muling naghalo sabay iwas ng tingin sa kaniya. Akala ni Syd gagaan ang kaniyang pakiramdaman kung aaminin niya ulit sa ina na bakla siya, ngunit katulad nang una niya itong sabihin, hindi ito kumibo. Tahimik lang ito ngunit tila bata na bumibigat ang paggalaw at nagdadabog ang kaniyang ina ’pag inuulit niya na bakla siya. Isang bakla.

Itinuon ni Syd ang kaniyang atensyon sa pagkain. Nakasimangot ang muntikan nang masunog na piniritong itlog, naglulunoy na nga sa kalungkutan.

***

“PARA PO! KROSING LANG!” malakas na pabatid ni Syd mula sa dulong bahagi ng dyip. Unti-unting bumagal ang takbo ng sasakyan at nang matiyak niya na tumigil na nga ito ay bumaba siya. Agad siyang humalo sa naglilitawang mga tao.

Matapos ang pag-uusap nila kaninang madaling araw ng kaniyang Ina, inubos niya lang ang kaniyang almusal at muling bumalik sa pagtulog. Dinapuan siya ng antok kahit kagigising pa lang niya at nakaligo na. Tama ang kaniyang Ina, masyado pang maaga

para pumasok. Ngayon habang nasa biyahe papunta sa kanilang unibersidad, nagbago ang isip ni Syd. Napagdesisyunan niyang huwag nang pumasok.

Hindi niya alam kung saan pupunta, ilang hakbang lang ang kaniyang iniusad kung saan siya bumaba, parang hindi rin nababawasan ang mga tao, mas dumarami pa nga. Napatingin siya sa bukana ng isang kalye, humakbang siya papalapit dito. Gusto niya lang makaalis, makausad kaysa manatili sa magulong agos ng mga tao, hahayaan niya na lang ang sarili kung saan man siya mapunta. Kahit maligaw pa.

Nilibot ng kaniyang paningin ang magkabilang kalsada. May pamilyaridad na nararamdaman si Syd, tila may bugso ng mga alon ng dagat sa kaniyang loob, ito ang dinaanan niya kasama ang ilang kaibigan noong nasa *Junior High School* pa lamang at umuwi nang gabing-gabi dahil sa libreng *concert* ng kanilang Mayor. Natuwa siya nang mapagtantong hindi ito masyadong nagbago, kung ano iyong natatandaan niyang mga bahay nandoon pa rin sila, hindi katulad ng kanilang barangay, laban na laban sa pagiging *modernisado*.

"Sobrang tagal na no'n," sabi niya sa sarili at tumigil sa paglakad nang bumungad sa kaniya ang ilog ng Bocaue. Nakita niya ang pananda ng kalsada at nabasa ang *Poblacion,* sa hindi kalayuan naman ay may malaking arko na ang mababasa ay Biñang 1st, pero ibinalik niya ang atensiyon sa malawak na kalsada pasulong. Malaki na ang ipinagbago ng tulay, mayroon na itong dalawang kalsada kaysa noong maabutan niyang ginagawa ang kabila. Mataas ang sikat ng araw at maaliwalas ang paligid. Nagsimula muling maglakad si Syd,

nang marahan at hindi nagmamadali, parang nasa loob ng galeriya. Gusto niyang tanawin ang ilog at ang tanawing ipinakikita nito. Matagal na niya itong gustong puntahan mag-isa. Kahit taga-Bocaue siya, parang kaya niyang bilangin sa daliri kung ilang beses pa lang siya nakapupunta sa *sentro* ng kanilang bayan. Pinakapaborito niyang alaala sa lugar na ito, bukod sa pagdalo sa *concert* noong mas bata-bata pa siya at pinayagan ng kaniyang ina, ay iyong minsan na maging *Boy/Girl Official* siya ng kanilang munisipalidad. Sa Munisipyo siya nadestino at pinalitan niya sa loob ng isang linggo ang Presidente ng Sangguniang Kabataan.

Sa huling araw nila sa posisyon ay ipinasyal sila ng mga taga-opisina ng dating Mayora sa buong bayan ng Bocaue. Marami silang pinuntahan, mga lugar na itinuturing ng buong munisipalidad na mahalaga't maipagmamalaki ng kaniyang bayan. Ang pinakapaborito ni Syd ay ang Nory's Restaurant na higit sandaang taon nang nagluluto ng sikat nilang Pansit Alanganin, nitong nakaraan ay nakapanood siya sa *Facebook* ng *food-vlog* tungkol sa pansit. Gusto niya ulit itong matikman at nagsimulang maghanap ang kaniyang panlasa ng pansit. Mamaya, naisip niya, hahanapin niya ang kainan.

Dumungaw siya sa ilog mula sa tulay, hindi mabango ang nalalanghap niyang amoy, ngunit nanatili siyang nakadungaw ng ilan pang segundo. Sunod niyang tinanaw ang isa pang tulay sa hindi kalayuan, iyong laging dinadaanan sa tuwing pumapasok sa unibersidad. Sa sandaling iyon, gusto niyang kilalanin ang kagandahan ng ilog ng Bocaue. Sinalubong ng hangin ang kaniyang katawan, isinasayaw ang kaniyang buhok, pumikit siya, muling

pinakiramdaman ang paligid, ngunit wala siyang makita sa kadiliman at nakasusulasok ang amoy ng tubig. Dumilat siya, itinuon muli ang mata sa ilog, at hinaharaya ang pagyakap ng tubig sa buo niyang katawan.

*Totoo kaya?* tanong ni Syd sa kaniyang isipan. Tinitiis ang amoy ng ilog, at sinusubukang pagalawin ang dating agos kung saan may batang nalulunod na isa sa kilalang kuwento ng kanilang bayan kung papaano nakarating sa Bocaue ang Krus ng Wawa na kalauna'y naging taunang pista. Kinilala ang bata sa pangalang Maryang Lubog, pagbabahgi ng kanilang guro sa kanila noon sa hayskul, totoong tao raw ito at nabuhay nang matagal. Gumagawa si Syd ng imahen ng batang babae sa isipan, ang babae sa kuwento, muling nalulunod. Gusto niyang makita ang lumulutang na krus ng Wawa na ihahatid ang bata sa kaligtasan. Gusto niyang makasaksi ng himala, gusto niya ng kaligtasan, sa sarili niyang pagkalunod.

"Syd?"

Napaangat ng tingin si Syd at sinundan ang pinanggalingan ng tinig. Malayo-layo pa ito at naglalakad patungo sa kaniya. Hindi niya ito makilala dahil nasisilaw siya sa sikat ng araw, ngunit nang sumapat na ang distansya. Nakilala niya ang dumating.

"Jepoy?" napangiti si Syd nang masigurado niya ang taong dumating. Tumango lang si Jepoy at ngiting-ngiti na nakipag-fist-bump sa kaniya, isinalubong niya ang sariling kamao. Nagitla siya nang bigla siyang yakapin nito, natawa lang sa kaniya si Jepoy nang makita ang kaniyang pagkagulat.

"Bakit titig na titig ka sa ilog kanina?" natatawang tanong ni

Jepoy.

"Ah… Eh…."

Nangunot ang noo ni Jepoy sa kaniyang walang kaliwanagang nililikha na tunog. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Nagtatalo ang isip niya kung sasabihin ba niya na noong dumating siya ay pinapatay niya ang sarili sa isipan. Kaya putol-putol ang mga tunog na namumutawi sa kaniyang bibig, gusto niya magsinungaling, pero ramdam niyang ang kasinungalingang mabubuo sa utak niya ay madaling matukoy na hindi totoo.

"Nagpapahangin lang ako."

"Talaga? Hanep ka ha baho-baho rito pero gusto mo magpahangin," natatawang sabi ni Jepoy. Natawa na rin si Syd at pinagmasdan ang kabuoan ng dating matalik na kaibigan. Mukhang maraming nangyari sa buhay ni Jepoy, ang naisip ni Syd. Ang layo-layo na ng hitsura nito sa dating nakakasama niya maglibot tuwing gabi sa kanilang barangay. Muli niyang pinagmasdan mula paa hanggang ulo si Jepoy, mas tumangkad pa ito at gumanda ang hubog ng katawan. Biglang naalala ni Syd ang mga naririnig niya sa mga taong muli niyang nakikita: *hindi ka tumatanda.* Bumaba ang tingin niya sa tiyan, nakaumbok ito, walang kamalay-malay.

"Saan ka pala papunta?" usisa ni Jepoy. Akala ni Syd tuluyan na siyang nagbago, may natitira pa pala siyang ugali na kilala niya. Marami pa rin siyang tanong. Napatingin si Syd kay Jepoy. Nakasandal na ito sa tulay. Nakatingin sa kabilang kalsada. Nagtama ang kanilang mga paningin nang lumingon ito sa kaniya.

"Gusto ko magpunta sa *Nory's*," nagpunas ng kaniyang pawis si

Syd, nararamdaman na niya ang alinsangan ng panahon. At kahit mainit na ang mundo nasa isip ni Syd na kumain ng may sabaw na pagkain. Desidido siyang hanapin ang restoran.

"Sa pansitan?"

Tumango si Syd.

"'Di ba mga tulog lang nandoon?" nangunot ang noo ni Syd sa sinabi ni Jepoy. Hanggang sa unti-unti niyang maintindihan ang sinabi ni Jepoy at natawa. Hindi pilit. Walang pagkukunwari. Nasabi na lang niya pabalik: *Ang corny mo.*

"Saan ka nanggaling?" natanong ni Syd kay Jepoy nang lagpasan nila ang tulay, binabagtas na nila ngayon ang kalsada malapit sa palengke. Mabagal silang naglalakad, tila nakikisabay sa mga taong kasalukuyang namimili, para bang alam nila pareho ang daan. Si Syd, inaalaala niya ang street kung saan sila bumaba noong unang punta niya rito. Eskinita. Ang natatandaan niya malapit sa lumang munisipyo na katabi ng *basketball court.* Si Jepoy naman, sinusundan lang niya si Syd kung saan siya dadalhin.

"Naghatid lang ako sa may Yanga tapos naisipan maglakad-lakad, nagulat nga ako nang makita kita sa tulay."

"Sinong hinatid mo?"

Natawa si Jepoy sa tanong, napatango naman si Syd. Sa una ay mabagal ngunit ilang segundo lang ang lumipas para itong *bubble head* sa sasakyan. Tumigil lang ang kaniyang ulo nang muling magsalita.

"Gets. Nakuha ko na– Siya?" sabi ni Syd at nagpalinga-linga sa kalsada. Nakita niya ang simbahan at naglakad pa hanggang

makalagpas rito, nakita niya ang kalyeng kasunod nito, ang kalye ng Padre Burgos at pumasok. Sumunod lang si Jepoy sa kaniya, narinig pa niya ang tanong nito kung: *Alam mo ba talaga kung saan tayo pupunta?* Pero hindi sumagot si Syd at patuloy na sinusuri ang mga bahay na nalalagpasan. Natigil siya nang makita ang *basketball court* at ang katabi nitong lumang munisipyo. Sa isip niya ito ang palatandaan ng pansitan. Ngunit ngayon hindi niya makita ang bakas ng kainan. Bakas ng kasibulan niya ang kaniyang nakikita, mula sa singaw ng kalsada, tila bubog ng nabasag na plato ang mga alaala.

"Hindi ata dito yung restoran," tumingin lang sila sa isa't isa.

***

"KUMUSTA KA NA?" bigla na lang natanong ni Syd nang tumigil sila sa bukanang kanina ay pinasukan nila. Sa hindi kalayuan ay natanaw niya ang arko ng Sulucan na kapangalan ng isang kanto sa kanilang barangay kung saan nakatira ang kaniyang kasama, ibinalik niya ang tingin kay Jepoy na nakaabang sa susunod niyang gagawin. Nadismaya siya kaunti nang hindi niya narinig ang sagot ng dating kaibigan sa kaniyang pangungumusta. Pumasok sa isip niya na baka masyado siyang napalagay, sa tagal nilang hindi nagkita, kahit binalak magkita, ngayon lang sila talaga nagkaharap nang matagal.

Tumawid si Syd sa kabilang kalsada at sumunod si Jepoy. Ang kanilang paglakad ay tila penitensiya sa ilalim ng nagmumurang araw. Bumibigat ang bawat hakbang ni Syd, binabagabag siya ng boses sa utak niya: *tama ba na magkasama sila ngayon?*

Muntikan pa nilang lampasan ang restoran nang lumiko sila papasok sa arko ng Sulucan. Tila isang normal lang ito na eskinita na

maraming bahay. Kung hindi lang siya tinawag ni Jepoy at sabihing lumampas na siya, hindi niya alam kung saan siya dadalhin ng kaniyang mga paa. Pinunasan niya ang kaniyang mukha at leeg bago pumasok sa kainan. Naunang pumasok si Jepoy, inililibot nito ang paningin sa loob. Si Syd naman ay tila nakaramdam ng pagkadismaya. Napagtanto niya, ang liit lang pala ng espasyo ng *Nory's Restaurant*. Hindi kapareho ng kainan na nasa alaala niya na malaki at kayang magpapasok ng maraming bisita.

"Nandito na tayo," napatingin si Syd kay Jepoy na nagsalita. Tumango siya. At sa pagkakataong iyon, parang mga multong nagsulputan ang mga nakasama niya sa *Boy/Girl Official*. Nagtatawanan, nagpapagalitan, at nagpapaliwanagan.

*"Ngayon kakain tayo ng isang kilalang pansit na orihinal sa ating bayan,"* panimula ng babaeng sekretarya ng Mayora. Nagpalakpakan naman ang mga batang delegado na nakapuwesto na sa bawat lamesa.

*"May nakaaalam ba sa inyo kung anong pansit itong binabanggit ko?"* tanong muli ng sekretarya, walang sumagot.

*"Ito ay ang pansit alangani—"*

*"Pansit bakla!"* sigaw ng isang delegado na kasama ni Syd sa lamesa. Napuno ng tawanan ang buong restoran. Nakatingin kay Syd ang sumigaw, nakangisi, nakitawa na rin siya. Kahit pakiramdam niya, siya ang inaasar nito.

Nawala ang mga multo ng nagdaan nang muli siyang hatakin sa kasalukuyan ni Jepoy. Nakatitig na pala siya sa dating mesa kung saan siya umupo noon at binalingan din ang upuan ng kasama niyang sumigaw. Napangiwi siya. Pero sa isip-isip niya, kumusta na rin kaya

ito. Matapos niyang mapabilang sa mga napiling kabataan ay hindi nagtagal na umalis siya sa *group chat* tulad ng iba.

"O-*order* na ba tayo?" tanong ni Jepoy. Lumapit si Syd at sumilip sa medyo may kaliitan na bintana. May tatlong babae na nagtatawanan ang tumigil nang mapansin nila ang dalawang nakatingin sa kanila. Dali-daling nag-ayos ang tatlo at magiliw na nagtanong ng kanilang *order*.

"Ano po sa inyo?"

"Magkano sa Pansit Alanganin?"

"Sixty-five pesos po, isang order."

"Dalawa." Maikling sagot ni Syd at tumango ang babaeng kumuha ng kanilang order. Sinabihan silang maghintay ng ilang minuto at ihahatid na lang sa kanilang mesa.

Muling nilibot ng paningin ni Syd ang buong restoran at naghanap ng maaaring puwestuhan. Tinignan niya ang dating inupuan, sa isip niya, nais niya lang muling kumain. Ngunit ngayon, wala ng magsasabi na ang Pansit Alanganin ay Pansit Bakla na may pang-aasar pa sa kaniya. Tahimik lang silang kakain ni Jepoy. Napukaw ng kaniyang paningin ang mesa sa tabi ng pintuan na maaliwalas dahil sa pumapasok na liwanag mula sa maliit na bintana malapit dito. Saktong dalawa rin ang upuan. Doon niya dinala si Jepoy.

Minsan, habang kumakain sila ng kaniyang Ina, tinanong niya ito. Kung noong kabataan ba nito ay may mga paborito itong lugar o kainan. Laging sinasabi ng kaniyang ina na *'wala'* mabait daw siyang anak. Hindi marunong maglakwatsa, at ikinumpara pa ang kabataan niya sa kaniyang bunsong anak. Hindi iisang beses na nagtanong si

Syd sa kaniyang Ina ng ganitong uri ng mga tanong, gusto niyang makilala ang kaniyang ina, pero lagi't lagi siyang pinagsasarhan ng pinto. Ganoon pa rin kahit siya na ang nagpapakilala rito.

***

"BAKIT PANSIT ALANGANIN ANG TAWAG SA PANSIT DITO?" nakaupo na sila nang magtanong si Jepoy. Sinegundahan ito ng komento na: *Ang init-init ng panahon tapos kakain sila ng may sabaw?*

"Kasi alanganing gisado, alanganing may sabaw. At saka gusto ko ulit matikman 'to," paliwanag ni Syd. Sumandal sa upuan si Jepoy at pinagmasdan si Syd. Pinilit ngumiti ng huli.

"*Kumusta ka na?*"

Tumaas ang isang kilay ni Syd nang marinig niya ang tanong.

"Wow, ako nga hindi mo sinagot kanina, tapos ako naman tatanungin mo niyan."

"Bakit ka naman kasi mangungumusta sa kalsada, edi maraming makakarinig?"

"Para namang may pakialam sila sa atin?"

Natahimik sila pareho.

"Okay lang naman ako, masaya, ikaw ba?"

"Kumusta o masaya?"

"Pareho?"

"Ang hirap naman sagutin nang hindi sigurado," komento ni Syd.

"Nagsalita kanina ang muntikan nang makumpleto ang *a-e-i-o-u* dahil walang masagot. Pero seryoso kumusta?

"Sorry na agad, kasi ngayon lang tayo nagkita kahit nagkausap

tayo noong nakaraan."

"Wala namang problema sa akin iyong nakaraan, sa totoo lang nasa isip ko na: na malabo iyong magkita ulit tayo. Kailan ba tayo huling nag-usap nang maayos? Ngayon na lang ata."

Patlang. Wala ulit nagsalita. Tumikhim si Syd at inisip ang mga susunod pang sasabihin.

"Ayokong magsinungaling, kung sasabihin ko na masaya ako—*I mean*—masaya ako na nakita kita ngayon, *unexpectedly,* pero nagsimula ang araw ko na parang *gusto kong mawala*."

"Wala kang *lovelife?*"

"Medyo bastos ka sa *part* na 'yan?" Natawa silang dalawa na ikinagulat ng mga nasa kusina.

"Wala?" paninigurado ni Jepoy.

"Wala, hindi ata ako suwerte sa pag-ibig. Sa tingin mo ba may magkakagusto sa akin?" Nagmuwestra si Syd na tila inilalahad ang sarili. Umiiling-iling pa. Natawa si Jepoy, ngunit tumigil ito nang makita si Syd na nakatungo.

"Alam mo bang bakla ako?" nanatiling nakatingin si Jepoy kay Syd na nakatungo pa rin.

"Hindi mo naman kailangan sabihin sa akin."

Nag-angat ng tingin si Syd kay Jepoy at paulit-ulit na pinakinggan ang sinabi nito sa kaniyang utak. Parang sirang plaka, ngunit hindi siya naiirita.

"Pero salamat dahil sinabi mo sa akin, may tiwala ka pa rin sa akin," dagdag pa ni Jepoy.

Magsasalita pa sana si Syd nang dumating ang kanilang mga

*order* na pansit. Ibinaling na lang niya ang paningin, muli, sa buong kainan. Walang kumakain bukod sa kanilang dalawa. Binalingan niya ng tingin ang kadarating pa lamang na pansit. Binuksan niya ang kamera ng kaniyang *cellphone* at kinuhanan ito ng litrato.

"Ipo-*post* mo?"

Umiling si Syd at sinimulan nang kainin ang pansit. Kinuha niya ang kalamansing may hiwa, ibinuka, at pinaghiwalay. Sunod niya itong pinisil na may kaagapay na kutsara para hindi malaglag ang mga buong buto ng kalamansi. Dalawang ulit niya itong ginawa at sunod na hinalo-halo hanggang sa matiyak na kumalat na ang asim ng kalamansi. Naalaala niya tuloy ang sinabi ng kaniyang Ina noong bata pa siya, mahilig kasi ito sa ganitong gawi sa kalamansi, maraming putahe na kinakain ang Mama niya na laging pinipisilan ng katas ng kalamansi. At nang minsang tanungin niya ito, sinabi sa kaniya ng Mama niya na pampawala ng umay ang kalamansi. Mas sumasarap pa ang pagkaing nilalagyan ng kalamansi. Pero paalaala rin ito na hindi lahat ay nadadaan sa katas ng kalamansi.

"Umiiyak ka ba?" natigil si Syd nang marinig si Jepoy. Itinaas niya ang kaniyang paningin at nakita ang nag-aalalang mukha nito. Hinawakan ni Syd ang kaniyang kaliwang pisngi, basa nga ito. At nagpatuloy ang kaniyang pagluha.

"Wala lang ito—" sagot ni Syd. Kahit sa loob niya ay bumabagyo nang malala, umuulan at lumilindol. Hindi niya alam kung anong gagawin sa sarili para tumahan. Patuloy lang sa pag-apaw ng luha mula sa kaniyang mga mata. Idinidiin niya ang kagat sa labi upang hindi makalikha ng anumang ingay.

"Huwag mo pigilan," pautos na narinig niya kay Jepoy, tiningnan niya ito sa mata—hindi na niya ito maaninag nang maayos dahil sa luhang lumalambong sa kaniyang paningin. Habang kumakain ng Pansit Alanganin at umiiyak, naghahanap ng kasiguraduhan si Syd sa kaniyang buhay. Pakiramdam niya, sa mga sandaling lumuluha siya, sinusundan siya ng ihip ng hangin mula sa ilog, at unti-unti: ang kaniyang tinig ay namaos, ang kaniyang katawan ay nanlagos sa panangin ng iba, at ang kawalan ay naging siya.

"*Imoral ang maging bakla,*" ito ang sinabi ng kaniyang Ina nang unang beses niyang aminin na may *boyfriend* siya. Akala niya noon ay matutuwa ang kaniyang Ina, katulad doon sa mga napapanood niya sa mga kanluraning pelikula na may bidang bakla o 'di naman kaya ay iyong mga sikat na *Boy's Love* sa Thailand. Pakiramdam niya rin noong una ay okay lang sa kaniyang mama na magkaroon siya ng kasintahang lalaki, dahil hinahayaan na siya nito sa mga bagay na gusto niyang gawin, bukod pa roon ay naikuwento rin sa kaniya ng ina na noong pinagbubuntis pa lamang siya ay nawili siya sa panonood ng "Super Sireyna" sa *Eat Bulaga.* Nang marinig niya ang mga salitang iyon sa kaniyang Ina, doon niya napagtanto na hindi siya nito tanggap, hinahayaan lang siya. Magkaiba ang tanggap sa hinahayaan. "*Sa impyerno napupunta ang mga bakla,*" dagdag pa nito.

Umamin si Syd noon sa kaniyang Ina dahil sa isip niya, kailangan niyang gawing kongkreto ang kaniyang identidad. Hindi na niya laging kailangang mag-alinlangan at para na rin maiwasan ang paulit-ulit na pangungulit nito sa kaniya. Pero iba ang nangyari sa inaasahan ni Syd na gusto niyang tila bukas-palad siyang yayakapin

ng kaniyang Ina. Kinailangan niyang makipaghiwalay sa una niyang kasintahan, para lang makausap niya ulit ito nang maayos. Isa siyang malaking duwag, kaya sa tuwing nakapag-iipon ng lakas ng loob, paulit-ulit siyang umaamin. Paulit-ulit niyang inaangkin ang sarili: *Ma, bakla ako.*

"Kumusta na ba si Tita?" hindi agad sumagot si Syd, pinunasan niya ang mga luha sa kaniyang mukha. Nasa isip niya ngayon na sana nakangiti na lang siya para hindi manibago si Jepoy. Pinilit niyang tumawa at sumagot: "Si Mama? Okay naman siya, masaya siya sa bago niyang trabaho—at iyon lang ang alam ko."

Tumango-tango si Jepoy at muling ibinalik ang atensiyon sa pagkain. Ganoon din ang ginawa niya, ninamnam niya ang bawat hibla ng bihon at miki. Pakiramdam niya niyayakap siya ng mga sahog ng Pansit Alanganin, lalo na ng laman na may taba ng baboy. Parang binuhay nito ang kaniyang dila at ipinaranas sa kaniya na may maganda pa sa buhay. Matatapos ang ulan, ang bagyo, ang kalamidad, ang gabi, at may bagong pag-asa. Bahagi lang si Jepoy ng naiisip na pag-asa ni Syd, hindi niya akalain iyong kaibigan na akala niya ay hindi na niya makakasama ulit ay nasa kaniyang harapan. Kasalo niya kumain ng pansit na kapareho ni Jepoy ay *kinikilala* niya muli, malayo sa una niyang karanasan. Hindi na siya masasaktan sa salitang 'bakla' dahil nasa sistema niya ito, mas matatag pa ito kaysa sa kaniya. Wala na siyang pagkalito, sigurado siya, hindi siya alanganin. Buhay niya ang alanganin, ang mga tao sa paligid niya na katulad ng kaniyang Ina, tinitingnan siyang may pagkalito, laging kinukuwestiyon at kung magpapakatotoo siya, iisipin nilang

ginagawa niyang komplikado ang buhay niya.

Sa bawat pagsubo ni Syd ng pansit, para siyang gumagaling, tila ba umaalis ang makulimlim na langit at inihahayag ang kulay bughaw nitong kalangitan. Nakita ni Syd sa isipan ang ilog ng Bocaue na kanina ay pinagmamasdan niya. May kagandahan sa imperpeksiyon, ang pagtanggap sa kung ano ito dahil sa kasalukuyan nitong kalagayan. Hindi man ito tulad ng Ilog ng Bocaue mula sa mga kuwentong bayan na narinig niya, ngunit sa muling pagmamahal ng mga taga-Bocaue sa ilog, nakakikita siya ng kagandahan. Muling nabubuhay ang ilog na pinatay ng polusyon.

Sa paghigop niya ng huling sabaw sa kaniyang plato, muling nagsalita si Jepoy: *"Syd, tandaan mo, kamahal-mahal ka—kung hindi ka kamahal-mahal, ano pa ako sa iyo? Hindi lang naman tungkol sa pakikipagrelasyon ang pag-ibig 'di ba?"*

Naramdaman ni Syd na tila may bumara sa kaniyang lalamunan. Ibinaba niya ang plato at tiningnan si Jepoy, pinipigilan muling umiyak. Ngunit bukod sa mukha ng kaibigan, may iba pa siyang nakikita. Sa likuran nito'y may isang estante na gawa sa salamin na may mga produktong pampasalubong, nandoon ang kaniyang repleksiyon. Nakangiti. *Nakangiti sa kaniya.*

***

"ANG EMOSYONAL MO NGAYONG ARAW," natatawang komento ni Jepoy sa kaniya. Tapos na itong kumain. Pumikit lang si Syd at humingang malalim, nakangiti pa rin ang kaniyang repleksiyon. Ngayon lang niya naramdaman ang saya na makita ang sarili. Lumingon sa kaniyang likuran si Jepoy para tingnan ang nakahuli sa

kaniyang mga mata. Napailing na lang ang kaniyang kaibigan.

"Alam mo, sa tingin ko magugustuhan ito ni Pam."

"Itong pansit?"

"Oo—pam-*peace offering.*"

"Bakit ano naman ginawa mo?" tanong ni Syd. Ngumiti na parang aso si Jepoy at ilang segundo pa ang pinalipas bago magkuwento. Nakinig lang si Syd, may ilang sandali na ibinabalik niya ang tingin sa sariling repleksiyon, binabantayan kung nandoon pa rin ang kaniyang nakangiting sarili, hindi siya nabigo. *Kamahal-mahal siya, kamahal-mahal siya*, paulit-ulit niyang iniisip habang nakikinig sa dati at bago niyang kaibigan.

"Sabay na tayo umuwi?" tanong ni Jepoy matapos magkuwento. Tumango si Syd.

"Mag-*take-out ka rin ba?"* dagdag na tanong na muling tinanguan ni Syd. Gusto niyang mag-uwi ng pansit para sa kaniyang Ina. Natatandaan niya nang minsang tanungin niya ang kaniyang Ina tungkol sa pagkain na ito ay hindi pa nito nagawang makatikim ng Pansit Alanganin. Ang pansit na alam niya lang ay ang paborito ng yumao niyang asawa, ang tatay ni Syd.

Umalis si Jepoy sa pagkakaupo at sinundan niya ng tingin sa *counter* kung saan umorder ito ng dalawang take-out na Pansit Alanganin. At may napansin si Syd sa nakikita ng gilid ng kaniyang paningin, halos mapuno na ng mga bagong dating na kostomer ang kanina'y walang kumakain na mga mesa. Naramdaman niya ang pagbalik ni Jepoy.

"Akala ko wala na masyadong kumakain dito," sabi ni Syd

habang nakatingin pa rin sa mga tao. Sa isip niya'y naglalaro ang koneksiyon ng isang kainan sa kung ano ang nararamdaman ng isang tao sa pag-iisa. Hindi sa lahat ng pagkakatao'y may makakasama ang tao, may mga panahon na siya lang mag-isa at may mga panahon din na may makakaramay siya. Tulad ngayon, sa pansitan, may dumarating, tulad din ng naranasan niya kay Jepoy. Pero kung wala talaga, may presensiya. Iyon ang dapat makita, iyon ang nakalimutan ni Syd. Ang presensiya ng mga taong tulad ni Jepoy. *Siya sa sarili niya.*

"Dito po ba iyong dalawang *take-out*?" dumating na ang order nila Syd, sinabi na rin ang presyo ng kanilang mga kinain. Kinuha na niya ang kaniyang pitaka at kumuha ng pera, ngunit may sumama rito na mabigat na bagay. Isang palawit ng bulaklak na namumukadkad pa lang, hiningi niya ito sa kaniyang Ina nang mag-uwi ito ng iba pang mga bagay na binili niya sa kaniyang trabaho.

Bumalik sa kaniya ang sandaling 'yon, sinabihan siya ng kaniyang ina, *para ka talagang tanga, pambabae 'yan.* Pero hindi siya nakinig at nagpumilit. Ngunit ibinigay rin ito sa kaniya. Ipinangako niyang iingatan 'to at ngayon nga ay nasa kaniyang palad. Namumukadkad pa rin, hindi na natapos sa pamumukadkad. Ibinalik niya muli ang palawit sa loob ng kaniyang pitaka at iniabot ang bayad.

Nang makaalis ang nag-abot ng kanilang *order,* sumilip si Syd sa kaniyang cell phone. Nakita niya ang isang *message notification,* nang buksan niya ito nakita niya ang mensahe ng kaniyang Ina: *'Wag mo kalimutan magsaing. Bibili ako ng ulam, ano gusto mo?*

"Tara na?" nag-angat ng tingin si Syd kay Jepoy at tumango. Nang makaalis sila ay mabilis na napunan ang iniwan nilang lamesa. Bago tuluyang magpatuloy sa paglakad ay nagpaalam saglit si Syd na sasagutin muna ang *text* ng kaniyang ina: *May uwi po akong pansit at kung anong ulam na lang po ang mabili mo po.*

Nang maipadala na niya ang mensahe ay naglakad sila papalabas ng Sulucan. May kabilisan ang paglakad ni Syd na napansin ni Jepoy. *Nagmamadali ka ba?* tanong nito sa kaniya.

"Oo, gusto ko makita ulit ang ilog," sagot ni Syd. Natawa lang si Jepoy at sumunod. Gusto niyang makita ulit ang buong ilog, hindi na niya hahanapin ang repleksiyon sa tubig, hindi na niya kailangan. Gusto lang niyang magmahal, mahalin ang siya at ang mundo niya. Natapos na ang ulan, napagtanto niya, wala na rin ang bigat sa kaniyang loob. Para na siyang lumulutang. Nasisiguro niya na muling darating ang kalungkutan ngunit mas kaya niya na itong harapin. Kahit sa harap pa ng sariling repleksiyon.

***

"Ma, binili ko nga pala kanina…" pag-aalok ni Syd sa kaniyang Ina nang ilapit niya ang mangkok ng Pansit Alanganin sa tabi nito. Kumakain na sila ng hapunan. Sumalok ng sabaw ang kaniyang ina, tumango-tango, at muling sumalok hanggang sa hindi na ito tumigil. Nakangiting nanonood si Syd, hindi na maalis ang tingin sa kaniyang ina, sigurado siya na gusto rin nito ang Pansit Alanganin.



# LANCE ROMULUS DAYRIT

Si Lance Romulus Dayrit ay isang aktibista, tagasalin, manunulat, at kasalukuyang resource person sa UP Center for International Studies. Mababasa ang kaniyang mga akda sa Life UPdates ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing, Kalazine, Tapuzine Publikasyong Iglap ng Surian ng Sining, Entrada Journal, Manlilikha, at Kinaiya: Antolohiya ng mga Makabagong Tinig mula sa LGBTQIA++. Maaari siyang kontakin sa pamamagitan ng kaniyang email: lsdayrit1@up.edu.ph.

# TELEGRAM

HINDI KO MABILANG ang mga poster ng pulitiko at partylist na nakapaskil sa pader nina Aling Pipay habang naglalakad patungo sa kaniyang tindahan. Magkakahalo ang poster na nakapaskil. Parang haluhalo sa dami ng kulay. May poster ng Senador na akmang susuntok. May poster ng babaeng nakangiti habang balot ng pink na damit. May pulang-pulang poster ng lalaking nakangiti at may slogan na, SAMA-SAMA TAYONG BABANGON MULI. Sa kalapit na bahay, ginawang panaklob ng Yamaha MIO i125 ang trapal ng kandidato sa pagka-gobernador, si Meyor Bryan — ang kasalukuyang meyor na asawa ng dating mayora ng aming bayan na si Abby Mallari. Dalawang araw na lang, eleksiyon na.

Tanaw ko sa 'di kalayuan ang nagkukumpulan at 'di-magkamayaw naming mga kapitbahay na nasa barangay hall. Sabik na naghihintay

ng pakimkim at ayuda mula sa bata ng mga kumakandidatong pulitiko. Suot ng karamihan ang kanilang pulang baller bracelet at t-shirt. Para silang pulutong ng langgam na may misyong kumalap ng makakain para sa tag-ulan. Sama-samang naglalakad sa lubak-lubak naming kalsada na taon-taon na lang kung ipagawa.

Kahapon ko pa tinanggap ang suhol, este tulong, na iniabot sa amin ng poll watcher ni Meyor Bryan. Nagkakahalaga lang naman ang tulong ng dalawang libo. 1,500 naman na may kasamang sardinas at iba pang grocery ang bigay ng kaniyang katunggali na si Dr. Janice. May bonus din na walis tingting at sabong panlaba (na sabi ni Ima ay halos hindi bumula).

Si Dr. Janice ang kaapu-apuhan ng tagapagtatag ng bayan ng Angeles na si Don Ángel Pantaleón de Miranda. Tumatakbo rin ang anak ni Janice na mukhang tiyanak sa pagkakonsehal. Hawig na hawig ng anak niyang si Arthur ang pinaghihinalaan ng lahat na ama nito—walang iba kundi si Congressman Jojo, na mukha ring lamanlupa. Isa sa pinakakurakot na kongresista sa aming probinsiya. Dawit lang naman siya sa Pork Barrel Scam kasama si Napoles. Nangako siya ng sako-sakong abono at bote-boteng pestisidyo sa mga magsasaka, pero walang kahit na anong dumating kundi peste.

Hindi lingid sa buong bayan na kabit ni Congressman Jojo si Dr. Janice. Tuwing may okasyon kasi o pista, laging pinupulutan ng mga tambay at marites ang buhay ng ibang tao. Lalo na ang mga pulitiko. Kilalang babaero talaga si Congressman Jojo kahit noong kabataan pa niya. Biro nga ng karpinterong si Mang Joni na suking tomador sa tapat ng tindahan ni Aling Pipay, *balang distritu atin yang number*

*2 i Cong. Jojo*. Sa murang isip ko, ganito pala gumagana ang political dynasty. Sila-sila rin ang nagkakabitan.

Pagtungtong ko ng disiotso no'ng nakaraang taon, sa halip na pagbawalang magka-girlfriend, binilinan agad ako nina Ima at Koya na magparehistro agad sa COMELEC. *Bulbulan na ka, agyu mu nang magbotus*, sabi sa akin ni Ima. Nawindang ako sa narinig ko: mabulbol ka na, kaya mo nang mag-bottom. Shet, tama ba ang dinig ko? Kayâ pinaulit ko kay Ima ang sinabi niya at pinakinggan ito nang mabuti. 'Yun pala, káya ko na raw bumoto.

Minsan ko ring pinangarap na makapag-jowa ng pulitiko. 'Yung may malawak na hacienda, bahay na may swimming pool, kayang magbakasyon sa Amanpulo resort para kumain ng 750 pesos worth ng turon, at may benteng maskuladong bodyguard. O kahit hindi na asawa, sugar daddy lang pwede na.

Subalit biglang lumikha ng larawan sa isip ko ang convoy ni Governor Arcilla na pinaulanan ng bala walong araw pa lang ang nakalilipas. Napanood ko kasi online sa TV Patrol, pinaulanan ng bala ang Toyota Land Cruiser Prado ni Gob. Arcilla. Basag ang windshield at magkabilang bintana, samantalang tadtad naman ng butas ang mga pinto. 179 basyo ng bala at matataas na kalibre ng baril gaya ng M-16 ang narekober sa pinangyarihan ng insidente. Nakipagpalitan pa ng putok ang mga escort sa loob ng apat na minuto. Mabilis na nagpulasan ang mga goons. Patay ang limang bodyguard ni Gob at isang babae na 23 taong gulang. Sugatan naman sa braso at sikmura si Gob. Arcilla pero naitakbo agad sa Sacred Heart Hospital. Doon na siya binawian ng buhay matapos maubusan ng dugo. Hindi pa

malinaw ang motibo ng mga salarin. Ayon sa balita, dawit daw ang pangalan ni Gob sa drug matrix ng presidente patungkol sa mga nagpupuslit ng droga sa Bilibid. Pero may pakpak ang balita.

Dalawang block lang pala ang layo ng bahay ng babaeng napaslang mula sa tirahan namin. Bumisita ako sa kaniyang lamay. Nakapaskil doon ang isang tarpaulin na naglalaman ng kaniyang larawan. Payapang nakangiti. Nakalugay ang malago at kumikinang sa itim niyang buhok. Doon ko natuklasan ang kaniyang pangalan. Lily San Juan. Nagtatrabaho raw siya bilang guest receptionist sa isang sikat na hotel banda sa Fields Avenue sa Barangay Balibago.

Pumirma muna ako sa funeral register book saka pumasok sa loob ng kanilang makipot na bahay nina Lily. Nakasabit pa rin ang Christmas lights nang nagdaang pasko. Kumukuti-kutitap. Tinamad na yata silang alisin. Inalok naman ako agad ng isang batang babaeng naka-ponytail ng kape at biskuwit na galing sa malaking lata. Walang tanong-tanong. Akala niya siguro, magsusugal ako. Napansin ko na masigla ang pasugalan sa lamay. Sa isang mesa may nagtotong-its, sa kabila naman ay may nagmamahjong, samantalang sa dulong mesa may nagkukuwaho. Sa isip ko, *siguradong tiba-tiba na naman si Cong. Jojo nito*.

Umupo ako sa gilid habang tahimik na sumisimsim ng kape. Tahimik na lumalagok ng mainit na tsismis mula sa mga nagkukuwaho. Ang tea sis, paboritong kalaguyo ni Gob si Lily. At batay sa sabi-sabi, asawa raw ni Gob. Arcilla ang nag-utos sa pananambang.

NAHIMASMASAN ako sa paghihinagap nang makarating sa harap

ng tindahan ni Aling Pipay. Sinalubong niya ako habang nakaputong ang dilaw na tuwalya sa kaniyang ulo. Saka ko inabot ang limandaang piso.

"Pa-load nga po ng 400."

"Regular o itong promo 'nak?" tanong ni Aling Pipay habang sarap na sarap na ngumunguya ng pritong mani mula sa stainless na mangkok. Bago ako makasagot ay muli siyang nagtanong.

"Mani?" alok niya sa akin. Umiling ako na tila hihiwalay ang ulo sa aking katawan.

"Regular lang po. Ako na po ang bahalang mag-register," nakangiting tugon ko.

"Ala kayung WI-FI, ne? Naku, ala rin sa 'min."

"Wa pin, para king online class mi atche."

Pagpasok ng load ay nagpasalamat ako kay Aling Pipay. Dali-dali akong tumakbo upang umuwi pabalik ng bahay. Ni-register ko agad ang load na 399 para maging 24GB magic data. Tatagal din ito ng ilang buwan basta matipid ang paggamit. Minsan isang linggo lang naman ang online class sa bawat subject. Karaniwang hindi rin inoobliga ng mga propesor na dumalo sa sinkronong sesyon ang mga mag-aaral dahil tila pagong sa bagal ang internet connection sa bansa. Ngunit lagi pa rin akong pumapasok para lang makita ko ang ilan sa mga kaklase ko na ubod ng gandang lalaki. Sila 'yung tipo ng mga estudyanteng tambay sa gym at lumalaklak ng creatine. Mahilig i-flex ang biceps, triceps, at abs. Tipong araw-araw ipinapaskil sa My Day ang gym workout. Malaman at 'sintigas ng hollow blocks ang kalamnan pero ampaw naman ang utak. Unang taon ko pa lang sa

UP Diliman noong makilala ko sila. Tipikal na anak-mayaman. Suki ng Starbucks at mga sosyal na café para doon mag-aral.

Isa sa mga pinagpalang tulad nila ang nakilala ko. Si Clark Roque—ang engineering student na bumihag sa 'king titig at laman ng aking bawat panaginip. Taglay niya ang nangungusap na mata ni Daniel Padilla, ang namimintog na bisig at dibdib ni Marco Gumabao, ang malasutlang kutis ni James Reid, at ang mapanghalinang labi at ngiti ni Enrique Gil. Para akong matutunaw tuwing makikita ko siya sa aming klase sa Kasaysayan 1. Minsan kaming naging magkagrupo sa klase. Pero mabilis ding naglaho ang pagtingin ko sa kaniya. Kahit nalaman ko na anak pala siya ng payaso ng Malacañang, hindi nagmaliw ang pagtingin ko sa kaniya. *Iba naman ang anak sa magulang*, katwiran ko. Pero lumabas din ang kaniyang tunay na pagkatao. Sa isang kaswal na huntahan sa group chat, buong kumpiyansa niyang sinabi na sapiosexual daw siya at mahilig sa kasaysayan. Siyempre, para mapansin niya, umasta akong matalino. Tinalakay ko ang Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar at ang naging tugon dito ni Ramon Guillermo sa kaniyang aklat na Pook at Paninindigan. Matapos magpasiklab, hindi na niya ako kinausap kailanman.

"HINDI AKO MAGIGING KABIT!" sagradong pangako ko sa sarili. Hindi ako paladasal pero madalas kong idinadalangin sa mga santo at santa na tuparin ang pinakaaasam kong hiling. Kulang na lang bumulong ako maging sa patay. Pangarap kong makahanap ng kabiyak na magpapalasap sa akin ng "puro" at "tunay" na pag-ibig.

Tulad ng kape. Cliché man na maituturing, ang mga katangian ng isang kape ang hinahanap ko sa aking magiging jowa. ’Yung barako at matapang. Kayang gisingin ang aking diwa. At siyempre pa, ’yung káya akong panindigan at ipaglaban. Kahit segundaryo na ang hitsura. Basta pogi pa rin.

Hindi naman ako galit sa mga kerida. Kesehodang nagkaroon ng ’di bababa sa limang kabit si Papa. Sinikap naman ni Papa na ipagpatuloy ang pagsusustento sa aming anim na magkakapatid. Tila wala rin namang pagtutol si Ima sa mga seksuwal na ekspedisyon ng kanyang bana. Malapit ko na nga siyang ipetisyon noon sa simbahan para gawing santa sapagkat labis siyang mapagpatawad. O marahil marunong talagang maglihim ang mga mag-asawa ng kanilang alitan.

Pero kung meron mang bagay na hindi lingid sa amin, ’yun ang dahilan ng hiwalayan nila ni Ima. Sugal. Nalulong si Papa sa pagsusugal noong nagsisilbi pa siyang waiter sa Casino. Noong una, slot machine lang ang tinayaan niya hanggang sa nahumaling na rin siya sa ibang sugal tulad ng roulette at poker. Panay rin ang taya niya sa jueteng pati na sa basketball ending. Hanggang sa naadik na rin siya sa mahjong at pagkukuwaho. Dahil dito nalubog sina Ima at Papa sa utang. Araw-araw may pumupunta sa bahay namin na kolektor mula sa mga lending companies para maningil ng utang. Dito kami nagsimulang matutong magsinungaling, maliit pa lang kami. Kapag may kumakatok na kolektor sa bahay, sabihin lang daw namin na wala si Mama sa bahay kahit nandoon naman talaga siya. Kaya mahigpit na bilin sa amin ni Ima, huwag na huwag kaming

magsusugal dahil kapag nahuli niya kami, wala na kaming uuwiang bahay dahil palalayasin na niya kami.

Kaya mas nagalit ako sa sugal kaysa sa mga kabit ni Papa. In fairness, wala akong masamang tinapay sa mga kabit. Sa 'kin lang naman, hindi prayoridad ang mga kerida. Kumbaga sa ranking, top 2 ka lang. Anumang oras, pwedeng isantabi. Anumang oras, pwedeng itapon kapag pinagsawaan o pinaglumaan. Taliwas ito sa nakasanayan ko na palaging nangunguna sa lahat ng bagay. Laging binubusog ng atensiyon, aruga, at papuri ni Ima. Laging panalo sa paligsahan. Laging bida sa teatro. Laging mataas ang grado. Grumadweyt pa nga na salutatorian. Bakit ko naman ibababa ang pamantayan ko sa pakikipagrelasyon?

Itinaga ko sa bato na hindi ko kailanman babaliin ang sumpa ko sa sarili. Ngunit tulad ng pangakong inilista sa tubig ay naglaho rin ito na parang bula nang minsang dumagil sa aking malikot na isipan ang bumisita sa websayt na Omelette. Inirekomenda kasi ito sa akin ng kaibigan kong si Denise. Dito raw nila nakilala ang kanilang mga jowa. At sa edad ko ngayon, dasurv ko rin naman ang lumandi.

You both like UPD, UPLB, and UPM

Nauna siyang mag-type. "M," bitaw niya.

"M," tugon ko. "Isko?"

"BBM," sagot ng estranghero.

Kagyat kong winakasan ang kumbersasyon. Ekis agad para sa mga sumusuporta sa anak ng diktador.

Mahigit 30 minuto na ang lumipas at wala pa rin akong matinong kausap sa Omelette. Tulad ng binating itlog, dito nagkahalo-halo ang ligaw na kaluluwa ng mga estrangherong nais makasumpong ng walang ngalang kausap. Pwede sa Omelette ang chat o video. Nakasaad din sa paalala na 18 taong gulang pataas lang ang maaring gumamit nito. Pinili ni ko ang chat. Inilagay bilang interes ang mga sumusunod: UPD, UPM, UPB, UPV, ADMU, DLSU, at UST. Mainam din ito upang magkaroon ng tsansa na maipares sa mga estudyanteng nagmula sa naturang paaralan.

Kung hindi mga lalaking uhaw sa laman, nais makipag-sexting, o homophobic, nakatatapat ko ang mga dalagang naghahanap ng kausap bunga ng pagkabagot. Hanggang sa dumating ang isang anonimong binata mula sa Kolehiyo ng Agham.

Nagsimula ang lahat sa payak na kumustahan hanggang sa mauwi sa palitan ng mga detalye. Kuwento hinggil sa acads. Kurso. Edad. Oryentasyong seksuwal. Mga kursong GE na kinuha. Terror Profs. Mga librong hilig basahin at genre ng K-drama series na madalas panoorin. Binanggit ko na nasa ilalim ako ng programang sosyolohiya. Samantala, biology naman ang sa estranghero at dalawampung taong gulang ang edad. I'm interested in science, sabi ko. Inaral ko nga nang mag-isa ang ilang konsepto sa theoretical physics gaya ng general at special relativity ni Einstein. Kung paanong magkahugpong at hindi mapaghihiwalay ang espasyo at oras.

Mahilig din naman sa pilosopiya at panitikan ang estranghero. Nabasa na raw niya ang ilan sa mga akda nina Albert Camus, Jean-Paul Sartre, Haruki Murakami, Ernest Hemingway, F. Scott Fitzgerald, at

Garcia Marquez. At ang higit na kagila-gilalas ay binabasa rin niya ang mga sulatin nina Jun Cruz Reyes, Edgardo Reyes, Allan Derain, Carlos Piocos, at iba pang Pilipinong manunulat. Manghang-mangha ako sa isdang aking natagpuan sa lawa ng mga walang ngalan. Pinaigting niya ang kalabog sa aking dibdib, pinabilis ang pitik at pintig ng aking pulso, pinapula ang magkabila kong pisngi, at pinainit ang aking tainga at katawan. Unti-unting sumibol mula sa aking mapusyaw na mga labi ang matamis na ngiti. Tinamaan na nga ng lintik si badette! *Siya na siguro*, wika ko sa sarili.

Inabot ng hanggang alas singko ng madaling araw ang pag-uusap namin nang itanong ng estranghero ang tanong na inaasahan ko ngunit hindi ko pa handang sagutin, "Btw, u got Telegram? What's ur username?"

Natigilan ako saglit. Tumingin sa kisame. Natanga. Tumitig sa screen ng cellphone. Nag-aapuhap ng isasagot. Paano ba naman kasi, nais niya akong dalhin sa Telegram: Ang notoryus na app ng mga kabit! Marami kasi itong features tulad ng timer, kung saan maaring i-set kung ilang segundo lang ang itatagal para makikita ng kausap ang ipinadalang larawan at matapos nito ay kagyat na maglalaho na lang. May opsiyon din na burahin ang buong kumbersasyon para sa dalawang panig. Gayundin ay pwedeng i-block kaagad ang kausap. Madaling iligpit ang ebidensiya. Maaasahang kaibigan ng mga nais mangaliwa at magkubli ng lihim.

Nais ko sanang itanong sa estranghero kung ano ang pangalan niya sa Facebook pero baka magdiskonek na siya. Alangan kong ipinagkaloob ang aking username: @Foucault02.

Mabilis na nagpaabot ng mensahe ang estranghero sa akin sa pamamagitan ng Telegram. At doon na nga nagpatuloy ang aming usapan hanggang sa sumunod na mga araw. Nalaman ko na Kapampangan din pala siya. Na ang pangalan pala niya ay Jericho. Sa loob ng maikling panahon, madali kaming nagkapalagayan ng loob. Katunayan, babe na ang tawagan namin. Kaya naming pag-usapan ang mga bagay nang walang pagkukunwari. Subalit may sasabihin daw siya sa akin na huwag ko raw sanang ikagulat. Ipinangako ko na hindi ako mabibigla. Pero nagitla pa rin ako sa kaniyang pagtatapat. Anak daw siya ni Governor Arcilla. Eredero ng isa sa pinakamalaking panginoong maylupa sa Pampanga. Kontrolado rin nila ang mga iligal na pasugalan sa aming bayan. *Wow, matutupad na ang pangarap kong magkajowa ng pulitiko, este anak ng pulitiko,* pagbubunyi ko.

Wala akong tinanong na kahit ano tungkol sa kaniyang ama, kahit na matindi ang pangangati ng aking kuryosidad tungkol sa insidente. Dalawang buwan pa lang ang nakalilipas matapos ang pananambang. Pero kusa niyang ibinukas sa akin ang paksa na parang bukas ay aalukin na niya ako upang magpakasal.

"Kilala ko kung sino ang nagpa-ambush kay Papa, babe!" bulalas ni Jericho. Nag-alangan akong sumagot. Tinanong ang sarili, *Bakit ganito na lang ang pagtitiwala ng taong ito sa akin?* Higit na katiwa-tiwala pa siguro ang bagong kakilala kumpara sa kapamilya.

"Sino sa tingin mo?" usisa ko.

"Si Congressman Jojo."

"Sigurado ka?"

"Oo. Pinapatay siya ni Congressman Jojo dahil nalaman na ni Dad na si Congressman Jojo pala ang tunay kong tatay," matapos ang sampung segundo ay biglang naglaho ang kaniyang mensahe.

Nagimbal ako. Biglang natuyo ang aking lalamunan.

"I feel sorry for him, babe. But he's better off dead! Papatayin din niya ako sooner or later…."

"Plus he's homophobic. Pinagalitan niya ako once for using his Porsche which I used to meet yung ka-hookup ko kasi for repair ang car ko. Sabi ko sa kahook up ko sa hotel na lang kami. But he insisted that he wanted car fun. Pag-uwi ko pinagalitan niya ako. Amoy tamod daw ang kotse pagkatapos kong gamitin."

"Please keep this a secret," pahabol niya hanggang sa maglaho na rin ang mga nauna niyang mensahe.

Tumindig ang balahibo ko. Mabilis na gumapang sa akin ang takot. Bagaman nakaramdam din ako ng awa sa kaniyang kalagayan, hindi ko alam kung paano tutugon. Blinock ko siya sa sobrang taranta at pagdadalawang-isip.

Matapos ang pansamantalang ligaya ay narinig ko ang pag-alingawngaw ng katahimikan. Mag-isa na lang akong muli sa aking munting silid.

Hindi na muna ako pumunta sa Omelette o sa Telegram matapos ang pakikipag-usap kay Jericho. Nais ko munang mapayapa ang aking isip. Yakapin ang katahimikan at halikan ang pag-iisa. Sinubsob ko na lang ang sarili sa pag-aaral at pagkumpleto ng natitirang requirements sa klase. Matatapos na ang unang semestre.

PATULOY PA RIN NA HINAHANAP ang mastermind sa pagpaslang kay Governor Cesar Arcilla ng Pampanga, sabi ni Noli De Castro habang nanonood ako ng TV Patrol. Ayon raw sa lumutang na mga testigo at ebidensya, si Meyor Brian na nagwagi bilang Gobernador nitong nakaraang eleksiyon ang itinuturong utak ng ambush.

Katatapos lang ng semestre. Bakasyon. Dapat lang akong magpahinga. Humiga ako sa aming sofa. Huminga nang malalim at naidlip. Ngunit ginising ako ng pag-vibrate ng aking phone. Mayroong nagpadala sa akin ng friend request. Agad kong tinipa ang icon for friend request. Doon tumambad sa akin ang isang pamilyar na pangalan.

Friend requests 38 See all
**Jericho Arcilla**
26 mutual friends

Confirm Delete



# HONORIO BARTOLOME DE DIOS

Guro sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan - Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan, UP Diliman si Honorio Bartolome de Dios. Inilimbag ng UP Press noong 1998 ang kanyang koleksiyong Sa Labas ng Parlor. Nagtapos si Nori ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat noong 2022 sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) sa Unibersidad ng Pilipinas.

# Reyna

Tulad ng dati, tanging ang gagapurit na ilaw ng selpon lang ang tanglaw ni Renante patungo sa lagusan. Kalkulado ang kanyang mga hakbang, iniingatang makatapak ng siit o sanga ng kahoy na maaaring gumising sa kung anumang lamang-lupa o engkantong namumugad daw sa lagusan. Iyon ang tawag ng mga taga-San Bartolome sa yungib—lagusan dahil doon nga raw dumadaan ang mga engkanto at lamang-lupang nanggagaling pa sa kabilang bahagi ng kagubatan papunta sa kanilang mga lungga sa ilalim ng lupa. Takot mapadpad ang mga taga-baryo sa lagusan. Huwag na huwag mo daw dadaplisan ni katiting na sulyap ang bunganga ng yungib dahil kapag nagkagayon, mahahalina kang pumasok sa lagusan at hindi na muli pang makalalabas. Tulad ng sa iba pang sabi-sabi sa baryo, marami ang naniniwala sa bagsik ng mga engkantong paglaruan ang iba't

ibang bahagi ng katawan ng tao: bukol sa suso, ga-santol na kuntil sa mata, lumawlaw na bayag, o kaya nama'y matinding lagnat na makaraan mong magdeliryo'y tatakasan ka ng bait. Kaya naman, nanatiling madawag ang bahaging iyon ng gubat.

Tumigil sa paglalakad si Renante, pinatay ang ilaw ng selpon at saka naupo sa nakausling ugat ng isang mayabong na puno ng akasya. Lumingon siya sa pinanggalingan, inaninag kung may sumusunod sa kaniya. Sino naman kaya ang maglalakas-loob na sundan siya sa gubat, lalo na sa gabing ito? Baka bumuntot na naman sa akin si Britni, sa loob-loob ni Renante. Pero tiyak niyang nakatali ang alagang aso nang lumabas siya ng bahay kanina. Umihip ang hangin, hatid ang halimuyak ng sari-saring bulaklak ng puno at halaman at sangsang ng mga nabubulok na prutas at patay na hayop na inaakala ng marami'y amoy ng hininga ng mga engkantong nanggagaling sa loob ng yungib. Nang matiyak na walang sumusunod sa kaniya ay muling naglakad si Renante. Isang pulutong ng alitaptap ang sumalubong sa kanya pagdating niya sa bunganga ng lagusan.

Unti-unting nabalutan ng liwanag ng gasera ang loob ng yungib. Naupo si Renante sa harap ng isang kahon at saka isa-isang inilabas ang mga inipong magasin na hiningi sa mga kakilala sa tuwing siya'y napapadpad sa bayan. Tumambad ang larawan ng iba't ibang babae, karamihan ay maputi, pero may maitim din at tulad niyang kayumanggi. Ang iba'y buong mukha ang nakabalandra sa pahina, ang iba nama'y buong katawang nasa iba't ibang antas ng kahubdan ang ipinakikita. Pero lahat sila'y makikinis ang balat. Hindi pa yata nadapuan ng kahit na anong insekto ang mga ito sa tanang buhay nila,

sa loob-loob ni Renante. May ilang salitang Ingles siyang nauunawaan pero balewala iyon kay Renante. Ang mahalaga'y natititigan niya ang bawat hugis, kurbada, linya, at kulay sa mga larawan ng kagandahang idinadambana ng mga babasahing pampaganda.

Nagsindi siya ng sigarilyo. Binuklat ang isang magasin. Minasdan ang mukha ng isang babae, maputi ang balat, kulay ginto ang buhok. Hinagod ng kayang daliri ang pisngi ng babae, ang arko ng mga kilay, ang pilantik ng mga pilikmata. Binuklat niya ang isa pang magasing puno ng mga larawan at drowing kung paano magpaputi at magpakinis ng balat, paano inaarkuhan ang kilay, paano kinukulayan ang pisngi at labi, kung paano itinutuwid ang nangungulot na buhok, kung paano kinukulot ang tuwid na tuwid na buhok, kung ano ang magandang kulay sa buhok kung ikaw ay edad 50 pataas, kung paanong hindi lalaylay ang mga peleges sa mukha kung ikaw ay edad 60 pataas. Sandaling tumigil si Renante, tumayo at tinungo ang isa pang kahon at saka inilabas ang maliit na bote ng empi, nangangalahati na ang laman. Tinagayan ni Renante ang sarili sa isang babasaging tasang pingás na ang hawakan. Paglagok sa alak ay sumandal siya sa malamig na pader ng lagusan. "Ang hirap namang maging maganda," naisip niya. "Ang mahal maging maganda."

***

"Nante, huwag mong kalimutang pumunta sa barangay," paalala sa kanya ng Inang si Salve. Alas-singko y media pa lamang ng umaga ngunit tanghali na ito para sa kanilang buong mag-anak. Kung hindi siya tinanghali ng gising ay nasa bukid na sana siya ng mga Rosales sa mga oras na ito, nag-aararo, o kaya'y naggagamas, o kaya'y ginagawa

ang kung anumang utos ng mga amo. Mahirap abutan ng pagtirik ng araw sa bukid.

“Bilisan mo na diyan. Maaga kang pumunta kina Kap para siguradong makasama tayo sa listahan,” dagdag pa ng kaniyang Ina habang hinahango sa kaldero ang nilagang saging at kamoteng babaunin sa eskuwela ng kanyang mga kapatid at pamangkin.

“Maaga pa Ma,” mahinang sagot ni Nante at saka sinimulang magtimpla ng kape. Minasdan niya si Salve at noon lamang niya napagtantong hindi pala niya alam kung ilang taon na ang Ina. Sa tingin niya ay pinatanda na ito ng gawain sa bukid nang higit sampung taon kaysa tunay nitong edad. May bahagyang kúba na ang likod nito, mas marami ng ngipin ang nawawala, at mas marami pa ang nadagdag na puting buhok. Sa tantiya niya’y magsisisenta na ang Ina ngunit patuloy pa rin ito sa gawaing bukid at bahay. Lumapit sa kalanan si Renante, hinipan ang mapusyaw na baga ng uling sa kalan. Mabilis na namuo ang luha nang mahaplusan ng usok ng pinagniningas na uling ang mga mata. Pinahid niya ng suot na t-shirt ang luha.

“Ako na ’yan.”

“Ma, bakit hindi na lang si Papa ang pumunta kina Kap? Ako na lang ang magtatrabaho sa bukid ngayong araw.” Tulad ng dati, sa bukid na aabutan ng sikat ng araw ang kanyang Ama. Tuwing umaga, pagkahigop ng isang basong kape ay sa bukid na ito sinisikatan ng araw. Tiningnan lang siya ng Ina. Umupo si Renante, humigop ng kape. Kahit hindi sumagot si Salve ay alam ni Renante ang dahilan. Hindi nakapag-aral ang kanyang Ama at wala itong lakas ng loob

na dumalo sa kahit na anong mga pagpupulong, lalo na kung taga-Maynila ang kausap.

"Ilang taon ka na nga, Nante?" Nagulat si Renante sa tanong ng Ina.

"Bente-otso. Bakit ho?" Humigop ng kape si Renante. Lumapit sa kanya si Salve, hinaplos ang buhok ng binata.

"Ikaw na lang ang walang asawa, kaya ikaw ang hahalili sa Papa mo. Kahit papaano naman ay nakaabot ka ng hayskul."

Ipinaglagay siya ng Ina ng umuusok na nilagang saging at kamote sa pinggan.

"At sana naman ay may mangyari sa pulong na iyan. Kahit ano, pandagdag sa kita, pang-kapital, o pampa-reper lang nitong bahay. Naku, sana nga…."

Tiningnan lang ni Renante ang umuusok pang pagkain sa lamesa. Nasilip niya ang tatlong nakababatang kapatid at dalawang pamangkin na naghihilamos ng katawan sa poso.

"Ipabaon n'yo na lang kina Mike ang mga ito, busog pa naman ako. At saka baka may pa-meryenda ang taga-Maynila sa miting mamaya. Malay n'yo…." Tumayo siya at sinigawan ang mga batang naghaharutan sa may poso ng tubig.

"Mike, Prinses, bilisan n'yo na diyan. Huwag nang magharutan. Mare na at mag-almusal. Baka ma-leyt kayo sa iskul." Naupo muli si Renante at isinandal ang balikat sa kawayang haligi ng kanilang kubo. Bahagyang umingit ang dingding. Ganoon din siya noong nag-aaral, maaga kung gumising, pagkahilamos ay mag-aalmusal ng nilagang saging o kamote, minsan ay mais at ganoon din ang baong

pananghalian sa iskul. Tinyaga niya ang araw-araw na lakad, umaga't hapon, bitbit ang mga araling karamihan ay hindi niya maunawaan kung bakit kailangang aralin. Basta ang alam niya, mas malakas ang hiyaw ng kumakalam na sikmura kaysa nanggagalaiting boses ng guro sa tuwing hindi siya nakasasagot sa mga tanong. Kalauna'y nagpatong-patong ang mga school project na hindi niya maipasa-pasa kaya't laging pasang-awa ang grado. 'Sama na lang ako sa 'yo sa bukid, Pa, sabi niya isang umaga sa kanyang Ama. Ayaw ko nang mag-aral. Naalala niya, tiningnan lang siya ng Ama. Hindi na rin nakatutol ang kanyang Ina nang kinabukasan ay nakita nitong araro ang bitbit ng anak sa halip na mga gamit sa eskuwela.

Napatingin si Renante sa kabuoan ng kanilang kubo. Binulok at binutas na ng hangin at ulan ang sawaling dingding. Matagal na ring inirereklamo ng kanyang Ina ang mga tulo sa anahaw na bubong. Lumabas ng bahay si Renante, tinanaw ang lawak ng bukirin ng mga Rosales. Sana naman ay may mangyari sa pulong na iyan, naalala niyang bilin ni Salve. Mistulang batong dumagan sa kanyang dibdib ang pait at pagkaupos ng pag-asa sa boses ng Ina.

***

Nakasabay ni Renante ang ilang kababaryo habang naglalakad sa maalikabok at makitid na kalsada papunta sa bahay ng kapitan ng barangay. Napapagitnaan ang kalsada ng malawak na palayan at maisan. Nasa dulong kanluran ng mga palayan ang ilog na nitong nakaraang mga taon ay parati na lamang umaapaw sa baryo tuwing habagat at sa silangang bahagi naman ay tanaw ang matayog na bundok na nagkakanlong sa lagusan. Natanaw niya ang amang

nagtatrabaho sa bukid kasama ang lima-anim pang leybor. Kinawayan siya ng mga leybor samantalang tuloy sa ginagawa ang Ama. Kumaway si Renante pero ang tingin niya ay nasa isang malaking trak na nagbababa ng mga materyales na gagamitin sa itatayong tore ng cell site sa kanilang baryo. Sa susunod na Lunes ay kasama siya sa mga leybor na maghahalo ng semento at bato para sa itatayong bakal na tore. Pandagdag din sa kita nilang mag-ama.

Bago makarating sa bahay ng kapitan ay isang grupo ng mga kababaryo ang lumapit kay Renante. Tulad ng dati, iba-ibang klase ng tulong ang kanilang hinihingi kay Renante: kung pwede niyang tignan ang form na pinasasagutan ni kapitan, kung pwede niyang kausapin ang principal ng eskuwelahan tungkol sa napakagastos na project ng mga estudyante, kung pwede siyang sumama sa pakikipag-usap sa agricultural technician tungkol sa tulong pinansiyal sa mga nasalanta noong nakaraang baha na inabot na ng tag-araw ay hindi pa naibibigay sa mga magsasaka. Lagi't lagi ay hindi niya matanggihan ang mga kababaryong lumalapit sa kanya. Marami na nga ang kumukimbinse sa kaniyang tumakbo bilang kapitan ng kanilang barangay. At lagi't lagi rin ay ngiti at matinding pag-iling ang tugon ni Nante sa kanila.

***

Ilang taga-San Bartolome na ang dinatnan ni Renante sa bahay ng kapitan. Napaaga siya ng dating. Wala pa ang taga-Maynila na nagpatawag ng pulong. Pero duda na si Renante. Madalas na late sa itinakdang oras ng pulong kung dumating ang mga kapulong. Ilang oras na naman kaya kaming maghihintay, tanong ni Renante

sa sarili. Kinawayan siya ng grupo ng mga kasamahang farm laborer na pawang mga nakatalungko sa isang sulok ng bakuran. Tulad niya, dapat ay nagtatrabaho sila sa bukid sa mga oras na iyon, kahit papaano'y may maiuuwi sanang kita sa pamilya. Pero, eto, tengga na naman kami, sa loob-loob ni Nante.

"Kap, 'gandang umaga po," bati ni Renante sa kapitan habang nakikiumpok sa mga kasamahan. Tinanguan siya ng Kapitan.

"'Gandang umaga, Nante. Kape ka muna, anak. Hindi mo kasama si Ka Selo?"

"Nasa bukid na si Pa, Kap. Nagbabakasakali sa mais matapos manuyo ang mga palay. Kaso baka naman biglang bumuhos ang ulan."

"Oo nga. Nalugi din ba kayo? 'Taragis na panahon ito," iyon lang at nagsunod-sunod na ang litanya ng mga magsasaka.

"Pelyur nga, 'Tay. Biglang binalisawsaw ang langit. Natuyo ang mga palay. Walang nakabawi sa mga nagtanim."

"Palyado na nga ho ang panahon. Hirap nang tiyempuhan ang ulan at init. Napilitan nang sumugal sina Ka Selo sa mais. Haaaay!"

"Andiyan naman ang mga treyder na handang magpautang."

"E lalong hindi makapag-aasawa itong si Nante."

"'Di asawahin na lang niya yung anak ng treyder. Bayad lahat, pati utang ng lolo ng lolo niya."

Tawanan. Napangiti na lang si Renante.

"O, Nante, kailan uumpisahan ang tawer? 'Di ba raraket kayo du'n?" tanong ni Gorio na ama-amahan ng mga mga kasamá sa baryo.

"Sa isang linggo daw po, Tatay Gorio. Sayang din 'yung kikitain. Pandagdag sa badyet."

Sanay na sila sa mga ganoong papulong. Iba't ibang grupo ang nagpupunta sa kanilang baryo para magtanong tungkol sa kanilang kalagayan. Dadalo sila sa pulong at sasagot sa sangkatutak na tanong tungkol sa buhay nila sa baryo—sino ang pinakapuno ng pamilya, ilan ang babae at lalaki, ano ang pinagkukunan ng kita at iba pang kabuhayan, ano ang mga suliranin sa kabuhayan, ano ang kalagayan ng mga babae, ng mga bata. Kabisado na nila ang mga sagot sa pare-pareho namang tanong ng iba't ibang grupo. Pero sa paulit-ulit na papulong at pagtatanong, dama ni Renante na may nabubuhay na pag-asa sa kaniyang mga kababaryo, na baka sa kanilang pagsagot ay mabigyan sila ng kapital para sa abono at pestisidyo, na baka sa wakas ay magkaroon na sila ng irigasyon, na baka may paraang magawa para hindi na bahain ang mga taniman tuwing habagat, at marami pang ibang baka. Pero tulad ng mga nauna pang pulong, pagkaraang mabuhay sandali ang kanilang mga pangarap ay mag-uuwian sila sa kanilang mga kubo na binubulok ng araw, hangin at ulan, sa pagdidildil sa nilagang kamote at saging, sa humahabang listahan ng utang sa mga trader. At wala na silang maririnig pa mula sa mga nakapulong. Kaya kung si Renante lang ang masusunod, ayaw na niyang dumalo sa mga papulong ni Kapitan at ng kung sino mang grupo. Kung pangungunahan naman niya ang mga kasamahang magsasaka at farm labor, may makikinig kaya sa kanya?

Makapuslit na nga, naisip ni Renante. Isa-isa niyang tiningnan ang mga kababaryong naghuhuntahan habang hinihintay ang

pagdating ng mga bisita. Naisip niyang puntahan na lang ang Ama at tulungan sa bukid. Pasimple siyang lumakad papuntang likod-bahay, kunwa'y kukuha ng kape, nang may humintong tricycle sa harap ng bahay nina Kapitan. Bumaba ang dalawang lalaki at isang babae. Tumahimik ang mga naghuhuntahan, nagtayuan. Napahinto rin si Renante sa pagpuslit. Ito na yata ang hinihintay na bisita galing sa Maynila. Pero bakit ang aga yatang dumating? Bakit kaya naka-tricycle ang mga bagong dating, narinig niyang tanong ng isang kababaryo. Oo nga, bakit tricycle ang kanilang sasakyan, tanong din ni Renante sa sarili.

"Magandang umaga po," nakangiting bati ng isa sa mga lalaking bisita. Ibinaba nito ang sukbit na backpack at matikas na tumayo sa harap ng mga naghihintay na magsasaka.

"Magandang umaga din po mga sir, mam. Ako po si Miguel, Kapitan dito sa San Bartolome. Nasiraan po ba kayo ng sasakyan?"

Hindi agad nakasagot ang mga sakay ng tricycle.

"E kasi po'y napilitan kayong mag-tricycle. Maalikabok pa naman ang daan papunta dito sa amin. Nakakahiya sa inyo."

"Mga kaibigan, nagtricycle po talaga kami dahil alam na ninyo, pang-tricycle lang ang beauty ko. Hindi bagay sa mga SUV." Impit ang tawanan, halatang nahihiya pang pumatol sa pagbibiro ng kausap. Pero balewala iyon sa taga-Maynila.

"Sanay kasi kami na magagarang sasakyan ang naghahatid sa mga taga-NGO dito sa aming baryo, sir...."

"Tawagin po ninyo akong Troy, pero ang tunay ko pong pangalan ay Eduardo Sumilang. Kung bakit naging Troy ay hindi ko rin po

alam. Tanong na lang natin kay Kapitan," sabay kamay ni Troy kay Kapitan.

Mangilan-ngilan ang impit na tawanan.

"Magandang umaga Kap. Eto naman po si Cindy, first runner-up ko sa byu-kon." Tawanan ulit, mas malakas na at mas marami. Bahagyang umismid ang Kapitan.

"Hindi, biro lang. Si Cindy po at si Robert ay mga kasamahan ko sa opisina at nandito kami upang makipagkuwentuhan sa inyo."

Mabilis na sinimulan nina Troy ang pulong. Pumuwesto sa likuran si Renante. Tulad ng mga kababaryo niya, nanibago siya sa estilo ni Troy. Makuwento ito at palabiro, kahit pa nga tungkol sa mga suliranin nilang mga magsasaka ang pinag-uusapan nila, magaan at malaman ang kanilang talakayan.

"Mga mars, balita ko'y late daw dumating ang ulan ngayong taon? Ano na ho ang nangyari sa mga pananim ng mga magsasaka?"

"Hay nako, iho...." Hindi na naituloy ni Gorio ang sasabihin nang may tumapik sa tagiliran niya.

"Iha...ano ka ba?" bulong ng babaeng katabi ni Gorio.

"O, o...huwag kayong malito," singit ni Troy, walang bahid ng pagkapikon sa kanyang boses. "Troy, iho, iha, Princess, kahit ano pa itawag nyo sa akin, Ka Gorio, marinig ko lang ang makalaglag-brief mong boses."

Tawanan uli. Ngumiti si Renante, hindi maalis ang masid kay Troy. Baklang-bakla ito kung magsalita, makendeng habang nagpapaliwanag, panay ang wasiwas ng dalawang kamay at taas-baba ang mga kilay kung may puntong gusto nitong liwanagin.

Nagsalimbayan ang sagot sa mga tanong. Madaling napuno ng sulat ang blackboard at mga Manila paper sa paligid ng pulungan.

Lahat ay nakilahok at nagbahagi ng kanilang mga saloobin at pananaw. Hindi kasi puro tanungan at sagutan ang naganap sa pulong tulad ng nakasanayan na nila. Walang tigil ang kanilang huntahan habang sama-samang iginuguhit ang mapa ng kanilang baryo at minamarkahan ang mga lugar na unang-unang binabaha tuwing habagat, kung gaano sila kalayo sa bayan kung kaya't hirap silang makakuha ng tulong mula sa labas, lalo na sa gobyerno, at kung ano-anong pang yaman mayroon ang kanilang baryo na maaari pa nilang mas pagyamanin upang mapagkunan ng kabuhayan. Sa sumunod nilang gawain, namangha ang lahat nang mabuo nila ang isang puno at nailatag doon ang samutsaring problemang kinakaharap nila sa San Bartolome.

"Puno at ugat po iyan ng ating mga problema dito sa San Bartolome. Ayon sa inyo, ang mga nakalagay na suliranin sa mga dahon at sanga ay mga epekto ng mas malalim na problema na makikita sa...?"

"Ugat ng puno," sagot ng isa.

"Tama. Kaya kung hahanapan natin ng solusyon ang mga problema, importante na tinutugunan natin hindi lang ang mga sintomas kundi pati ang mga ugat. Sino po ang nais na maunang magtalakay tungkol sa mga problemang nakasulat diyan sa puno?" tanong ni Troy.

"E, 'yun na nga iho este Troy, tingnan mo, naitayo na ang mol sa bayan, pero wala pa kaming matinong bilaran at imbakan ng palay.

Napakahalagang mapatuyo ang palay dahil kung ito ay basa?"

"Hindi mabebenta!"

"Tapos, hindi makakabayad sa trader, kaya...."

"Mababaon pa uli sa utang!"

"Ay wala nang maibabaon. Lampas ulo na ang pagkalubog sa utang!"

"E di nalibing na sa utang!"

Sinundan iyon ng tawanan.

"At saka, Troy, ngayon naman, mauuna pang itayo dito sa baryo 'yang tawer ng selpon, samantalang 'yung irigasyon na ang tagal na naming hinihingi, hanggang ngayon wala pa rin. Mas lalo naming kailangan ngayon ang irigasyon dahil hindi na namin matantiya kung kailan uulan at kailan iinit. Marami sa amin ang nalulugi kapag wala sa panahon ang aming pagtatanim," halata ang gigil sa boses ni Gorio.

"Sir Troy" sabad ni Kap, "Kailangan pa bang grumadweyt sa unibersidad para malaman ng mga taga-DA at Meyor kung gaano kahalaga ang irigasyon kaysa sa tawer ng selpon at mol?"

Iyon na ang hinihintay na pagkakataon ni Renante. Nagtaas siya ng kamay at saka tumayo. Sinenyasan siya ni Troy.

"Mawalang galang na po Sir Troy," naglingunan ang lahat sa likuran, "matagal na naming iniinda ang mga problemang iyan. Bawat pagdalo namin sa pulong—mapa-gobyerno o mga tulad n'yo na NGO, tinatalakay namin 'yan. Kaya lang, wala namang nangyayaring pagbabago sa amin." Ibinaling ng mga kalahok ang mga nanlalaki nilang mata kay Troy, karamiha'y tumatango-tango

bilang pagpapahayag ng tahimik nilang pagsang-ayon sa kababaryo.

"E Sir Troy, ang ibig pong sabihin ni Nante ay..." gumaralgal ang boses ni Kapitan sa pagtatangkang linawin ang sinabi ni Renante. Naisip niyang baka napahiya ang kanilang mga bisita dahil sa sinabi ni Renante.

"Kapitan, ok lang. Malinaw naman ang pagkakasabi ni Nante. Ang tanong ko lang po ay kung iyon din ang pakiramdam ng nakararami sa inyo."

"Aba'y oo naman Sir Troy. Tama naman ang tinuran ni Nante," mabilis na sagot ni Tatay Gorio. Sinundan iyon ng marami pang pagsang-ayon mula sa mga magsasaka.

"Kung ganoon po, pwede ba nating pagtulung-tulungang hanapan ng solusyon ang mga tinukoy ninyong problema?"

Nagkunot ng noo ang ilang kalahok.

"E hindi po ba kayo ang magbibigay ng solusyon, kasi kayo naman ang may pondo?"

"Oo nga. Kaya nga kayo nagpunta dito sa baryo namin, kahit napakalayo sa kabihasnan."

"Tutulong po kami sa paghahanap ng solusyon, pero naniniwala po kami na kayo ang mas nakakaalam kung paano sosolusyunan ang inyong mga problema. Ang role po namin nina Cindy at Robert ay tulungan kayong magsuri at maghanap ng mga pamamaraan. Pero kayo po ang mangunguna."

Minasdan ni Troy ang mga kalahok na noo'y nanahimik habang wari'y naghihintay ng kung sino sa kanila ang makakatugon sa kanyang sinabi. Napansin ni Troy na may ilan sa kanilang sumulyap

kay Kapitan at Gorio, pero tahimik lang din ang dalawa. Hanggang mapansin niya ang pagtayo ni Renante at pagtataas nito ng kamay. Madalang itong magsalita pero napansin ni Troy na ito ang tanungan ng mga kalahok sa mga grupong gawain. Magalang magsalita si Renante, malalim ang boses, at matiyaga magpaliwanag sa mga kasamahan. Nakita rin ni Troy na malaki ang tiwala ng mga kalahok kay Renante.

"Nante, may sasabihin ka?"

"Mga kasama, tama si Troy na tayo dapat ang manguna, hindi sila. Tayo naman ang humaharap sa problema, hindi po ba? Nasanay kasi tayong tanggap lang nang tanggap kung anuman ang sabihin o ibigay sa atin. Kahit kadalasan pag-asa lang ang iniiwan sa atin ng gobyerno o ng anumang grupo, tinatanggap pa rin natin. Pero kung tayo ang gagawa ng solusyon, sarili lang natin ang aasahan natin, hindi po ba?"

Nagtanguan ang mga kalahok. Nagpalakpakan sa sinabi ni Renante.

"E Troy, anak, paano ba natin sosolusyonan ang sangkaterbang problemang iyan ng San Bartolome?" tanong ni Gorio.

Muling nagtaas ng kamay si Renante.

"Sa totoo lang, kahit pa alam natin ang solusyon sa ating mga problema, mahirap pa ring kumilos kung walang suporta ang gobyerno sa atin. Tama ba ako Sir Troy?"

"Kuuu, aasa na naman tayo sa gobyerno e wala na nga tayong mahita sa kanila," sabad ni Kapitan.

"May tama ka diyan, Renante! Kasi ayon sa batas, ang may

pangunahing obligasyon para paunlarin ang mga komunidad at suportahan ang mga inisyatiba ng mga sektor na tulad ninyo ay ang pamahalaan—mula sa barangay, hanggang sa munisipyo hanggang sa pamahalaang nasyunal. Naaayon iyan sa ating mga karapatan bilang tao at mga magsasaka. Kaya hindi tayo aasa, Kap. Bagkus, kukunin natin ang nararapat na para sa atin."

Namulagat ang mga nagpupulong. Unang beses nilang narinig ang tungkol sa karapatan at batas. Sandaling nanahimik ang kapulungan.

"Naku, huwag kayong mag-alala, sasamahan namin kayo. Tatalakayin natin ang mga bagay na iyan, kung ano ang sinasabi ng batas na mga serbisyong dapat ay nakukuha ninyo sa pamahalaan. May mga inihanda kaming mga gawain para diyan. Pero pwede ho bang mananghalian na muna tayo? I'm sure, gutom na tayong lahat."

"Tama!"

Tuloy ang huntahan ng mga nagpulong habang nanananghalian. Hindi maubos-ubos ang kuwento tungkol sa mga problema sa kabuhayan sa San Bartolome. Tahimik namang kumakain si Renante sa isang sulok. Dinig niya ang bulungan ng ilang mga kababaryo.

"Sayang naman si Sir Troy."

"Oo nga. Ang galing sana niya ano."

"Guwapo pa. Kaya lang...."

"Shhh, huwag kayo maingay. Baka marinig, nakakahiya."

Mabilis tinapos ni Renante ang pananghalian at pagkaraa'y nagpalipas ng oras sa ilalim ng malaking puno ng kaimito sa likod-bahay. Nagsindi siya ng sigarilyo habang tinatanaw ang malawak na palayan ng mga Rosales na tinutusta ng araw. Naramdaman niya ang

mainit na hininga ng bukid sa kanyang mukha. Naririnig pa rin niya ang tawanan ng mga kababaihang nagkukuwentuhan tungkol kay Troy, ang kanilang paghanga sa galing nito at panghihinayang dahil sa kanyang kabaklaan. Hindi niya maintindihan ang nararamdaman sa mga oras na iyon. Lumingon siya sa umpukan ng mga kalahok at nakita niya si Troy, masiglang-masigla pa ring nakikipaghuntahan sa mga magsasaka na para bang ang tagal-tagal na nilang magkakakilala. Siya man ay may ganoong pakiramdam habang pinanonood at pinakikinggan si Troy sa pagpapadaloy nito ng pulong. Sa bawat pagtatanong nito, pagbibiro, pagtawa, pagsimangot, pagkunot ng noo ay naramdaman niyang parang hindi iyon ang unang beses na nakilala niya si Troy. Nakita niya ang sariling lumapit kay Troy at walang kaabug-abog na niyakap ito. Sa halip, ibinaling ni Renante ang sulyap sa bundok at hinagilap ang bahagi kung saan naroon ang lagusan. Bigla'y parang gusto niyang magpakanlong sa lagusan.

Dalawang araw pang nagpabalik-balik sina Troy sa San Bartolome. Bukod sa mga palihan ay naglibot-libot din sila nina Cindy at Robert sa baryo para makipaghuntahan sa mga magsasakang hindi nakadalo sa pulong. Isa si Renante sa naatasan ng Kapitan na sumama sa grupo nina Troy. Habang nag-iikot sa baryo ay nagulat si Renante nang kausapin siya ni Troy.

"Nante, gusto ko sanang mag-stay pa rito sa baryo ng ilang araw pagkatapos ng workshop natin. Pauunahin ko nang umuwi bukas sina Cindy at Robert. Pwede kaya na sa inyo ako makitulog? Mahina lang ako kumain promise."

"Ha? Bakit sa amin?"

“Ewan ko rin. Kung pwede lang naman.”

Pumulot ng putol na sanga ng kahoy si Renante para bugawin ang mga asong kanina pa bumubuntot sa kanilang grupo. Naupo sa gilid ng kalsada sa lilim ng malaking puno ng niyog sina Cindy at Robert. Mabilis niyang sinabihan ang dalawang lumayo sa ilalim ng puno ng niyog at baka mahulugan ng bunga. Tarantang tumayo ang dalawa at saka nagtawanan. Nagsindi ng sigarilyo si Renante at inalok si Troy. Umiling si Troy at nagpasalamat. Palayong ibinuga ni Renante ang usok.

“Kaya mo bang matulog sa matigas na papag at mag-almusal ng nilagang kamote at saging?”

***

“Gusto ko lang munang lumayo sa mga kasamahan ko sa trabaho, lumayo sa trabaho para makapag-isip.” Napansin ni Troy ang pagngiti ni Renante.

“Bakit ka napangiti diyan?”

“Wala, naisip ko lang, pwede ko rin bang sabihin ang ganyan? ‘Pa, hindi muna ako magle-labor ngayon. Lalayo muna ako sa bukid para mag-isip.’ Pero saan naman ako pupunta? Ano ang kakainin namin habang ako ay nag-iisip?”

Sabay silang nagtawanan.

“Tama ka. Kami lang siguro sa siyudad ang may ganitong paraan ng pagharap sa problema. Pero seryoso, hindi mo ba nararamdaman na may mga araw na gusto mong mapag-isa?”

“Palagi naman akong mag-isa. Pagkatapos ng gawain sa bukid, nag-iisa na ako.”

“Wala kang girlfriend?”

“Wala.”

“Boyfriend?”

Hindi sumagot si Renante. Tumingin kay Troy. Natigilan din si Troy.

“Sorry, Nante. Hindi ko sinasadya. Pasensiya na.”

“Sa lagusan.”

“Ha?”

“Sa lagusan ako nagpupunta kapag gusto kong mapag-isa.”

Matagal na walang umiimik sa dalawa habang binabagtas ang mga pilapil, ang natutuyong ilog, ang dating sapa, ang pagtatayuan ng cell site, ang bahagi ng bundok ng San Bartolome na nakakalbo na. Nasa bukana sila ng gubat nang magtanong si Troy.

“’Iyan ba ang gubat na sinasabi nilang lagusan ng mga engkanto at lamang-lupa?”

“Oo.”

“’Lika, puntahan natin.”

“Hindi ka natatakot?”

“Naniniwala ka ba sa sinasabi nilang nababaliw daw ang sinomang umapak sa lagusan?”

Napangiti si Renante.

“Halika.”

***

Narating nila ang lagusan bago pa lumubog ang araw. Pagpasok nila’y yinakap sila ng kakaibang lamig na galing sa kabilang dulo ng lagusan. Napansin ni Renante na nilalamig si Troy. Pinaupo niya ito

at binalabalan ng kumot na kinuha niya sa isang kahon. Pinagdingas din niya ang ilang tuyong dahon at kahoy para magbuga ng kahit kaunting init sa loob ng lagusan.

"Palagi ka rito?"

"Kung gusto kong mapag-isa."

Napangiti si Troy. Inilabas ni Renante ang bote ng empi at tinagayan si Troy sa tasang pingas na ang hawakan.

"Ano ba 'yung sinasabi mong kailangan mong pag-isipan?"

Tumungga ng alak si Troy. Napapikit ito sa tindi ng guhit sa kanyang lalamunan.

"Pagod na kasi akong makipagdiskusyon sa opisina. Wala naman silang alam gawin kundi mag-utos. Palibhasa, sila ang may hawak ng pera."

"Sinong sila?"

Ipinaliwanag ni Troy kay Renante na nag-iiba na ang pamamalakad ng opisina kung saan siya nagsimulang magtrabaho bilang development worker. Na dati-rati ay mas pinahahalagahan nila ang proseso ng pagbubuo at pagpapalakas ng samahan ng mga maralitang sektor tulad ng mga magsasaka.

"Hanggang sa unti-unti, nagbibilangan na lang kami ng output. Kung ilan ang naging kalahok sa pagsasanay, ilan ang nakinabang sa proyekto, ano-ano ang mga naging pakinabang, sino ang nakinabang; ilan ang babae, ilan ang lalaki, ilan ang bata, ang matanda." Napansin ni Troy na tahimik lang na nakikinig si Renante. Hindi niya alam kung nauunawaan nito ang kanyang mga sinasabi.

"Dito sa San Bartolome, ang gusto ninyo ay mag-organisa, hindi

ba?" tanong ni Troy at muling naglagay ng alak sa hawak na tasa.

"Iyon ang napagkaisahan namin kanina."

"Pero ang gusto ng opisina at ng donor, magtayo ang mga magsasaka ng pautangan para sa dagdag na kita ng mga magsasaka. Kung ganyang watak-watak kayo dito sa San Bartolome, ano sa tingin mo ang mangyayari sa inyo kung sa unang araw pa lang ay sinabihan ko na kayong nakahanda na ang pondo para sa nasabing pautangan?"

"Marami ang matutuwa, pero tulad ng dati, magkakanya-kanya rin kami."

"Tulad ng dati?"

"Marami kaming ganyang karanasan dito. Nagbasket-webing kami, tapa-meking, kaliwa't kanang bigasang bayan, kung anu-anong handikrap. Puro umpisa, walang natapos. Sakit sa puson. Bawat project, may kwento. May sumali sa samahan dahil sa proyekto, may bumitaw dahil sa proyekto, may nagtakbo ng pondo, may nag-away dahil sa pondo." Napuno ng halakhak nilang dalawa ang yungib. Kumaway ang ilaw ng gasera.

"Anong mangyayari ngayon sa 'yo?" tanong ni Renante.

"Gusto ko na silang layasan."

"Saan ka naman pupunta?"

"Ewan." Sumandal si Troy sa malamig na pader ng lagusan at saka hinapit ang kumot sa katawan.

"Haaay, nararamdaman ko na ang pagod. Pero masaya kayong katrabaho, Nante."

Nakatingin lang si Renante kay Troy. Namumungay na ang mga mata niya, dala marahil ng pagod at antok, sa loob-loob ni Renante.

"Huy, sorry talaga kanina, Nante," papikit-pikit na sabi ni Troy kay Renante. Minasdan lang siya ni Renante hanggang sa unti-unting pumikit ang mga mata ng taga-Maynila.

"Totoo naman," bulong ni Renante sa sarili.

***

Nagmulat si Troy ng kanyang mga mata. Hindi pamilyar ang pakiramdam kung saan siya nakahiga. Puro batong pader ang nakikita niya. Marahan niyang ibinaba ang tingin sa nagniningas ng gasera sa bandang paanan niya. Noon siya napabalikwas nang maalalang nasa lagusan nga pala siya. Pero nasaan si Renante? Mas malamig na ang paligid. Tiningnan niya ang oras sa cellphone. Maghahatinggabi na.

Mula sa isang bahagi ng lagusan ay lumabas si Renante, nakangiti ang mapupulang labi, singpula ng labi ng mga modelong nasa babasahing iniipon niya sa lagusan. Mahaba ang kanyang buhok na nakalaylay sa magkabilang gilid ng kanyang mukha. Marahan nitong iwinawasiwas ang laylayan ng kanyang suot na luntiang mahabang damit. Nagkislapan ang mga sequins ng damit nang tamaan ng ilaw ng gasera. Bahagyang nagkalaman ang kanyang dibdib. Kumikinang ang suot niyang tiara. Nagsimulang maglakad si Renante palapit kay Troy, marahang-marahan, wari'y sinasanay ang mga binti at paa sa taas at tulis ng takong ng suot niyang sapatos na nabili sa ukayan. Kasunod niya ang isang higanteng anino sa pader ng lagusan.

"Ako si Reyna. Pwede bang makipagkaibigan?"

Tumayo si Troy at ngumiti kay Renante.

"Ako si Troy. Ikingagalak kong makilala ka, mahal na Reyna," at niyakap niya ito. Naramdaman ni Troy ang marahang paghagulgol

ni Reyna. Mas hinigpitan pa niya ang yakap dito.

"Unang beses mong magladlad?"

"Mahirap dito sa San Bartolome. Lalo sa tulad kong magsasaka."

Hinila ni Troy si Reyna para maupo. Tinagayan ito ng alak, ipinagsindi ng sigarilyo. Kumuha ito ng panyo at pinahid ang luha sa pisngi ni Reyna.

"Ingat, baka mabura ang mek-ap. Sayang," sabi ni Reyna.

Inipon ni Reyna ang mga gamit pampaganda mula sa mga parloristang nakilala niya sa kabayanan. Sa tuwing pupunta siya sa bahay ng mga Rosales o kaya ay nagbababa ng mga produkto sa palengke sa Bayugan, dumadaan siya sa mga parlor at nanghihingi ng mga babasahing pampaganda. 'Di kalauna'y humihingi na rin siya ng mga gamit na malapit nang itapon.

"Sabi ko'y para sa pamangkin kong nag-aaral magmek-ap." Humitit ng sigarilyo si Reyna.

"Nang mabalitaan kong nagbalik na ang pinsan kong si Sergio, ah hindi, ang pinsan kong si Cherry Pie, pinuntahan ko siya sa bayan. Namasukan ako sa kanya. Close kaming magpinsan mula pa noong mga paslit pa kami. Dahil nga siguro pareho kaming bayot."

"Bakit siya umalis ng San Bartolome?"

"Pinalayas siya ng Tiyo Felix. Balitang-balita kasi ang kabaklaan niya sa eskuwelahan. Ilang beses siyang pinagsabihan at sinaktan ng Tiyo, pero hindi talaga nabago."

Tinagayan ni Troy ang baso ni Reyna.

"Kinuha niya akong tiga-linis ng parlor at tiga-syampu ng mga kostumer. Tapos sa gabi, tinuturuan niya ako mag-mek-ap. Pero

pinatigas na ng araro at kalabaw ang aking mga palad at braso, hirap na akong matuto. Nadudurog ang mek-ap sa daliri at palad ko."

Nakatitig lang sa kanya si Troy habang nakikinig.

"Ang hirap maging bakla sa San Bartolome. Naisip ko, ako lang ba ang baklang araw-araw ay nakikipagbuno sa araro at kalabaw? Ang mas mahirap, Troy, mag-isa lang ako. Mula nung umalis si Cherry Pie, mag-isa ko na lang itinago ang kabaklaan ko. Hindi ko alam kung paano ginawa nina Cherry Pie at ng kanyang mga parlorista na sundin ang buhay na gusto nila. Pero ako, nandito lang ako sa bukid, dito sa lagusan. Nung pinalayas ni Tiyo Felix si Cherry Pie, malaking eskandalo. Ipinagtabuyan siya, sinaktan, minura, sa harap ng mga tao."

Tumayo si Reyna at nagpalakad-lakad sa harap ni Troy, kasunod pa rin ang higanteng anino.

"Bakit hindi mo balikan si Cherry Pie?"

"Isang gabi ay pinasok ng magnanakaw ang parlor niya. Nanlaban ang gaga. Isang tusok lang, ded."

Nanlaki ang mga mata ni Troy sa narinig.

"Akala dito sa amin ay pugad ng engkanto at maligno itong lagusan. Walang gumagawi dito. Iniiwasan ng lahat. Tapos noong lumindol, mga tatlong taon na ang nakaraan, inakala nila na gumuho na ito. Hindi nila alam, itinago ko lang ng mga halaman ang puwerta ng lagusan."

"Walang maligno?

"Mayroon. Ako. Ako ang reyna ng mga maligno at engkanto ng San Bartolome."

Nagtawanan ang dalawa.

"Ikaw Troy, paano mo ginawa?"

"Ha? Ang alin?"

"Ang maging totoo? Tapos ang husay mo pa sa trabaho mo."

"Makapal lang siguro talaga ang mukha ko. At matibay ang sikmura sa kung anumang sasabihin ng mga tao."

"Hindi ko 'yun maintindihan, 'yung huwag pansinin ang sasabihin ng mga tao. Paano ko babalewalain ang sasabihin nina Mama at Papa e ako lang ang inaasahan nilang bubuhay sa mga kapatid ko. Panganay ako e. Sa San Bartolome, ang panganay ang inaasahang sasalo sa responsabilidad ng mga magulang."

"Porke ba bakla o babae ang isang tao ay hindi na maaaring maasahan sa pamilya? Saka Nante, I mean, Reyna, mahusay ka. Kahit sina Cindy at Robert ay nagsasabi sa aking matalas kang mag-isip. Puwedeng-puwede kang mamuno ng samahan."

Napatingin si Reyna kay Troy. "Tingin mo, kaya ko?"

"Kung kakayanin mo. Pero asahan mong may mga pagkakataong mapapagod ka rin sa pakikipaglaban, sa pagiging totoo. Nasa iyo 'yun kung bibigay ka."

"Puwede mo ba akong tulungan?"

Nilapitan ni Troy si Reyna at muli itong niyakap.

"Oo naman kapatid. Tutulungan kita. Oorganisahin natin ang mga kasamahan mong magsasaka at paninindigan natin ang iyong pagiging reyna ng mga maligno at engkanto ng San Bartolome."

***

“Salamat sa inyong pagdalo sa emergency meeting na ito, mga kasama. Pasensiya na at gabing-gabi ay inistorbo ko kayo. May kailangan tayong desisyunan tungkol sa project natin kina Sir Troy,” panimula ni Kapitan.

“Sinasabi ko na nga ba. Ano, Kap, hindi na naman matutuloy ang project?” sabad ni Gorio.

“Hindi naman po, ’Tay Gorio. Tumawag si Cindy kanina. Ang sabi’y tuloy pa rin ang proyekto nila dito sa San Bartolome pero maiiba ang mga pinag-usapan at pinagkasunduan natin noong huli tayong nagpulong nina Sir Troy. Hindi na rin daw si Sir Troy ang project officer.” Umupo si Kapitan sa katabing bangko at hinimas ang mga tuhod.

“E Kap, nakontak po ba ninyo si Sir Troy?” muling tanong ni Gorio.

“Matagal na nung huli kaming nagkausap. Ang sabi niya, hangga’t kakayanin niya ay tutulong siya sa atin, pero tayo pa rin naman daw talaga ang magdedesisyon tungkol sa proyekto.”

“Naku, eto na naman sila. Magtatanong-tanong pa, e ’yung gusto rin naman pala nila ang masusunod. Sana sinabi na lang nila kung ano ang plano nila at ’yun na lang ang gawin natin.”

“Oo nga. Sayang ’yung ilang araw na inilaan natin sa pakikipagmiting. Nawalan nga tayo ng kita ng mga araw na iyon ’di ba?”

“Pero tayo ang maaapektuhan ng proyekto kaya dapat lang na kabahagi tayo sa pagpaplano at pagdidisenyo,” bigkas ni Renante mula sa kinatatayuan sa may labasan ng pulungan.

"Nante, ikaw ba iyan? Ano bang…bakit ka ba nagtatago riyan sa dilim?"

Naglingunan sa may labasan ang mga nagpupulong. Hindi rin nila maaninag si Nante.

"Damuho ka, pumarine ka nga at ikaw ang magpadaloy nitong meeting. Inaatake na naman ako nitong rayuma ko."

Bahagyang pumasok si Nante sa pulungan. Muling nagtinginan sa kanya ang mga kasama sa pulong.

"Ako po?"

"Alam ninyo mga kasama, pareho na kaming matanda nitong si Gorio."

"Hoy ikaw lang ang matanda," sabad ulit ni Gorio.

Nagtawanan ang mga nagpupulong.

"E sino pa ba ang sasalo sa responsabilidad para sa pagpapabuti ng kalagayan natin dito sa San Bartolome? Kayo na, 'yan si Nante, kayo nina Mario, itong sina Gemma at Seling at 'yang si Mike kahit palaging inaantok. Ibig sabihin, ang henerasyon na ninyo ang susunod na dapat mamuno dito sa ating baryo. Kaya umpisahan na ninyo ang pag-ako sa responsabilidad na 'yan." Mahinahon ang boses ni Kapitan pero mabigat ang inihahain nitong paghamon.

Tuluyang pumasok sa silid pulungan si Renante. Kaagad na napansin ng kanyang mga kapulong ang kakaiba sa kanyang hitsura. Sa mukha niya, sa ayos ng buhok niya, sa kulay ng kanyang suot na damit. Nagbulungan ang mga nagpupulong, inaakalang namamalikmata lang sila. May napangiti, may nagkuskos ng mga mata, may umiling, may nagpigil ng tawa. Tumayo sa harapan si

Renante.

"Magandang gabi, mga kasama. Reyna na lang ang itawag ninyo sa akin."

Bantulot ang reaksiyon ng mga nagpupulong.

Nagsalita si Reyna.

"Kung ang gusto po natin na tayong mga taga-San Bartolome ang makinabang sa anumang proyekto, sa tingin ko po ay mahalagang maging malakas ang ating pagsasama-sama, na nagkakaisa tayo sa ating layunin. Kasali tayo dapat sa pagtatakda ng direksiyon ng anumang proyekto."

Tahimik ang kapulungan.

"Tingnan ninyo," sabay turo ni Reyna sa mga diskusyon nilang nakasulat sa mga Manila paper na nananatiling nakapaskil sa mga dingding ng pulungan. "Hindi ba't tayo ang nag-isip at nagsuri ng kalagayan natin dito sa baryo? At tayo din ang nagplano kung paano ipaglalaban ang ating mga karapatan, at kunin ang nararapat para sa atin?"

"Oo nga. Kailangang isangguni muna nila sa atin kung ano man ang pinaplano nila," sagot ni Kapitan.

"Anong magiging plano natin ngayon?" tanong ni Gorio.

"Paninindigan natin ang ating mga naging kasunduan. At para magawa natin ito, kailangang umpisahan na natin ang pag-oorganisa at pagpapalakas ng ating samahan."

"Paano natin gagawin ang pag-oorganisa, Nante?" tanong ng isa.

"Reyna, ano ka ba?"

"Ay, Reyna pala."

“Ang totoo po ay patuloy akong ginagabayan ni Sir Troy kung paano tayo magsisimula. Pero ang tanong ko po sa inyo ay kung payag ba kayong pamunuan ko ang samahan?”

Tumahimik ang kapulungan. Nagtinginan. May nagbulungan.

“E mga kasama, hindi ba’t matagal nang si Nan.. Reyna ang takbuhan natin kapag may kailangan tayong maintindihan o aksyunan? Panahon nang si Reyna na ang mamuno sa samahan nating mga magsasaka. Ano sa tingin ninyo?” Tanong uli ni Gorio.

“Palakpakan natin si Reyna!” sigaw ni Kapitan.

Bilang ni Reyna ang pagpalakpak ng iilang pares ng kamay at nasipat niya ang pag-iwas ng tingin ng ilan palayo sa kanya. Hindi mawari ni Reyna ang nararamdaman pero parang natanaw niya sa ’di-kalayuan ang liwanag na dala ng pulutong ng alitaptap sa bunganga ng lagusan at naulinigan niya ang pagbubunyi doon ng mga maligno at engkanto.

Noon itinuwid ni Reyna ang tindig sa harap ng kapulungan.

WAKAS



## BENJO GUTIERREZ

Si Benjo Gutierrez ay tubong Hagonoy, Taguig na nagmamaasim na imapa ang kanilang barangay sa Panitikan ng Pilipinas. Nakatanggap ng parangal ang mga pinagkukuwento niya sa Carlos Palanca Awards for Literature at Gawad Ustetika, habang mababasa naman ang ilan sa Ungaz Press, Katipunan Journal, Unang Antolohiya ng Palihang Rogelio Sicat, Pandemic Literature Project, DX Machina 4, The Reflective Practitioner, DAPITAN, 7 Eyes Production, Inquirer.net, at Rappler. Sa ngayon, nagtuturo siya ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Santo Tomas.

# Parola

ISANG buwan nang walang paramdam si Police Staff Sergeant Salvo sa Taguig Sub-Station 13. Akala ng mga kabaro na late lang dahil hindi makatulog, pero hindi na matawagan o ma-text. Deactivated din ang Peysbuk pati na ang Messenger account, sabi ng Buddy niyang si Police Staff Sergeant Dimasalang. Sabi ng ibang mga kabaro sa estasyon, tuluyan nang naulul si Police Staff Sergeant Salvo. Pinagtatawanan siya dahil sa kahinaan daw ng loob. Kesyo hindi raw siya bagay sa pagpupulis dahil hindi na lang sumipot sa trabaho pagkatapos ng Special Operation nila. Nang dahil lang daw do'n, lumaylay na ang bayag.

Biglang natigil ang usapan nang dumating si Hepe sa estasyon. Tumindig sila, sumaludo, at saka bumati. Sa paglalakad ni Hepe papasok sa kaniyang opisina, tumigil siya at nagtanong kay Dimasalang.

"Dimasalang, may balita na ba kay Salvo?"

"Negative, Sir."

Umiling lang si Hepe. Itinuloy niya ang paglalakad at sumenyas kay Dimasalang na sumunod sa loob ng opisina niya.

"Sigurado ka bang hindi kakanta 'yan?" tanong ni Hepe pagkasara ng pinto ni Dimasalang. "Mainit na tayo."

"Hindi po, Sir," paninigurado ni Dimasalang.

"Alalahanin mong ikaw ang nagpasok sa Special Operation kay Salvo. Kapag nagsalita 'yan, ikaw rin ang magpapatahimik d'yan."

***

Ayos pa ang samahan ni Salvo at Dimasalang isang araw bago ang Special Operation. Halos limang taon na rin nilang Patrol Buddy ang isa't isa at magkakilala na dati pa noong Criminology students pa lang sa Maynila. Sabay rin silang tumapak sa maliit na estasyong nakapagitna sa New Lower Bicutan at Hagonoy—ang Taguig Sub-Station 13. Tubong Taguig si Dimasalang habang si Salvo, nagkamuwang sa Sampaloc. Kapag rumoronda sila sa Taguig, alam na alam ni Dimasalang ang mga pasikot-sikot: saan maraming holdapan, saan maraming nagmomotor na hindi naka-helmet tuwing checkpoint, saan maraming droga at mga takbuhan ng masasamang loob. Nang dahil dito, sa loob lang ng ilang taon, lumundag agad ang ranggo nila mula Patrolman sa Police Staff Sergeant. Sa tagal ng pinagsamahan nila, saksi si Dimasalang sa mga importanteng yugto ng buhay ng Buddy niya. Si Dimasalanag ang best man sa kasal niya at naging ninong din ng panganay niyang isang taong gulang, habang si Salvo naman ang kasangga ni Dimasalang sa mga sinok ng

trabaho.

Gabi noon, nakaposte sa checkpoint ng Oplan Sita ang dalawa nang yayain ni Dimasalang si Salvo sa Special Operation.

"Buddy, kumusta na inaanak ko? Naglalakad na ba?" sambit ni Dimasalang habang tinitingnan ang OR, CR, at lisensiya ng motor na pinara.

Hindi agad nakasagot si Salvo. Abala sa pagdutdot sa cell phone, seryoso ang mukhang naaaninagan ng cell phone. "Chicks ba 'yan, Buddy?" biro ni Dimasalang.

Ibinulsa ni Salvo ang cell phone bago sumagot. "Naospital na naman ang Inaanak mo, Buddy. Tatlong araw na. Pneumonia raw sabi ng doktor," umiling si Salvo habang pinapara ang isang motor. "Nasasaid na ipon namin ni Misis."

"Buddy, gusto mo ng raket?" untag ni Dimasalang ang tanong.

"Kaya ba panay-panay ang pagbangka mo sa inuman, d'yan ba galing kayamanan mo, Buddy?" pilit na biro ni Salvo, habang may kapit ding papeles ng motor na pinara. "Anong raket ba 'yan? Paspasan lang ba? Karelyebo ako ni Misis sa pag-aalaga sa inaanak mo."

"Basta. Bukas ng gabi agad. Timbrehan mo ako kapag gusto mo. Pandagdag din pambayad 'to, Buddy."

"Buddy," tiningnan ni Salvo ang kausap rekta sa mata. "Ayaw ko ng raket na madumi. Alam mo namang may anak na ako. Sana malinis 'yan."

Binawi ni Dimasalang ang tingin kay Salvo at saka ibinalik ang papeles ng motor na pinara.

Pagkatapos ng trabaho, nagyayang mag-two bots si Dimasalang. Pampaantok daw. Sasama sana si Salvo pero tumawag ang misis niya. Tinatanong kung anong oras ang uwi niya, kulang-kulang dalawang oras pa lang daw kasi ang tulog ng Misis niya dahil sa maya't mayang pagsilip sa anak. Tinanong din siya kung pumasok na raw ba ang sahod niya, medyo kapos daw sila ngayon dahil 'pinambiling gamot ng anak. "Kayo na lang muna, Buddy. Baka hunting-in ako ni Misis sa puwesto natin," biro ni Salvo. Kinantiyawan siya ng isang kabarong kasama sa Oplan Sita. Bakit daw siya nagpapa-under sa asawa niya. Dapat daw bilang lalaki siya ang masusunod. Napangiti na lang si Salvo at sinabing mauuna na raw siyang bumalik sa estasyon at malayo-layo pa ang uuwian.

Sa Parola ng Napindan sila pumupuwesto kapag nagkakayayaang umiinom. May mga monobloc na upuan, mga plastic cup, at de-tiklop na mesa sila sa loob sa madalas na paglalagi. Doon sila palaging pumupuwesto kapag gustong matahimik—o kapag may problemang nakabulsa, o kapag kinakalabit ng mga ginawa sa Special Operation. Isinarado kasi ang Parola sa publiko walong taon na ang nakalipas mula no'ng italagang mahahalagang kulturang pag-aari ng bayan ng Taguig para simulan ang renobasyon nito. Dito isinagawa ang pagpupulong nila Gat Andres Bonifacio at iba pang kasamahan sa Katipunan bago ang rebolusyon. Pansamatalang tumira sa Taguig si Gat Andres dahil ang kaniyang Ama ay tubong Barangay Tipas, Taguig. Binansagang kambal-parola ang Parola ng Napindan at Tondo dahil nakapuwesto sa magkabilang dulo na nakatulong sa mga rebolusyonarong palihim na bumiyahe at bangkain ang

madilim na lawa. Pero sa paglipas ng panahon, walang pagbabago sa Parola. Pundido na ang mga ilaw, kalawangin na ang mga bakal, at burdado ang loob at labas nito ng bandalismo dahil sa matagal na pagkatiwangwang. Kaya solo ng mga tumotomang pulis ang Parola. Habang nagpapakalango, kaharap nila ang Laguna de Bay kung sa'n puwede silang magpakonsumo sa lawa't tumunganga, magkuwentuhan, at magpulong tulad nila Gat Andres. Pero higit sa lahat, malapit lang ito sa estasyon kung babaybayin ang C6 Road kaya mabilis ang biyahe pabalik kung sakaling magkaroon ng biglaang tawag.

"Sigurado ka bang isasama natin si Salvo?" tanong ng isang kabaro habang tinatagayan si Dimasalang. "Mahina sikmura, e. Nung huling sama niyan, 'di ba 'di pumasok kinabukasan? Minumulto raw siya ng binira natin," sabi ng kabaro sabay tawa.

"Kaya niya 'yan, Pare. Iba ang mga nagagawa mo kapag Tatay ka na," sagot nito pagkatapos lagukin ang tagay.

"Sabagay. Saka para may kahati sa konsensiya, 'no?" Natawa ang kabaro. Pero, Pare, alam mo naman ang protocol ng Special Operation ni Hepe, Dimasalang. Kargo mo si Salvo."

"Hindi 'yon kakanta. May tiwala ako sa Buddy ko."

"Dapat daw malinis 'tong trabaho natin, bilin ni Hepe. Baka raw huli na 'to. Maglilinis na raw 'yung susunod na uupo. Sabi ni Hepe, para raw mabilis ang pag-iimbestiga kay Code 1. Medyo umiinit na raw, may mga pumapasyal na ring reporter," anas ng kainuman.

"Hindi na raw ba tayo sasaluhin ng susunod na Presidente?"

"Negative. Nakukulong na 'yung ibang mga kabaro natin sa ibang

estasyon. Baka ubos na ang basbas sa itaas. Kaya tinatanong kita kung hindi ba magsasalita si Salvo.”

Walang naitugon si Dimasalang. Tahimik nilang nilaklak ang serbesa. Nang maubos, isinalansan nila ang upuan, lamesa, at mga bote ng alak sa isang gilid. “Okey na ba? Hindi na ba kita mga bote?” tanong ng kabaro.

“Okey na, Pare. Kapag nakita na naman ni Hepe ’tong mga bote bukas, imbes na Special Operation, e magiging special sermon ang mangyayari,” biro ni Dimasalang.

Nagtawanan ang dalawa’t nagpalitan ng pamamaalam. Tulad ng kabarong kausap kanina, dumaplis din sa isip ni Dimasalang ang posibilidad ng pagkanta ni Salvo. Pamilyado si Salvo kaya’t iniisip niyang kakagat sa alok bukas. Pero sa isang banda, ang pagiging pamilyado rin ang magtutulak para patiningin lalo ang prinsipyo, lalo’t para sa anak. Hinugot niya ang cell phone at tinext ang buddy niya:

*Ano badi sma k bkas?*

*Ti2gnan k badi...mlinis b yn?*

*Aqng bhla sau.. bsta pnta ka. Cnav k n ky Hepe*

*K..*

***

Umaga bago ang Special Operation, nadatnang nanonood ng balita ni Salvo ang mga kabaro sa estasyon. Parang bato, walang reaksiyon ang reporter nang ibalitang isusulong na ng International

Criminal Court ang pag-iimbestiga sa madugong War on Drugs ni Pangulong Duterte. Ipinakita ang ilang senador na nagsasabing kung ipakukulong ang Pangulo, ikulong din daw sila. Matapos noon, sunod na ipinakita sa screen ang tatlong pulis na sangkot sa pagpatay ng isang estudyante sa Caloocan noong 2018. Guilty. Nagkatitigan si Salvo at Dimasalang. Sinenyasan ni Salvo ang Buddy niya na lumabas para magyosi. Parang mga estatwang naiwan sa loob ang mga kabaro, nakapako pa rin ang mga mata sa TV habang sinasabi ng susunod na presidenteng "In my term, justice will prevail. Lilinisin ko ang dapat linisin to achieve it."

"Buddy, tapatin mo nga ako. Special Operation ba 'yung raket mamaya?" mahinang tanong ni Salvo. Hindi sumagot si Dimasalang. Naglabas ng yosi't sinindihan, ipinagitna sa hinlalaki't hintuturo, sabay abot sa kausap.

"Paano kung oo, sisibat ka?" balik ni Dimasalang, nakatengga pa rin ang yosing inaabot sa daliri.

"Tang ina naman, Buddy! Alam mo namang ayaw ko na sa Special Operation!" Hindi niya pinansin ang yosing inaabot.

"Plakado na 'to, Buddy. Sinabi ko na kay Hepe. Nakalista ka na."

"Sabihin mo kay Hepe hindi na ako sasama."

Malabo 'yan, Buddy. Maraming ayaw tumanggap ng Special Operation ngayon. Saka hindi papayag si Hepe. Nabalitaan mo na ba? Magkakalinisan na raw, kasama ata si Hepe sa malilini—"

"Wala na talaga! Hindi mo ba nakita sa balita? Iimbestigahan na si Code 1! Baka susunod na tayo sa mga kabaro natin sa Caloocan!" may panggigigil na sabat ni Salvo.

“Hindi tayo pababayaan ni Hepe, Buddy. Lalo ni Code 1 hanggat nakaupo pa siya. Lisensiyado tayong kumalabit ng gatilyo. Sa bibig niya na mismo nanggaling ’di ba? Shoot them dead. Samahan mo na ako rito, o. Sanggang-dikit, ’di ba?” Inakbayan ni Dimasalang si Salvo. “Huli na ’to, Buddy. Alam na ni Hepe na huli mo na rin. Saka pinaghihinalaan ka ni Hepeng kakanta. Sasama raw siya bukas. Patunayan mong kakampi ka.”

Walang reaksiyon si Salvo. Tumingin siya sa kawalan habang iniinsensuhan ng usok mula sa yosi. “Buddy, huli na ’to,” sabi niya.

“Akong bahala sa ’yo. Hindi ka bibira. Sumama ka lang. Isipin mo na lang ang anak mo.” Nawala ang gigil sa mukha ni Salvo. Napansin ’to ni Dimasalang. “Basta mamaya, twenty-two hundred sa likod ng estasyon. Huwag kang magsuot ng uniporme. Alam mo na. Dating gawi.”

Bumalik na si Salvo sa estasyon. Iniwan niya ang ka-Buddy sa labas hawak ang yosing dahan-dahang nauupos.

Kinagabihan, nagkita-kita ang mga kasama sa Special Operation sa likod ng estasyon. Dahil huli na raw ’to, nagpresinta si Hepeng sumama para tingnan kung paano magtrabaho ang mga tao niya sa huling pagkakataon. Kung sakaling magkakalinisan sa susunod na mga buwan sa pag-upo ng bagong presidente, alam niyang malinis trumabaho ang mga tao niya. Dapat ito ang pinakamalinis at pinakaorganisado. Si Hepe, Police Senior Master Sergeant Reyes, ang nagdala ng Tokhangan sa Taguig noong isang taon. Inilipat siya ng estasyon ni Pangulong Duterte mula Davao para mas palakasin ang Oplan Double Barrel ng pulisya.

Pagpatak ng 9:45 PM, may sampung nakasibilyang pulis na sa likod ng estasyon. Hindi sila puwedeng makilalang pulis. Hindi rin nila gamit ang Glock 17 na PNP-issued fire arm sa operasyong ganito para iwas pusoy. Kalibre .45 ang kargada nila. Hindi rin Police Mobile ang gamit nila kung hindi itim na Toyota Hiace na walang plaka. Ang ibang kabaro ay nakatoka sa pakikipag-coordinate sa barangay Hagonoy para kunin ang listahan ng hit at watch lists, kasama na ang pagpapapikit sa mga CCTV. Habang ang iba, ikinakarga ang mga paraphernalia sa loob ng sasakyan—mga foil, shabu, kalibre .45 at mga bala. Bago sila tuluyang rumolyo sa operasyon, isa-isa silang inabutan ng itim na mga maskara na tanging mga bibig at mata lang ang puwedeng dumungaw.

Ilang minuto pa, nagsalita na si Hepe. "Walang magpapaputok sa labas, hintayin n'yong makarating tayo sa Parola," bilin niya. "Binabalaan ko na kayo, ako mismo ang bibira sa inyo kapag may nakaamoy nitong operasyon natin," sabay parunggit na tingin kay Salvo. "Isang operasyon lang tayo ngayon, pero lahat kayo may siguradong maibubulsang benteng bulig." Naghiyawan ang mga pulis maliban kay Salvo. Nagsuot na sila ng itim na maskarang tanging mata lang kita at isa-isang sumampa sa itim na van na biyaheng Hagonoy.

Pumarada sila sa tapat ng isang kanto na kung tawagin ay Likod. Dito raw kasi sa parteng 'to ng Hagonoy maraming adik ayon sa listahan ng barangay. Isa-isa silang bumaba ng sasakyan bitbit ang mga baril nila. Nasa pinakadulo si Salvo, nasa harapan niya ang ka-Buddy. Parang mga langgam, pila-pila silang pumasok sa makitid na

eskinita ng Likod para magtrabaho.

Natunton nila ang bahay ni Alyas Insekto. Pedicab driver sa Hagonoy. Wala sa watch o hit lists, pero ibinulong ng mga barangay tanod na gumagamit. Tinadyakan nila ang pintuan ng barong-barong at naabutan nilang naghahapunan ang pamilya ni Insekto. Nag-iyakan ang apat na anak ni Insekto sa paglitaw ng mga taong nakamaskara, nagsisigaw naman ang asawa niya. Paulit-ulit niyang tinatanong kung sino ang mga pumasok habang niyayakap ang asawa. "Hindi adik ang asawa ko, 'wag po!" Sinikmuraan ng isang kabaro nila si Insekto. Pinosasan, tinakluban ng sako ang ulo, at saka inakay papuntang sasakyan.

Magkatabi si Salvo at Dimasalang sa loob. Nasa gitna ng sasakyan si Insekto, nakaluhod, animo'y nagsusumamo ng awa sa mga nakamaskarang santong nakapalibot sa kaniya. Iyak siya nang iyak. "Sa'n n'yo po ako dadalhin? Hindi po ako adik! May pamilya po ako!" Hindi siya pinapansin ng mga nakamaskarang pulis na parang mga rebulto sa simbahan. Ang itim na Hiace ang magsisilbing karo ni Insekto tulad ng iba pang dinakip sa Special Operation.

Ilang sandali pa, nakarating na rin sila sa huling hantungan ni Insekto. Wala pa ring nagsasalita. Patuloy pa rin ang pagtatanong ni Insekto at paggigiit na hindi siya gumagamit. Tanging mga kuliglig lang ang sumasagot sa kaniya. Inakay ng mga pulis palabas ng sasakyan si Insekto at ipinasok sa Parola. Sinikmuraan ulit nila si Insekto. Napaluhod ito. Sinenyasang lumapit ni Hepe si Salvo. Inutusang ilabas ang kalibre .45 at ipinakabit ang silencer.

"Dahil ngayon ka na lang ulit naligaw sa Special Operation, ikaw

ang dadali," sabi Hepe.

"S-sir, bakit ako?"

"Kasi sabi ko!" pagalit na balik ni Hepe. "Ano?! Gagawin mo ba o hindi?

Tumingin si Salvo kay Dimasalanag. Umiwas ito ng tingin. "Sir, hindi ko po kaya," tugon ni Salvo.

"Kapag hindi mo 'yan binira, ako bibira sa 'yo!" amba ni Hepe.

"Sir, ako na lang po ang bibira," alok ni Dimasalang.

"Hindi! Huwag kang makialam dito! Si Salvo ang bibira! Sa lahat ng nandito, siya na lang ang hindi pa nakakabira," sabi ni Hepe. "Ano, Salvo?! Bibirahin mo ba o hindi?!"

"Sir, hindi ko po kaya," balik ni Salvo.

Hinawakan ni Hepe ang kamay ni Salvo. Itinutok ang baril sa ulo ni Insekto. "O, ayan! Kakalabitin mo na lang!" dikta ni Hepe.

"Sir, hindi ko po talaga kaya. Baka puwedeng iba na lang," pakiusap niya kay Hepe.

"Putang ina, Salvo! Kakalabitin mo na lang! Kalabitin mo na!"

Naglilimang-isip si Salvo na pisilin ang gatilyo. Mukhang seryoso si Hepe sa pagbira sa kaniya kapag hindi siya sumunod sa utos. Nagsusumamo para sa awa ni Salvo si Insekto. "Ser, wag p—"*Pang! Pang!* Isa sa ulo at isa dibdib para sigurado.

Humilata ang katawan ni Insekto. Hinawakan ni Hepe ang duguang dibidb ng bangkay. Ipinahubad niya ang maskara ni Salvo. "Dilaan mo," utos niya.

"B-bakit, Sir?"

"Dilaan mo! Para hindi ka multihin!" inilapit ni Hepe ang kamay

sa mukha ni Salvo.

Bahagyang inilawit ni Salvo ang dila at dahan-dahang inilapit ito sa kamay ni Hepe. Pagkatikim sa malansang dugo, napaluhod si Salvo at sumuka.

"Nabinyagan ka na, Salvo. Pulis ka na talaga," sabi ni Hepe.

Nagtawanan ang mga kabarong nanonood. Inalis ng mga kasamahan niya ang duguang sako sa ulo ni Insekto. Susunugin nila ito pagbalik sa estasyon. Itinihaya nila ang bangkay, nilagyan ng pakete ng shabu at kalibre .45 sa magkabilang kamay. Tinawagan ni Hepe ang mga night shift na pulis sa estasyon. "May nanlaban dito malapit sa Parola. Code 2. I repeat, for investigation."

***

Wala na sa diwa ni Salvo ang petsa o araw man lang. Isang buwan na ang nakalipas mula noong nakita siya ng mga kabaro. Tinanggal niya ang lahat ng paraan para makontak siya ng estasyon. Kahit isang buwan na ang nakalipas, parang kagabi lang ang pagsentensiya niya kay Insekto. Nakikita niya pa rin ang dugo sa mga kamay, nalalasahan niya pa rin ang lansa nito.

Hindi pa rin makalimutan ni Salvo kung paano nila iginiit na hindi sila nagsashabu. Halos lahat sila ganiyan ang linya sa apat na Special Operation na sinamahan niya. Easy money sabi ng mga kabaro. Dalawampung bulig sa pusher, sampung bulig naman sa user. Nakapag-uuwi sila dati ng kuwarenta hanggang sisentang bulig kada-gabi. Malinis. Ibibigay kaagad pagbalik sa estasyon.

Noong una, marami-rami pa silang nabibira. Mga totoong gumagamit daw. Pero dahil sa takot na matokhang, maraming

tumigil sa pagsashabu. Dito na sila namroblema. Nanghinayang sila sa maiuuwing pera kada-raket. Kaya ang naging diskarte, kahit wala sa hit list at watch list ng barangay, binibira pa rin. Idinedeklara na lang na 91, pinaikling tawag sa Republic Act 9165 na Comprehensive Dangerous Drugs Act. Pagkatapos, tataniman ng epektos at baril. Sasabihing nanlaban at irereport sa estasyon.

Nang maging ganito na ang kalakaran, hindi na sumama si Salvo sa Special Operation. Sinasabihan siyang baliw ng mga kabaro dahil tumatanggi raw siya sa pera. Sinabi na lang niya na bagong panganak ang Misis niya at hindi na siya makakalabas-labas sa gabi dahil mag-aalaga siya ng sanggol. Pero ang totoo niyan, gabi-gabi niyang napapanaginipan ang mga inosenteng tinokhang kahit hindi naman siya ang bumira. Lalong naging madalas ito noong binira niya si Insekto. Kinakatok siya ng konsensiya kapag gising, minumulto naman siya ng mga alaala nila kapag tulog.

Noong una, 'yung asset na dinukot nila papuntang basketball court at sinentensiyahan sa Parola ang nagpapakita sa panaginip niya. Sa panaginip niya, nanonood siya ng basketball sa TV. May mga pagkakataong nawawala ang pinanonood at saka lalabas ang wasak na mukha ng asset. Noong isang araw naman, 'yung isang construction worker na pauwi dapat ng bahay galing trabaho pero sa Parola nahiga. Nagpapagawa sila ng bahay sa panaginip niya. May isang hinimatay na piyon sa gitna ng paggawa. Nang puntahan niya para tingnan ang lagay, nanlaki ang mga mata niya nang sabihin nitong "'Wag, Ser! Hindi po ako adik!" Neto lang, 'yung isang estudyanteng lalaki na inutusang bumili ng soft

drinks ang napaginipan niya. Nananaginip siya na bumibili ng yosi sa tindahan. Paglingon niya sa kasabay na bumili, tumambad ang duguang mukha ng binatilyo. Kagabi, nanaginip siyang nakasakay sa pedicab ang mag-ina niya papuntang sementeryo para bisitahin ang mga tinokhang. Sa panaginip niya, hindi siya kasama. Habang papalayo ang mag-ina niya, may rumaragasang truck na pasalubong sa pedicab. Si Dimasalang ang driver ng truck. Sinusubukan niyang tumakbo, pero bakal ang mga paa niya. Nang sasalpukin na ng truck ang pedicab, lumingon ang driver ng pedicab. Si Insekto, duguan ang ulo. Kada-litaw nila sa panaginip ni Salvo, iisa ang tanong: Wala ka bang konsensiya?

Tuwing ganito ang nangyayari, kumokonsulta siya sa alak. Ang totoo niyan, mula noong hindi na siya nagpakita sa estasyon, araw-araw niyang niluluto ang atay sa alak, umaasang maluto rin nito ang dispalinghadong konsensiya. Madalas, mag-isa lang siyang tumotoma. Kung minsan sinasamahan siya ng mga katropang tambay sa Sampaloc. Sinusubukan siyang kausapin patungkol sa pag-iimbestiga sa pababa na sa puwestong Pangulong Duterte. Hindi siya makasagot. Naaalala niya lang lalo ang mga tinokhang. Kaya kahit may kainuman, hindi pa rin siya nagsasalita. Kapag naman nasa bahay, hindi siya makausap ng Misis niya. Paano niya nga naman aamining mamamatay-tao siya sa mga malalapit na tao sa kaniya?

***

Isang umaga, habang pauwi pa lang si Salvo galing sa inuman, sinalubong siya ng asawa. “Mahal, may dumaang reporter, hinahanap ka. Ibinigay niya na lang ’tong calling card,” sabay abot kay Salvo.

Noong isisilip na ni Salvo ang calling card sa wallet, sumilip ang litrato ng kaniyang mag-ina. "Bumisita rin pala si Kumpare. Hinahanap ka rin." Naalala ni Salvo ang sinabi ng ka-Buddy niyang pinaghihinalaan siya ni Hepe. Aligaga niyang pinag-impake ang mag-ina at umuwi raw muna sa bahay ng mga magulang niya sa Davao. "Bakit? Anong nangyayari?" takang-taka ang Misis niya. "Basta! Putang ina, idadamay pa kayo ng mga hayop!" sabi ni Salvo.

Binuksan ni Salvo ang cell phone niya at agad-agad na tinawagan si Dimasalang. Sumagot agad ito matapos ng dalawang ring. "Buddy, kumusta n—"

"Tang ina, Buddy! Huwag mong idamay ang mag-ina ko! Inutusan ka ba ni Hepe?!"

"Buddy, hindi, hindi. Kukumustahin lang talaga kita. May pinapasabi rin si Hepe."

Gigil na gigil si Salvo. "Sa Parola tayo mag-usap mamaya. Twenty-two hundred." Binaba ni Salvo ang tawag at tinulungang mag-ayos ng gamit ang mag-ina niya. Wala pa rin siyang paliwanag sa nangyayari. Hinatid niya ang mag-ina sa kanto at saka pumara ng Taxi. "Kapag may pumunta at nagpakilalang pulis, huwag kayong lumabas," bilin niya. Hinalikan niya ang Misis at anak bago pumasok sa sasakyan. "Mag-iingat kayo ro'n," sabi ni Salvo. "Mahal, huwag kang gagawa ng mali para sa amin," sabi ng Misis niyang karga-karga ang anak nila. Minatiyagan niya kung paano humarurot palayo ang Taxi.

Pagpasok niya ng bahay, sinalubong siya ng mga kaluluwa ng mga tinokhang nila. Nakatayo lang. Nakatitig—'yung mga may mukha—sa kaniya. Kunwari hindi niya sila nakita. Hanggang nagsimula ulit

silang magtanong: *Sinong nanalo sa War on Drugs?* Hinanap niya ang isa sa dalawang baril at itinutok sa mga nagpakita. "Putang ina niyo, patahimikin niyo na ako!" sabi niya na sinundan ng dalawang putok papunta sa kawalan. Nagsimula siyang umiyak. "Sorry, sorry. Wala akong nagawa. Sorry, sorry."

***

"Hepe, nagparamdam na po ulit si Salvo. Magkikita kami mamaya."

"Good. Patikumin mo na. Malakas kutob kong kakanta 'yan sa media. May bumisita na naman kanina, nanghihingi ng detalye sa Oplan Double Barrel natin."

"Akala ko po ililipat na lang ng estasyon sa Sampaloc, Sir?"

"Sa kabaong na ililipat si Salvo. Palabasin mong 91," sabi ni Hepe habang nili
ligpit ang mga gamit sa opisina niya. Napansin ni Hepeng nakatingin si Dimasalang sa pag-aayos niya. "Babalik na 'kong Davao. Pinababalik na 'ko ni Code 1 sa pugad." Nakatitig lang si Dimasalang. Nabigyang-liwanag ang binanggit ng kabaro noon sa Parola. "Kailangan mong back up?" tanong ni Hepe.

"Hindi na po, Sir."

"Huwag kang mag-alala, lalakarin ko promotion mo bago ako umalis. Ikaw ang hinahanap ng mga taga-media kanina, Dimasalang."

"Bakit daw po, Sir?"

"Hindi ko rin alam. Tanungin mo si Salvo mamaya, baka alam niya."

***

*Badi sn k n?*

*Mlapt n*

*My dla kng beer.. bli kng pulutan. D2 n q*

*K..*

Ganoon pa rin, kinakain pa rin ng dilim ang kasabwat sa Tokhangang Parola sa pagdating ni Salvo. Tahimik ang paligid, animo'y naghahanda sa nagbabadyang unos. Sinalubong siya ng awitan ng mga kuliglig at marahang pagyakap ng simoy ng hanging may lansa ng dugo. Nagmamadali siya sa pagpasok. Sinusundan siya ng mga kaluluwa ng mga pinatay mula nang umalis siya sa bahay. Hindi pa rin matigil ang pagtatanong nila. Sa isang sulok ng Parola, naabutan niyang tumotoma si Dimasalang. May tatlong bote ng beer sa paanan ng Buddy niya. "Buddy, pumuwesto ka na," yaya ni Dimasalang. Nagsindi siya ng yosi. Naupo si Salvo sa harap ni Dimasalang. Panay ang lingon ni Salvo sa paligid, tinitingnan kung sinundan pa siya ng mga kaluluwa. "Ako lang ang nandito, Buddy. Ano ka ba?" natawa si Dimasalang at tinapik sa braso ang kabaro. Inabutan niya ng plastic na basong may alak ang kausap.

"Alam mo Buddy, itong Parolang 'to," sabi ni Dimasalang habang lumalagok ng alak, "Ito ang nagtuturo sa lolo ko sa tuhod ng tamang daan nu'ng araw."

"Itong Parola? Hindi na 'to pinaiilaw, a?" sagot ni Salvo sabay lagok ng alak.

Matigas na umiling si Dimasalang. "Mangingisda ang lolo ko. Kapag daw madilim na at hindi nila alam ang daan, hahanapin lang

daw nila kung nasa'n ang ilaw at papunta ro'n sila magsasagwan," paliwanag ni Dimasalang.

"Kaya ka ba sumasama sa Special Operation, Buddy? Hindi mo na makita ang tamang daan at sumunod ka na lang sa agos?" tanong ni Salvo.

Walang naisagot ang kausap. Kumuha siya ng panibagong bote ng alak at saka tinagayan ang sarili.

"Idadamay niyo ba mag-ina ko?" tanong ni Salvo, nalukot sa higpit ng pagkapit ng kamay ang plastic na baso.

Umiling si Dimasalang. "Concerned lang ako sa 'yo, Buddy. Isang buwan ka ba namang walang paramdam."

"Bakit, natatakot kayong kakanta ako sa media?" balik ni Salvo.

Nagsindi ng yosi si Dimasalang. Tumingin siya sa lawang nililimliman ng buwan sa labas. Iniisip kung sasabihin sa Buddy niya ang pinatatrabaho ni Hepe. "Hindi naman sa gano'n, Buddy. Pinapasabi ni Hepe na ililipat ka sa Station 4 ng Sampaloc para mas malapit sa 'yo. Magpalamig ka raw muna." Pinunan ng serbesa ni Dimasalang ang isang baso at inabot sa Buddy niya. Nang aabutin na ni Salvo ang baso, bubunutin na ni Dimasalang ang kalibre .45 niya sa likod. Pero bago pa man niya mabunot, inunahan na siya ng putok ni Salvo, rekta sa kanang braso ng kabaro. Napaupo si Dimasalang sa sahig at nalaglag ang pakete ng shabu at kalibre .45 sa tabi niya. Agad na sinipa ni Salvo ang baril palayo at umupo sa harap ng Buddy niyang pawis na pawis.

"Tang ina mo, Buddy! Ikaw ba nagchuchu sa 'kin sa media? Ha?" sigaw ni Dimasalang.

“Wala akong alam sa sinasabi mo, Buddy. Nasa bahay lang ako. Hindi nila ako pinatutulog,” sagot ni Salvo.

“Sinong sila? Media? Ilang beses ka na bang nakipagkita sa mga ’yon? Akala ko ba sanggang-dikit tayo?” balik ni Dimasalang.

“Sanggang-dikit? E bibirahin mo nga ’ko? Utos ba ’yan ni Hepe? Ha?” pasigaw na balik ni Salvo.

“Buddy, napag-utusan lang ako. Hindi ko naman ’to gusto. Maniwala ka sa ’kin.”

Walang salitang mailabas ang bibig ni Salvo. Punong-puno ng galit, pagtataka, at pagtataksil ang isip niya. Naiyak siya sa kapunuang ito. Muling nagpakita ang mga multo ng tinokhang nila pero tanging siya lang ang nakakikita sa mga ito.

Nanginginig na itinutok ni Salvo ang kaniyang kalibre .45 sa sintido ng kabarong si Dimasalang. “Buddy, magtatanong ako sa ’yo. Sinong nanalo sa War on Drugs? Tinatanong nila ako,” sabi ni Salvo. “Tayong pulis, sina Hepe, o drugs?” latag niya kay Dimasalang.

“Buddy, napag-utusan lang talaga ak—”

“Sinong nanalo?!” sigaw ni Salvo. “Kapag sinagot ko sila, baka hindi na nila ako guluhin!”

“Importante pa ba ’yan? Tapos na ’yon! Lintik, patay na ’yong mga ’yon!” sagot ni Dimasalang.

“Buddy, hindi porke burado na sa mundo, burado na rin sa mga alaala ng mga naiwan. May mga pamilya sila, Buddy! Tulad ko!” pangangatuwiran ni Salvo.

“Kaya mo ba ko nireport sa media, ha? Para mahugasan ’yang konsensiya mo? Dapat naniwala ako kay Hepe, na hindi ka

mapagkakatiwalaan," anas ni Dimasalang, iniinda ang bala sa laman.

"Bulok ka na, Buddy…" mahinang sambit ni Salvo, umiiling-iling.

"Bakit, akala mo ba hindi ka bulok? Bulok ka na rin nung tumanggap ka ng lagay. Alam ko kargo ng konsensiya mo! May dugo ka rin sa kamay!"

Napayuko si Salvo sa kinalalagyang sitwasyon. Hindi niya inakalang darating ang oras na tututukan niya ng baril sa ulo ang malapit na kaibigan. Pagtingala niya sa Buddy niya, nagbago-bago ang mukha nito—naging estudyante, construction worker, naging taong wasak ang mukha, hanggang naging si Insekto. "Tang ina n'yo! Tigilan n'yo na ako!" Paulit-ulit niyang kinalabit ang gatilyo at inubos ang kaha ng bala sa mukha ni Dimasalang. Muling dinapuan ng liwanag ang madilim na loob ng Parola.

Nawala ang mukha ng mga kaluluwa kasabay ng pagkabura ng mukha ni Dimasalang. Nang mahimasmasan, nakita niya ang nakahandusay na katawan ng Buddy niya. Sa pagkabigla, hinanap niya ang baril ni Dimasalang at inilagay sa kanang kamay. Pinakapit naman niya sa kabila ang nalaglag na pakete ng shabu. Tumawag siya sa landline ng estasyon. Nagpakilalang nangangalakal ng basura at nagbigay ng anonymous tip na may narinig siyang mga putok ng baril sa Parola. Nagmadali siyang tumakbo paalis ng Parola at isinukbit ang mainit na baril sa tagiliran.

Tumakbo siya nang tumakbo. Sa kaniyang pag-alis sa Parola, bitbit niya ang panibagong kargada ng konsensiya. Alam niyang mumultuhin siya ng bigat nito—gising man o tulog—hanggang sa huli niyang hininga. Nang makaramdam ng hapo, tumigil siya sa pagtakbo.

Nagsisigaw, nagtatalon, at nag-iiyak siya sa nagawa. Nalaglag ang kaniyang baril, cell phone, at wallet na bumuklat sa pagbagsak. Nakita niya ang litrato ng kaniyang mag-ina. Lalong rumagasa ang kaniyang luha. Nang pupulutin na niya ang mga nahulog, may puting papel na sumilip sa wallet niya. Hinugot niya ito at lumitaw ang calling card ng reporter. Humihikbi-hikbi niyang dinampot ang cell phone, pinunasan ang luha, at susubukang komprontahin ang nangangalampag niyang konsensiya.



# MERDEKA MORALES

Si Merdeka Morales o mas kilala sa tawag na "Dekki" ay kasalukuyang guro ng Filipino at Panitikan sa PUP Sta. Mesa kung saan rin siya naninilbihan bilang Chief ng Center for Creative Writing. Ang ilan sa kanyang kritikal na sanaysay at malikhaing akda ay mababasa sa antolohiyang HIMAYMAY, Himaya, *Entrada Journal*, TOMAS Journal at *kuliti.art*. Maaari siyang makontak sa email na mcmorales@pup.edu.ph.

# Sa Lilim ng mga Nawawala

## I.

WALA pang alas-otso nang pumasok ang batang guro sa trabaho noong araw na iyon. Bagaman bahagyang lumakas ang ulan at nag-umpisa nang maglawa ang tubig sa ilang daan, ipinasya niya pa ring tumuloy sa kanilang bahay-pamantasan tulad ng nakagawian. Tumutulo-tulo pa ang tubig mula sa kanyang isinarang payong nang susian niya ang pinto ng kwarto ngunit pagtapak papasok dito ay dagli siyang napahilahod sa sahig ng kanilang gusali.

- "'Susmaryosep...! bulalas niya sa sarili pagkaraang mabawi ang panimbang at makitang may balat ng saging sa bukana ng silid."

Iiling-iling niyang sinipa ang balat ng prutas papalabas at pagbukas ng ilaw ay inilapag niya ang bag sa abuhin nilang sofa. Lumapit siya TV at saka kinuha rito ang remote para buhayin ang

telebisyon. Almusal niya ang mga balita tuwing umaga lalo na kung may mahahalagang kaganapan gaya ngayong araw. Ngunit wala yatang signal sa sinusubaybayang estasyon pagkaraan ng ilang segundong pagbukas dito. Sandaling nagkunot ang noo ng batang guro at pinalitan ang programa. Wala ring mapanood. Inilipat niya ito muli sa mga susunod pang estasyon na may pang-umagang balita subalit tanging ang mga kulay-abong naggagalawan sa screen na may matinis na tunog ang kaniyang nadadatnan.

Inilapag niya sa lamesa ang itim na remote at sinipat sa likod ang mga inaagiw na saksakan ng kuryente hanggang sa mapansin ritong wala palang nakakabit na antena sa TV. Kahit walang makati'y napakamot siya sa ulo. Ibig na niya sanang umupo gaya ng nakasanayan. Hinagod niya ng tingin ang kahabaan ng lamesang kinalalagyan ng mga appliance tulad ng rice cooker at coffee maker sa pagbabakasakaling makita ang nawawala. Nang hindi niya ito matagpuan ay tiningnan na niya sa kaligiran ng mumunti nilang kwarto ang mga nakapalibot na libro. Wala rin sa mga ito. Muling napakamot sa ulo ang batang guro na animo'y biglang nagkakuto at sa pagkakataong ito'y dumiin pa ang kamot na may kapanabay pang kagat-labi at pag-iling. Anong klaseng bugtong ito? Wala naman sigurong kukuha ng kanilang antena. Aklat ang karaniwang naglalaho sa kanilang kwarto bunsod ng mga bisitang pinagsususpetsahan nilang kinakati ang kamay. Subalit nakakandado ang opisina nila kagabi bago siya umalis at naalala niyang nandoon ang antena ng TV pagkaraan niya itong patayin. Tiyak niya ring wala siyang kinaing saging noong oras na iyon at kung mayroon ma'y hindi niya iyon basta

itatapon sa kung saan-saan. Nang hindi matagpuan ang hinahanap, kumuha siya ng tinidor sa lalagyan ng kubyertos. Nagunita niya marahil ang ilang radyo at TV sa komunidad ng mga kaibigang wala ring signal. Isa-isa niyang tinupi ang tatlong matutulis na pantusok ng tinidor at saka isinuksok ang pang-apat na natitirang talim sa butas ng aparatong pinagsusuotan ng nawawalang piyesa. Ginalaw-galaw niya ang posisyon nito paikot habang tinitingnan ang screen. Nawalan ito ng tunog at naging kulay itim ang paligid. Pagkaraan ng ilang saglit ay pinihit-pihit niya uli ang nakasuksok na kubyertos hanggang sa malaon ay makasagap na rin ng programa.

Pagkaraang mapabuntonghininga ay kinuha niya muli ang remote at saka inilipat ang pinapanood sa estasyon ng sinusubaybayang pang-umagang balita. Nang maupo ang batang guro sa sofa, nagsingkit ang mata niya nang mamalayang parang nagkakaroon ng itim na guhit sa gitna ng phosphor screen. Kasing nipis iyon ng sinulid at pahalang na humahati sa buong panuorin. Napakurap siya sa mga nakita. Noong una'y ipinagpalagay niyang natural itong kasama sa mga imaheng ipina-flash habang nagpapatalastas. Subalit nang magbalik ang programa sa balita kung saan higit na nagliwanag ang kaligiran ng screen, hindi makapaniwala ang nanonood na guro na pirming naroon pa rin ang kakaibang linya. Inilipat niya ang channel ngunit naroon pa rin ang itim na guhit. Napailing siya at umangil. Ano na naman ito? Parang magsasalubong ang kanyang mga kilay ngunit sa katagala'y tiniis na lamang ng kanyang loob ang kaunting abala.

Inaabangan niya noon ang pinakahuling ulat ukol sa mga

paghahanda sa inaasahang pananalumpati ng Ulo nang dumating ang kasamahan niyang nagtuturo. Pagbukas ng pinto'y dire-diretso itong lumakad hanggang sa mailapag din niya ang bag at mga dalang libro sa kanilang sofa. Animo'y nakamarka ang kaunting hinala sa kanyang itsura nang batiin niya ng tanong ang dinatnang kasama.

- "Kanino 'yung balat ng saging do'n sa labas?"

- "Nadulas ka rin?"

Tumango ang kasamang guro at saka ipinaalam ritong pangalawa na siya sa nabibiktima. Napuna naman ng batang guro ang ilang minutong pagkahuli ng kanyang kasama na hindi karaniwan sa kanilang umaga. Sinulyapan ng bagong dating ang relo sa kanyang kaliwang kamay at sinabi nito ang pakiwaring may mali sa kanyang orasan. Umiikot naman daw ang kamay ng segundo ngunit hindi yata ang kamay para sa mga minuto. Binigyang linaw niya rin na kanina pa siya tingin nang tingin sa relo na parang wala namang kakaiba kaya inakalang maaga pa at hindi pa nahuhuli sa pagpasok bagaman bahaygyang may kalakasan ang ulan. Dito na lamang sa kanilang silid niya tuluyang napagtanto na may hindi maipaliwanag ang kanyang orasan nang mabati siya at maihambing ang oras sa kanyang relo sa oras na ipinapakita ng TV para sa pang-umagang balita. Mabuti na nga lang raw at nausog ngayong araw ang oras ng kanyang klase at hindi masisita ng mga naghihigpit.

Sandaling lumabas ang kasamang guro sa kanilang silid para silipin kung pumapatak pa ang ulan. Pagkaraan nito, bumalik siya sa harapan ng TV at sinaluhan ang batang guro sa panonood habang inihahanda ang kanilang inuming kape. Tinanong siya muli ng

batang guro habang ang programa'y nagpapatalstas.

- "Napansin mo bang wala 'yung mga bata?"

- "Parang nga. Mga ganitong oras, kumakatok na 'yung mga 'yun dito para humingi ng klase saka pandagdag sa pasahe."

- "Ito ring balita, tingnan mo. Wala pang coverage. Wala ng ulan ah. 'Di pa ba tayo lalakad?"

Itong batang guro ang agad na nakadama noon sa ilang bagay na kakatwa sa umaga bagaman pinigilan niyang ihayag agad ang minumuni ukol sa nangyayari habang nakaharap sila sa TV. Marahil ay hindi niya nais na magkaroon sila nang maagang pagtatalo ng kasamang guro na bagaman mahinanon ay talos niyang hindi agad natitinag sa mga kuro. Mabuti na lamang rin at pagkaraan ng ilang minuto'y nagpaalam ang kasamang guro na titingnan muna nito ang kanyang klase.

Pagkatapos magturo ay bumalik ang kasama sa kanilang silid. Naabutan niyang naroon pa rin ang batang guro na nakatanghod sa harapan ng telebisyon. Tangan nito sa isang kamay ang tasa ng umuusok na kape. Ipinatong ng kasamang guro ang kanyang mga libro sa lamesa at nakiupo sa sofa para tingnan ang ibinabalita. Naroong ibinibida ang magagarang damit na suot-suot ng mga kababaihang nagmamanda na ang iba'y dating butuin o asawa at isa-isang ipinaparada ng mga ito sa nagkakagulong litratista at mamamahayag ang gara at kinang ng kanilang mga kasuotan. Sa mata ng camera na ipinalalabas ng TV ay para silang mga modelo na rumarampa sa isang fashion show. Tanong ng batang guro sa kasamang tumabi sa kanya:

- “Nasa’n na ’yung mga ’yun? Ba’t parang wala pa ata sila?”

- “Hindi ka ba sumaglit sa klase mo? Andu’n kanina ’yung ilang kilala ko. Mga nagsipasok. Pero hindi ko na inusisa paglabas ko ng kwarto. Iba ang moda. Parang mga ’di yata lalakad.”

- “Sumilip din ako kanina diyan sa baba, wala na namang ulan. Anong tingin mo, baka nakaalis na ’yung iba?”

- “Imposible. Nandito pa ’yung ilan sa kanila. Mag-antabay muna tayo siguro bago lumakad.”

Pagsapit ng pasado alas-onse, pinatay nila ang TV. Niyaya ng kasamang guro ang katoto na magtungo muna sa kantina at silipin kung may masasalubong silang mga kakilala.

## II.

Palaisipan ang araw na ’yon para sa mga pulis na itinalaga sa kahabaan ng daanan papuntang sampamahalaan. Datapuwa’t wala pang kahit anong senyales na paparating ang mga grupong inaantabayanan, wala ring magawa ang mga nakaposisyong kawal kundi ang tumanghod at mag-abang sa ipag-uutos ng kanilang hepe sakaling magkagulatan at mangyayari ang hindi nila napaghahandaan. Hindi maiwasan ng mayorya sa kanila na kumamot sa ulo sapagkat matagal-tagal na rin silang nakahimpil sa pwesto. Hilaw ang tulog ng marami mula sa lumipas na gabi kakasampal sa pisngi at hampas sa braso dahil sa laksa ng lamok sa kanya-kanyang duyan na isinabit sa mga puno at poste ng sampamahalaan.

Ngayong araw ay tila higit na humaba ang kanilang oras dahil wala namang mahalagang nangyayari sa buhay nila bilang

tanod kundi ang tumingin sa malayo at sulyapan paminsan-minsan ang bawat isa habang hawak ang kanilang mga arnis na rattan at malalapad na pananggalang. Ang araw na 'yun ay hindi katulad nung mga nagdaang taon na animo'y may isang patalim na nakaumang sa kaayusan ng kapaligiran kung saan maaga pa lamang ay mayroon na silang inaasahang kasagutan at kakiskisan.

Ang kanilang pag-aantay ay tila isang walang katapusang labanan kontra sa pagkatulala. Sa imahinasyon marahil ng pinakamatikas sa hanay ng mga ito na mas maiging naiwan na lamang sila sa kanya-kanyang istasyon at nagpapalamig sa buga ng aircon. Doon ay maaari silang humilata at matulog, manood ng kung anu-anong video sa internet at magsaya. Hindi tulad dito sa kanilang kinatitirikan ngayon na bigla na lamang uminit at naging maalinsangan matapos silang magmukhang basang sisiw kaninang umaga kakasilong kung saan-saan dulot ng malakas na pagbuhos ng ulan.

Mas lalong naburyong sa kanila ang mga bumbero na itinalagang kagawad sakaling kailanganin ang pwersa ng kanyon para bombahin ng makating tubig ang mga naggugumiit nilang katalo. Tulad marahil ng mga tanod, inisip na lang din ng mga bumbero na kung wala naman pala ang mga inaabatan ay nanatili na lang sana sila sa kanilang estasyon at mga tanggapan. Doon sana ay nanonood na lang sila sa telebisyon o kaya'y nagbabasketbol kundi man naglalaro ng Jai-Alai sakaling walang alarma ukol sa sunog.

Ang maliliit na manininda naman ng pagkain sa loob ng mga bulto na umasang magkakakuwalta ng malaki-laki sa araw na iyon ay

tinuklaw na rin ng pagkabugnot at pag-aalala. Ang mga okasyon na tulad nito'y, bagaman kritikal, ay kinamihasnan na rin nilang maging pagkakataon para makapaghanap-buhay ng maganda-ganda. At kung hindi darating ang malalaking grupo ng mga matamang tutunghay sa pananalita ng Ulo, tiyak na suliranin ang ibubunsod sa kanila nito. Bukod sa mga kaswal nilang masasalubong, mailalako na lamang ng mga manininda sa iilang kawal na walang baon at mga nagtitipid na bumberong nakaposte sa mga barikada ang mga pinag-iimbak nilang paninda tulad ng daan-daang piraso ng lumpiang toge, kilo-kilong plastic ng squidball, fishball, chickenball, one-day old, at kikiam. Kasama na rito ang mga pinalamig nilang pamatid-uhaw mula sa mineral water hanggang sa mga tinimplang juice at gulaman. At kung tuluyang mamalasin ay mahihinuha ng mga maninindang ito na para silang natalo sa sugal nang magpaluwal sila kamakailan ng malaki-laking kapital para sa mga paninda ngayong araw. At ang inaasahan nilang tutubuin ay malamang na mauuwi sa pagkalugi. Mula pa umaga hanggang tanghali matumal ang kanilang benta. Hindi nila agad maipaliwanag kung bakit hindi pa nagsisidatingan ang mga taong kung tutuusi'y karamay nila sa hamon ng buhay.

## III.

Habang nakaharap muli ang magkaibigan sa kanilang telebisyon pagkaraang mananghalian at walang nasalubong sa mga taong hinahanap, nagtanong ang nakababatang guro sa kasama.

- "Tingin mo ba may nagagawa pa 'yung mga ganitong lakad natin tuwing Hulyo?"

Sa sandaling iyon, bagamat may anyong obhetibo at kababaan ang tono ng pang-uusisa ng nakababatang guro sa kasamahan ay napanganga naman itong huli sa mga narinig. Para siyang nakagat ng pulang langgam at ang kirot na nadama ay bahagya niyang ikinaabala ngunit hindi ipinahalata. Mula sa pagkakapako ng mga mata sa patalastas ay bumaling ng tingin ang gurong tinatanong at tanong din ang naitugon niya sa suspetsa nang nagtatanong na kaibigan.

- "Anong ibig mong sabihin?"

- "Iniisip ko, hindi kaya sa tuwing nagkakaroon ng mga ganitong okasyon eh wala naman talaga tayong nababago sa mga gusto nating mangyari?"

Saglit na huminto ang batang guro sa panimula niyang pagkukuro at huminga nang may katamtamang lalim bago ipinagpatuloy ang ibig sabihin.

- "Ilang dekada na rin tayong nandito. Kaya ko naitanong kung may epekto pa ba talaga itong ginagawa natin. Hindi ko sinasabing walang nagbabago. Pero ang binabanggit ko eh 'yung mga paulit-ulit na pangyayari ba na gan'to, hindi ba ito paurong?"

Nakatitig lamang sa kanya ang kasama habang nagsasalita. Ilang saglit pa'y tumigil muli ang batang guro para ibuwelo ang isa pang nais isangguni sa kaharap.

- "Hindi kaya predictable na itong mga nangyayari?"

Mula sa pagkakatitig ng kasamang guro ay napatakip ang kamay nito sa kanang pisngi. Inayos niya muna ang pagkakasandal ng likod sa kanilang sofa at saka tinanong ang batang guro.

- "Anong gusto mong ipunto?"

Iiling-iling ang batang guro sa isa uling patanong na tugon ng kasama. Ibig sana nitong usigin ang kausap subalit hindi na lamang itinuloy datapuwa't idinugtong niya ang kanyang suspetsa sa isyung inuungkat ng kaibigan.

- "Baka kung ano-ano na namang haka 'yang naiisip mo dala ng kung ano-anong libro."

- "Hindi kaya kahit mga ordinaryong tao ay memoryado na rin kung anong mangyayari sa araw na 'to?"

Bago bumuka ang bibig at magbigay-linaw ang kasama ay biglang dumilim. Nag-brownout. Magkasabay na namatay ang ilaw at TV na sinundan ng hiyawan ng mga tao mula sa karatig na silid. Nagtaka ang batang guro. Agad siyang tumayo sa sofa at tinungo ang pinto ng kanilang kwarto para dungawin kung anong nangyari sa labas ng gusali.

Habang walang kuryente at hindi makapagpasya sa lakad ang dalawang magkaibigan, ang ilang media naman na itinalaga ng kani-kaniyang ahensya sa lansangan ng sampamahalaan ay wala pa ring mahalagang naiuulat sapagkat ang kanilang mga inaasahang kukunan ng aktuwal na video at mga pananalita sa panig ng mga kritiko ay hindi matagpuan. Maghapon nang napapailing ang kanilang cameraman sa walang katapusang pagkuha ng video sa mga pulis na halatang naiinip na rin. Paminsan-minsa'y may pabirong kakaway sa kanila mula sa mga ito kasama ng ilang manininda ng pagkain na para bang inaasam na makita ang kanilang mga sarili sa pambansang telebisyon bilang konswelo sa hindi kagandahang araw

ng kanilang trabaho.

Katulad ng mga pulis at bumbero, umiikli na rin ang pisi ng mga kawani at ilang personalidad mula sa media. At para kagyat na maibsan ang pagkaburyong, napilitan ang mga reporter na maghanap ng ibang anggulo na puwedeng iulat. Kahit wala pang malinaw na kwento, kailangan nilang makabuo ng bagong pananaw ukol sa kakaibang pangyayari sa araw ng pananalita ng Ulo kung saan tanghali na'y wala pa rin ang mga inaasahang tao. Sa gitna ng mga ito, habang nagsisimulang bumuo ng sariling teorya ang intelligence unit ng kapulisan, hindi rin nagpahuli ang mga mamamahayag, na tila mga alingawngaw ng palaisipan. Nagbubuo ng sapantaha ngunit walang kasiguraduhan kung tama ang kanilang mga hinala.

Alas-tres y media na ito nang magsimulang maabala ang mga mambabatas sa loob ng mandahan nang biglang maputol ang elektrisidad at mawalan ng ilaw sa kanilang bulwagan. Mabuti na lamang at may nakaantabay na generator na mabilis na nagkapagbalik ng kuryente. Ngunit ang higit na nakapangligalig dito ay nang sumingaw ang balitang tila tahimik at walang kaganapan sa lansangan ng sampamahalaan. Ang ilan sa kanila, partikular ang mga tradisyunal at konserbatibong nakabihis ng mahahabang barong at mamahaling kasuotan, ay nagpakawala ng lihim na ngiti. Isang masayang pagtatago ng kanilang kagalakan sa balitang tila napagod na ang mga nasa kabilang panig. Sa kanilang palagay, nawalan na ng gana ang mga kritiko. Palihim nilang ipinagpapasalamat sa kanilang panginoon na tila napagod na rin sa wakas ang mga paulit-ulit na nagmamasid sa bawat galaw ng rehimen. Marahil matagal na nilang

pinangarap ang ganitong sandali. Ngunit sa kabila ng mahinang musika ng pagsasaya, may ilan sa kampo ng mga mararangya at makapangyarihan ang nagtatakang tumikom at hindi nagpadala sa kasiyahang iyon.

Parang virus na nakapambulabog sa mga mambabatas na ito ang umugong na balita. Ang iba sa kanila'y hindi mapakali at biglang nabalisa. Sa kakakutkot sa kani-kanilang mga monitoring gadget para malaman kung ano ang mga pinakahuling kaganapan ay unti-unting nagambala ang kanilang mga kasama at ang noo'y nagsasalitang Ulo. Natuyo na ang ngiti sa mga labi ng ilang mambabatas na ito at nagbago ng bahagya ang hilatsa ng kanilang mukha na parang mga batang nahihiyang magpaalam sa guro para lumabas at magtungo sa palikuran. Ang malaking bulwagan ay minulto ng alingasngas at ng kabang hindi maipaliwanag, isang balisang nagkikibit-balikat sa bawat sandaling dumadaan.

Nang makaabot na sa sirkulo ng tagapayo para sa pambansang seguridad ang buong ulat ng naiibang kaganapan, agad na pinakilos ng tanggapan nito ang ahente upang lihim na imbestigahan ang mga nawawala sa kani-kanilang sentro at pambansang tanggapan sa likod lamang ng munisipyo. Nagpanggap na tindero ng mga remote control at antena ng TV ang ahenteng ito na nangatok sa mga opisina para kumpirmahin kung naririto ang mga hinahanap at ano ang kanilang kasalukuyang aktibidad. Subalit ng makapasok ito sa compound ng isang tanggapan ay nadatnan lamang niya ang normal na araw ng ilang indibidwal kung saan ang mga nasa bungad ng kanilang opisina ay abalang nakaharap sa mga computer, nagsusulat o may kausap

kundi man nagbabasa ng mga libro. Sa pag-uusisa ng ahente, walang kakaiba na mapupuna sa ikinikilos ng kanyang mga nakita. Walang ring kahina-hinala sa kanilang mga itsura.

Nang walang mahita, hindi agad nakatiis ang ahente na pumiga ng kapurit na impormasyon sa kanyang mga tinitiktikan. Bunsod nito'y hindi niya napigilan ang sariling gumawa ng padalus-dalos na pagpapasya. Imbis na manatili lamang kunwari na naglalako ng mga pekeng DVD at magmasid-masid sa paligid, naitanong niya sa isang babae kung bakit wala sila sa sampamahalaan ngayong araw na nagsasalita ang Ulo. Saglit na napatingin lamang sa kanya ang kinakausap at saka siya sinagot nito ng: "Maulan ho manong. Tulog ba kayo kanina?"

Sa pagbabalik sa kanilang tanggapan, sinubukan namang tingnan ng kanilang tauhan sa internet ang account ng mga kilalang personahe at lider ngunit wala rin silang nakitang kakaibang pagpapaskil doon. Pawang mga pagpapakita lamang sa publiko ng kanilang personal na buhay na walang kaugnayan sa politika ang naroon. Ang iba nama'y tahimik na nag-deactivate ng account. Ang mga opisyal na website at mga pahina naman ng kanilang mga samahan ay waring naglaho sa internet, may problema at hindi mabuksan. Mula sa opisina ay sabay-sabay na napakunot ng noo ang mga tauhang ito sapagkat wala silang signipikanteng naiuulat sa kanilang lider at tila naiiwang nakabitin ang rehimen sa kawalan ng kaalaman. Wala sila ngayong kamuwang-muwang sa mga nangyayari at para bang biglang nagbago ang kalakaran ng matagal ng tunggalian. Sa bawat saglit na lumilipas, lalong lumalala ang

tensiyon sa kanilang hanay. Parang may nagbubura ng mga bakas sa isang labirinto ng hindi maipaliwanag na pagkawala.


## IV.

Nang magbalik ang elektrisidad ay hindi na matagpuan ng bata ang kasamang guro sa kanilang silid. Kasabay ng pagkawala ng ilaw ang pagkawala rin ng kasama na hindi niya naramdamang lumabas pa sa kanilang kwarto. Naglaho ito kasabay ng dilim na para bang isang anino na walang kaluskos o bakas. Nagtaka ang batang guro kung paano iyon nangyari at matagal-tagal ring napatulala bago nito muling kinuha sa lamesa ang remote ng kanilang telebisyon. Itinutok niya ito sa sensor para buksan. Mukhang natapos na ring magsalita ang Ulo at ang inabutan na lamang niya ay ang kasunod nitong patalastas ng isang hotdog na iniendorso ng isang artistang nakanguso at suot ang pelukang asul. Pagkaraan ng iba pang mga paalala ay biglang pumasok ang isang dagling ulat buhat sa isang rehiyon na animo'y pumupukaw ng pansin.

Labintatlong katawan ng mga ipinapapalagay na pulis at sundalo ang natagpuang patay at nabubura ang mukha sa kagubatan ng isang probinsiya sa Timog Katagalugan. Pinaniniwalaang tinambangan ng mga hindi pa natutukoy na salarin ang mga pwersa ng gobyerno habang hinahanap ang napapabantog na naglalahong mga tao sa tatlong magkakatabing baryo. Inaalam pa ng mga awtoridad ang iba pang detalye ukol dito at ang lugar kung saan posibleng nagtungo ang mga tao.

Hindi mawari ng batang guro, ngunit parang unti-unti, bumibigat

ang hangin sa kanyang paligid. Walang kasiguraduhan, walang mga detalye at muli na namang pumapalya ang signal sa kanilang TV. Nalalaglag yata ang tinidor nakatusok dito. Tila ba ang mundo at ang kasalukyang mga nangyayari, ay dumadausdos-papalayo, naglalaho sa isang malawak at maitim na agos ng pagkawala.



# JOSH PARADEZA

Si Josh Paradeza ay isang manunulat na tubong Zambales. Naging fellow siya sa iba't ibang pambansang palihan tulad ng Iyas National Writers' Workshop, Palihang Rogelio Sicat, Ateneo National Writers Workshop, at UP National Writers Workshop at nagwagi sa ilang patimpalak kabilang ang Normal Awards, Palanca Awards, at Leoncio P. Deriada Literary Prize. Sa kasalukuyan, sinusubukan niyang isapapel ang mga tinatanaw na posibilidad ng queer speculative fiction at kung paanong ang pagkukuwento ay katuwang sa pagtuklas/pagbuo ng mga malalayang bukas.

Mahilig siya sa tokwa.

# Ang Mundo ay Ashtray

DUDUKOT si Rowena ng isang kaha ng sigarilyo sa kanyang designer bag. Nakakadalawang ream na siya ng Fortune ngayong araw. Stressed, she told her dear friend and secretary Michelle nang pansinin ang tatlong umaapaw na ashtray noong nasa boardroom meeting sila. Halos walang pumasok sa utak ni Rowena habang kaharap ang iba pang shareholders ng kumpanyang ipinundar niya with her own sweat and blood. Ngayon naman, sa harapan ng kanyang sikat at pinagkakatiwalaang ob-gyn sa sikat at pinagkakatiwalaang ospital sa Makati, hinihiling niyang hindi rin ma-absorb ang masamang balita.

Sinindihan ni Rowena ang stick. Rowena Palacios was born in smoke—parang inihaw na manok tuwing may espesyal na okasyon, babad na siya sa nikotina pagkalabas niya sa mundong ito. Nasa sinapupunan pa lang ay dumadaloy na sa katawan niya ang bawat hithit ng ina, pero it was late when she learned how to really smoke.

After all, just ingesting nicotine is different from breathing it in.

Ang nanay niya ang nagturo sa kanya, noong siya'y 7 years old. Lumaki sa kahirapan si Rowena kaya naman nahuli siya sa mga kaedaran na makatikim ng sigarilyo. Sapat lang kasi ang kinikita ng nanay niya sa labada para sa pagkain nila sa araw-araw. Kakaunti lang din ang naiaambag niya sa pagbebenta ng sampaguita sa tapat ng simbahan. Minsang naglaba ang nanay niya para sa isang mayamang pamilya ay nabigyan ito ng extra, kaya swerteng nakatikim si Rowena ng sikat na sigarilyong Hope. Inubo siya sa unang hithit pero masarap ang init sa kanyang baga—parang mahigpit na yakap ng kanyang ina.

Tiningnang maigi ni Rowena ang mga larawan ng mga expecting mother, mga buntis, sa opisina ng doktor. Gaya ng mga kaklase niyang naninigarilyo tuwing recess noong grade 1 sa Mababang Paaralan ng Sta. Cruz, para bang nangungutya ang mga tingin nila. "Hindi mo ito magagawa, Rowena. Hindi mo ito makakamit. You're not one of us."

"Rowena, are you okay?" sabi ng ob-gyn, bago humithit sa sarili nitong sigarilyo.

Ngumiti si Rowena, natauhan, nahiya sa panandaliang pagkawala sa sariling mga alaala.

"Are you sure, Doc?" sabi niya. "Hindi na ba ako magkakaanak?"

"Yes, I'm sure. I'm a doctor."

Last two weeks ng shooting nina Diana del Mundo para sa kanyang comeback film. Ang sabi ng direktor niyang si Tofie Melendez, maging ang marketing head ng production company na magpo-produce ng pelikula, "This is the biggest film of the decade." Malaking bagay na

marinig ito mula kay Direk Tofie Melendez—after almost two years of being out of the business. It's nice to hear someone giving their full trust in you, in your talent. Ready na si Diana sa sasabihin para sa nalalapit na press conference na siyang grand promotion din ng pelikula.

Naninibago si Diana. Kanina, sa unang eksena ng araw, kailangan niyang ipagluksa ang kalagayan ni Rowena Palacios, ang karakter na ginagampanan niya sa avant-garde at modernong pelikula ni Direk.

Hindi na kasi magkakaanak ang bida dahil workaholic, at dahil ilang beses nang nakunan ay wala nang posibilidad na muling mabuntis. Nahihirapan siyang ilagay ang sarili sa posisyon ni Rowena dahil hindi niya maisip ang posibilidad na mawalan ng anak. Kahit pa sabihing malaking dagok sa kanyang pausbong na career ang baby na si Angelo, blessing pa rin ito at gagawin niya ang lahat masigurado lang ang magandang buhay ng bata.

Sabi ng kanyang on-screen partner na si Miguel Alvaro, one of the best actors of his time, it takes time. Taimtim ang short acting workshop na iyon, idea pa rin ng henyong si Direk Tofie para sa kanyang mga actor. Aayaw na sana si Diana pero naisip niyang kailangan niya ng lahat ng tulong para makabalik sa groove ng acting. Kailangan niya ng pampadulas para madaling magsuot at maghubad ng mga karakter, gaya ng dati.

"Ang hirap naman ng advise mo," sabi ni Diana kay Miguel minsang nagre-ready para sa isang eksena.

"Ang alin? Iyong time?"

"Oo. Wala na tayong oras, kasi lagpas kalahati na tayo ng shoot."

Tumawa si Miguel. "Oh come on, Diana. Kahit na nasa last two weeks na tayo ng eksena, when you make it right, you make it right."

Iba ang tawa ni Miguel. Dumadagundong sa buong set. Not in a bad way, pangungumbinsi niya sa sarili. There's power, but there's also certainty. Gwapo si Miguel, sikat. Nagtataka nga rin si Diana noong una kung bakit siya ang naka-partner nito. She mustered all her courage to be frank and asked him—"Bakit mo piniling maka-partner ang laos na kagaya ko? Please don't take offense, I'm just curious. Balita ko may nakabinbin ka pang project with Janice Santos."

Walang patumpik-tumpik, sumagot si Miguel. "It has always been my dream to work with you."

Miguel is honest, isip ni Diana. Straightforward, gentleman. Galante pa, dahil namimigay ng tigdadalawang pack ng More cigarettes every Monday sa set. He's got all the qualities the bastard Charlie refused to subscribe to.

"Totoo ba, Louie?"

Halos hindi masindihan ni Rowena ang sigarilyo sa pagitan ng kanyang mga daliri. Kapapasok pa lang ng asawang si Louie sa kanilang kwarto. Amoy alak at sigarilyo ito, pero under that is a scent of a woman. Another woman.

Matagal nang naghihinala si Rowena. Noong natanggap niya ang sentensiya ng doktor, hindi naman totally naging malamig na si Louie. Noong una naman ay supportive ito at kaya raw nilang lagpasan ang lahat. They went on dates, they revitalized their marriage. Pero after a few months ay naging distant ang lalaki. The flowers suddenly stopped coming, their bedroom became a sad empty space dahil

palaging nasa inuman o sugalan ang lalaki. Rowena continued to be the perfect wife, pero nananatili ang malaking pader na 'di niya matibag-tibag sa pagitan nila.

Kanina, nakita niya ang ilang larawan sa attache case na naiwan ni Louie. Si Louie, kasama ng kaibigan niyang si Susan Angeles sa Camp John Hay, sa Diplomat Hotel, sa Burnham Park. Susan and Diana were never apart as kolehiyalas, mostly dahil walang kumakaibigan sa kanilang pareho. Through thick and thin, they had each other's backs. Nang mamatay ang mga magulang ni Susan sa isang plane crash, ang pamilya ni Diana ang kumupkop sa kanya. Nang malugi ang unang kumpanya ni Diana ay si Susan ang tumulong sa kanyang makabangon muli. Sinong mag-aakalang pati ba hanggang sa asawa niyang si Louie ay hindi mawawala ang anino ng kaibigan?

"Totoo ba?" tanong ulit ni Rowena, hindi na nanginginig. Nanatiling tahimik si Louie, hinahayaang mapuno ng usok ang kanilang kwarto. Hindi na makita ni Rowena ang mukha ni Louie sa usok, pero sino bang may gustong makita ang pagmumukha ng nagtataksil sa 'yo?

"Nakakasuka ka, Louie. I hate you. I hate you!" Hinawi ni Rowena ang usok at lumabas ng kwarto.

Pagkasabing-pagkasabi pa lang ng cut ay niyakap na ni Diana ang katambal na si Katrina Pineda. Napalakas ang sampalan nilang dalawa sa eksena. Sa kwento kasi, komprontasyon na ni Rowena Palacios at Susan Angeles, ang dating magkaibigan na ngayon ay magkaribal na sa pag-ibig ng iisang lalaki. Unang sumampal si Diana, may pagdududa pa sa pwersa ng mga palad. Iwas na iwas siyang ma-

issue na malakas manampal, unprofessional, bitter dahil nga nalalaos na. Pero nang bumawi si Katrina—sikat sa labinlimang roles bilang kontrabida, lahat ay nominado sa iba't-ibang film festival—alam na niya ang tamang timpla ng sampal. Parang pag-aaral lang kung paano ang tamang hithit ng sigarilyo, iyong sapat para mapuno ng usok ang baga pero hindi sobra para masunog agad ang stick sa pagitan ng mga daliri. Sa puntong iyon, napagtanto ni Diana na kahit na ilang taon pa siyang mawala sa showbiz, basta't ibigay mo ang stick sa kanya ay alam niya ang gagawin.

"You were great, Di!" sabi ni Katrina—or Kat, pagpipilit nito kay Diana, sabay ng pagpipilit na Di naman ang itawag sa kanya.

"No, you were great! That slap was fabulous!" balik ni Diana habang inaabot ang ice pack na dala ng kaniyang PA. Saka lang niya maaalala ang oras. Alas-onse na ng gabi pero hindi pa siya nakatatawag sa bahay. "Excuse me," sabi niya, dali-daling tumakbo papunta sa maid's quarters, kasalukuyang holding area, kung nasaan ang mga gamit niya. Usually ay may mga tent nang naka-plastar para sa kanilang mga artista pero hindi pumayag si Direk Tofie. Para saan pa raw at ipinagamit niya ang napakalaking mansion para sa shooting kung magbabalandra lang ng mga tent na hindi babagay sa architecture ng kanyang humble abode.

"Yaya Mila? Si Diana ito. Si Baby Angelo, kamusta, natutulog na ba?"

Sasagot ang kabilang linya. "Nakatulog na, Diana."

"Okay, good. Nakapagsigarilyo naman siya bago matulog?"

"Yes, Diana. Isang stick before bed time gaya ng bilin mo."

Ngumiti si Diana. Magiging mas mahirap siguro ang pagpapalaki niya kay Baby Angelo kung wala si Yaya Mila. Dati niyang nakasama ang kasambahay sa unang restaurant niyang pinagtrabahuan—si Diana ang serbidora habang cook naman si Yaya Mila. Ito lang ang tanging naging mabuti sa kanya habang pinagmamalupitan ng kanilang amo si Diana. Si Yaya Mila rin ang nagligtas kay Diana nang pagtangkaan siya ng matandang negosyante—napatay niya ang amo nila, nakulong, at makalipas ang ilang taon ay binalikan ni Diana para tulungang makalaya. At heto, si Yaya Mila na ang susunod na pinakamalapit sa puso ni Baby Angelo, pagkatapos ni Diana.

"Diana, nagising ang bata. Nako ikaw talaga—oo, ang mommy mo ito. Gusto mong kausapin? Diana, gusto ka raw kausapin ng bata."

Hindi na kailangang sabihin pa ni Diana ang nais. Nagsabi pa lang ng "hello" ang maliit na boses ay lumukso na ang puso niya at napuno ng pangungulila, pag-ibig, ligaya at lungkot. "Baby Angelo," sabi niya. "My baby, did you pray before sleeping?"

"Yes, Mama."

"Very good! Mama will be back soon okay? And then we'll play and smoke together." May halong takot sa pangako ni Diana. Totoo namang makauuwi na siya at makalalaro ang anak, makasasabay manigarilyo, pero nangangamba pa rin siya sa darating na bukas. Paano kung hindi successful ang pelikula? Paano kung pagkatapos ng paghihirap niya ngayon ay hindi siya muling tanggapin ng madla bilang Box Office Queen ng Dekada '80? Wala naman siyang pakialam sa sasabihin ng tao, sa totoo lang. Sabihin mang tumaba siya nang kaunti, wala nang ningning ang kanyang bituin. Ang mahalaga ay

masigurado niya ang pinapangarap na buhay para sa anak. Iyon lang naman ang hinihiling ng lahat ng ina. Kaya dapat talikuran niya ang lahat ng distraction. Dapat ay maging focused lamang siya sa kanyang craft, sa script, sa kwento at mga dialogue na kailangang bitawan ni Rowena Palacios para ipakita ang hinagpis ng inang hindi magiging ina, ng inang walang karugtong na anak, babaeng ipinagpalit ng asawa dahil lang hindi niya kayang pumasok sa tipikal na standards ng lipunan para sa babae. Diana assumes na ito ang gustong sabihin ng pelikula at ang dine-demand ng kanyang character, pero sa tuwing pag-uusapan nila ni Direk Tofie ang gantong mga bagay ay tatawa lang ang direktor at sasabihin sa kanyang "Leave the thinking to us, Darling."

Notorious itong si Direk Tofie sa pagiging terror sa mga shoot. Ilang beses nang na-blind item ang direktor na nambabato ng kung ano-ano sa mga PA, sa mga extra. Si Doreen Reyes, iyong beteranang komedyante, ay nag-guesting sa isang talk show at nagparinig tungkol sa isang baklang direktor na binastos siya sa set dahil daw hindi siya marunong gumamit ng pagkadami-daming kutsara't tinidor sa hapag kainan. Uncultured swine daw. Labas sa mga chismis na naririnig sa mga telebisyon at nababasa sa mga tabloid, may sarili ding mas juicy na kwentuhan ang mga tao sa set. Kung papansinin daw ang mga pelikula ng direktor, palaging may muse si Direk Tofie na bali-balita'y naikakama niya. Dati si Leonardo Santos, sumunod si Gene Smith, pagkatapos ngayon, si—

"Nandito ka pala."

Lumingon si Diana sa pinanggalingan ng boses. Nakasuot lang

ng pambahay si Miguel, white t-shirt na niyayakap ang bawat umbok ng kanyang mga muscle at manipis na shorts—

"Diana, are you okay?"

Iniwasan ni Diana ang titig ni Miguel. "Yes, I'm okay. Tinawagan ko lang si Baby Angelo."

Lumapit si Miguel sa kanya, umupo sa tabi niya. Naramdaman niya ang bigat ni Miguel sa paglubog ng kutson ng maid, ang marahan na pag-ugong ng bakal na sumusuporta sa bigat nilang dalawa. Mabango ang lalaki kahit walang cologne, amoy sabon. Nagdadalawang-isip tuloy si Diana kung totoong may relasyon sina Miguel at Direk Tofie.

"You're a very strong person, Diana."

Nagulat si Diana sa sinabi ng lalaki. Liban sa out of nowhere ang statement ay may kirot sa puso ni Diana. It was more than all the totality of compliments she received in her life. Her fans would always say she is a great actress. Ang sasabihin ng nanay niya ay mabuti siyang anak. Ibubulong ni Charlie palagi sa kanyang tenga na ang ganda niya, ang kinis ng kanyang balat, ang init ng kanyang katawan. But they would always forget her strength. How she managed to be Diana del Mundo despite everything.

Hinawakan ni Miguel ang balikat ni Diana at naramdaman niyang muli ang kuryenteng matagal na niyang nakalimutan. Mainit ang mga palad ni Miguel, malaki, sapat para masakop ang bilog ng balikat ni Diana. Umikot ang bahay-bata ni Diana. But no. She mustered all her courage to think of Baby Angelo, think of all the suffering she had to endure sa kanyang mala-pelikulang buhay, think of her deceased mother. Lahat ng iyon ay para sa kanyang pangarap,

sa pangarap niya para sa kanyang pamilya. Inalala niyang nakasalalay sa pelikulang ito ang kanyang career, at hindi niya pwedeng salingin ang direktor. Isa pa, mabait ang direktor sa kanya. She wouldn't dare break his trust.

"I need a smoke," sabi ni Diana at tumayo, hindi lumilingon pabalik.

Ilang linggo nang binabantayan ni Rowena ang school na pinapasukan ni Louie Jr. It's been years since nanganak si Susan at ilang taon na rin siyang nagtitiis sa gawi ni Louie na M-W-F lang kung umuwi. Consuelo de bobo ang ibinibigay ni Louie sa kanya. Hindi siya ginagalaw ni Louie, hindi hinahawakan, kinakausap pero hindi naaabot ng boses ni Rowena ang puso ni Louie. She tried everything, but everything is not enough. Kaya heto siya, nakaabang sa day care ni Louie Jr., hinahanda ang sarili sa bagay na ni kailanman ay hindi niya naisip gawin.

Si Michelle ang pangunahing nangumbinsi sa kanya na huwag ituloy ang balak. It was one of those days na wala si Louie. Of course, naglasing si Rowena kaya walang lakas para sagutin ang ilang daang missed calls sa telepono. Dali-daling pumunta si Michelle sa bahay ng boss at saka tinulungang siyang mahimasmasan. In her drunk stupor, sinabi niya kay Michelle, "What if gumanti ako?"

Hindi niya nilinaw kung ano ang paghihiganting iyon at hindi rin tinanong ni Michelle, basta't tumutol ito. Ngunit dito, ngayong araw, malinaw ang gagawin ni Rowena. Ipinagkait ng mundo sa kanya ang maging ina, and she can take it, pero what she can't understand is how Louie hurt her. Ipinagkait ni Louie sa kanya ang pag-ibig na

kinakailangan niya sa pinakamahirap na punto ng kanyang buhay.

"Hi, Louie Jr.," sabi ni Rowena sa bata, buhat-buhat ng kanyang yaya.

"Ma'am," sabi ng yaya sa kanya, gulat na gulat. Alam nito ang buong kwento kaya hindi makapaniwalang nandito ang asawa ng asawa ng kanyang amo. "Bakit po kayo nandito?"

Sa kotse, iniisip na ni Rowena kung ano pa ang dapat sabihin para makuha ang bata. Ibinilin sa kanya ni Louie si Louie Jr., ibinilin ni Susan, etc. Pero lahat ng iyon ay madaling matunugang kasinungalingan, at baka bago pa makuha ang bata ay itakbo agad ng yaya saka isumbong sa mga magulang nito. Kaya naman ibang atake ang gagawin ni Rowena. For years, she has trained under the tutelage of Shifu Kenzo Yamamoto bilang hobby at self-defense, lalo na't hindi malabong anytime ay pagtangkaan ng masama ang mga mayayaman. Inipon niya ang kanyang chi saka hinayaang dumaloy ito patungo sa kanyang mga kamao. Isang malakas na suntok sa sikmura ng yaya. Tumilapon ito, napasobrahan si Rowena sa lakas. Dali-dali niyang binuhat si Louie Jr. bago pa makita ng iba pang mga yaya ang nangyari at isinakay ang bata sa kanyang Mercedes Benz.

"Mama, sing me a lullaby," sabi ni Baby Angelo sa kabilang linya. Last week ng shoot at palagi pa ring hinahanap ng bata ang kanyang ina. Mahirap paliwanagan ang bata, sabi ni Yaya Mila. "Sinubukan ko na ngang bigyan ng dagdag na yosi ang bata, pero hindi raw iyon ang gusto, ang gusto ay ang kanyang Mama."

Umubo si Diana, saka kumanta nang marahan. "More

international cigarettes, catch the taste of magic, the magic taste of More." Nakalimutan niya ang ibang lyrics kaya dinaan niya sa tralala, hanggang marinig niya sa kabilang linya ang malalim na hilik ng bata.

"Maganda pala ang boses mo, Diana."

Nagulat si Diana sa boses ni Miguel. May habit itong sumulpot kung saan-saan at dapat ay hindi na siya nabibigla, pero 'di pa rin niya maiwasang manginig sa boses nito. Sa tuwing sinasambit ni Miguel ang pangalan niya at hindi ni Rowena, pakiramdam niya ay naroon ulit sila sa loob ng maid's quarters, magkatabing nakaupo sa lumang kutson, ang kamay ni Miguel ay sumasakop sa kanyang katawan.

"Tapos na kayo?" sabi ni Diana. Bago siya magbreak ay nakita niyang hinugot ni Direk Tofie si Miguel sa opisina nito, kailangan daw nilang mag-usap. Ito ang pinanghahawakan ni Diana ngayon para hindi sunggaban si Miguel at paulanan ng halik ang lalaki—hindi ito sa kanya, at ang pagtawid doon ay pagdedeklara ng digmaan sa direktor na nagbibigay ng malaking tiwala sa kaniyang mga artista.

"Ha?" sabi ni Miguel, nagtataka sa talas ng tanong ni Diana.

"Wala. Gusto mo ng sigarilyo?"

Hindi pinansin ni Miguel ang hawak ni Diana. Lumapit siya, sapat para maamoy muli ni Diana ang bango ng sabon nito. Irish Spring, galing Duty Free. Malakas pero hindi sobrang tapang para mabura ang usok na matagal nang kumapit at namahay sa balat nito. That's what Diana liked about smoking, actually, at least now that she's grown up to be a fine woman. Liban sa mahigpit na yakap ng ina, ang usok na kumakapit sa balat ay parang yakap ng makisig na

lalaki na ililigtas ka sa lahat ng panganib.

Lumapit pang muli si Miguel and Diana was trembling with desire. Nararamdaman niya sa kabuoan ng kanyang puso ang pagnanasa, pagnanais. Gusto niyang hagkan si Miguel, hayaan ang balingkinitan niyang katawan na mapasailalim ng makapal nitong mga bisig. She has imagined this moment a thousand times. Kung paanong yayapusin siya ng katambal sa pelikula, kung paanong pupunitin ni Miguel ang bestida niya, ang shoulder pads, kahit sa gitna ng eksena, kahit maraming nanonood, lalo na't maraming nanonood.

And then she would think of Miguel with Direk Tofie. Would his lips touch Miguel's lips that way she would kiss him? Would she be able to give Miguel what Direk Tofie can give him? Kung paanong hawak ni Direk ang leeg ni Miguel ay ganoon din kay Diana. This is not their film. This is not their story. Sa puntong ito, their lives are not even theirs. Si Diana, lalo na.

Bago dumapo ang mga labi ni Miguel sa labi ni Diana ay kumalas siya. She quickly removed herself from the situation faster than she let herself fall for someone like Charlie.

Rowena tried everything she can to make Louie Jr. stop crying. Hinele niya ang bata, pinainom ng gatas, pinagsigarilyo ng Hope, More, Fortune, pero wala pa ring nangyari. Sinubukan niyang magbasa ng libro, tumambling, all for naught. Nagmakaawa siya sa bata pero gaya ng Ama nito ay hindi nakinig si Louie Jr. sa kahit anong sabihin niya. Maybe she's really not fit to be a mother, isip niya. Maybe hindi siya pwedeng magbuntis at manganak dahil alam ng Diyos na wala siyang pasensiya para sa pagpapatahan ng bata.

Montage ng kanyang mga panaginip holding a phantom baby. Hindi makikita ang mukha ng bata pero alam niyang anak niya ito, may brown eyes, maputi ang makinis at malambot nitong balat. Tumatakbo sila sa isang park, kasama ni Louie. May sakit ito at pareho silang mag-asawang nagpapanic sa dapat gawin para bumaba ang lagnat ng bata. Papasok ito sa school. Magiging first honor. Mapapatapos hanggang kolehiyo with flying colors. Magkakaasawa, sariling pamilya, sariling anak, trabaho, bahay at lupa.

She'll look at the crying child. Ang batang iyon ay hinahanap ang kanyang ina, at hindi si Rowena ang taong iyon. She knew what she had to do. She has to return the child and return to reality. Wala na sa kanya si Louie, wala siyang anak, but she has herself.

"Putang ina!"

Dumagundong ang buong set sa mura ni Diana. Kararating lang ng balita sa huling araw ng shooting. Tapos na rin daw ang shooting ng pelikula ni Charlie kasama ng bago niyang leading lady na si Priscilla Hughes, kasalukuyang kandidata ng Pilipinas para sa Miss Universe. Nananadya talaga ang putang ina, isip ni Diana. Lahat talaga ay gagawin ni Charlie just to destroy her. Pinagbuhatan siya ng kamay ni Charlie dati, enough for her to not go out of the house habang naghihilom ang pasa sa kanyang mukha. She lost a TV Show guesting because of that. Minsan ding papunta sila sa awards night ay pinatay ni Charlie ang sigarilyo sa custom gown ni Diana, binutas ito, enough for her to withdraw last minute. He was an abusive boyfriend, and so the logical thing to do when she got pregnant is to leave him and move on with her life. Pero parang langaw na sunod

nang sunod si Charlie—hindi niya malubayan si Diana kahit ginawa na siyang tae, binaboy, niloko, pinaglaruan.

"Diana, calm down," sabi ni Katrina Pineda habang unti-unting natutunaw ang yelo na nakadikit sa pisngi nito. Diana knew there was something wrong with that day, kahit na dapat ay celebratory ang mood ng buong set. She can't explain but her body felt strange, hindi siya makapag-isip nang maayos, asin ang naihalo niya sa kape, filter ang nasindihan niya, and all. Kaya naman pati sampal niya kay Kat kanina ay napalakas at hindi ganoon ka-fabulous.

"How can I be calm when that bastard keeps on ruining my life?" sabi niya saka walkout. Tapos naman na ang eksena nila at break na talaga ni Diana kaya tingin niya ay wala namang maghahabol for another take. What she didn't know was Miguel ran for her, and when he reached her, he grabbed her arms, pulled her close, and locked her in an embrace. Sa ibang araw, makapupumiglas si Diana kay Miguel. He was strong, but she was also strong—it was her suggestion to have her character Rowena be a martial artist, dahil martial artist din siya. But today, after the devastating news, she let herself succumb to this man's arms. Amoy Polo Ralph Lauren si Miguel.

"I hate him, Miguel. I hate him," sabi ni Diana sa pagitan ng bawat hikbi. But Miguel did not speak. He knew what Diana needed, and it wasn't a man telling her that it was going to be okay. Alam din ni Diana iyon—for one month, they shared kisses, they shared a life—alam ni Diana na ibibigay ni Miguel ang kinakailangan niyang katahimikan from all the fears and all the hurt she's been keeping. She is a strong woman, but still, a human being. Kung bookshelf nga

ay lumulundo sa dami ng librong nakapatong dito through the years, paano pa si Diana na tao lang, artista lang?

“Diana,” sabi ni Miguel sa wakas. Tumigil panandalian si Diana, saka tumingala sa lalaking nakayakap sa kanya. “Diana,” he said again, and he proceeded to kiss her forehead. Sa pagkakataong ito, si Miguel ang unang kumawala, iniwan si Diana sa maid’s quarters na patuloy na lumuluha.

“Tanggap ko na Louie. Thank you for not pressing charges even though I deserve it,” sabi ni Rowena, habang nakatanaw sa dagat. Hindi sumagot si Louie, dahil buong pelikula ay siya nang siya ang nagsasalita at siya nang siya ang tama sa bawat argumento nila.

Matagal na katahimikan bago muling magsalita si Diana. “But give me one thing please, before you go.”

“What is it?” sa wakas ay bumuka ang bibig ni Louie. “Anything,” sabi niya, dahil lahat nga naman ay pwede na niyang ibigay para lang malinis ang konsensiya niya sa mga ginawa niya sa kanyang asawa. Of course he wants to start his new life with a clean slate, totally erasing Rowena from his life.

Lilingon si Rowena sa kanya at saka lalapit, yayakap. Hindi na sinubukan ni Louie na kumawala sa mga kamay ng babae. Yayapos si Rowena sa dibdib ni Louie, hahawakan ang batok, ang balikat, ilalapit ang bibig sa bibig ng kausap. “Give me one final kiss. Before this ends—bago tuluyang maging abo ang mundo ko.”

And Louie gave in. For the first time after a long time, he held Rowena in his arms and kissed her.

Matamis ang mga labi ni Miguel, hindi alam ni Diana kung dahil

ba sa lip gloss na madalas ipahid nito sa mga labi o sadyang ganoon lang talaga ang laway ng partner. And in that moment, nakita niya ang lahat. Ang mga nakita ni Rowena Palacios, ang hinihiling niyang buhay para sa sarili nitong anak with Louie. Naghalo ang mga pangarap na ito sa pangarap niyang buhay with Baby Angelo, and with Miguel in it. Fuck Direk Tofie Melendez na kanina pa sumisigaw ng cut. Fuck the camera crew, the set men, fuck the fans, and most of all fuck Charlie. Lahat sila ay wala na, hindi na nag-eexist sa napakagandang pangarap ni Diana at Rowena. Lumuha siya habang humahalik, habang inaamoy ang bagong pabango ni Miguel Alvaro na hindi niya alam kung ano at saan nabili. Basta't mabango, basta't may halong usok ng sigarilyo. Iba ito sa naimagine niyang unang halik nila ni Miguel—iyong tunay na halik na hindi sila ang mga karakter sa pelikula—pero this is what she really needs. No sparks, no fireworks. Just two people kissing, being vulnerable, letting go of all the fears and anxieties they hold in this world and just tasting love in their mouth, tasting their dreams. Napakatamis managinip, napakatamis umibig, kahit mundo ma'y maging abo.

Araw ng premiere. Ever since the last day of the shoot, hindi na siya kinausap ni Direk Tofie Melendez. They didn't hold a press conference to promote the film kaya lugmok na lugmok si Diana sa bahay. Earlier that day, tatlo sila ni Baby Angelo at Yaya Mila na nakaubos ng dalawang ream ng Marlboro Red. They were celebrating with somber hearts. Kabado silang tatlo sa kahihinatnan ng pelikula ngayong para bang gusto nang i-pull out ni Direk Tofie ang suporta sa sarili nitong pelikula, maging kay Diana.

It was a miracle that "Mundo Ma'y Maging Abo" was a success. Buo pa rin ang star power ni Diana del Mundo, matagal nang inakalang laos at passe. Dinumog siya ng mga fans, ng mga dating fans ng Charlie-Diana at ngayon ay Diana-Miguel fans na. Dala nila ang mga streamer, ang mga posters na gustong ipapirma sa idolo, ang mga panyong ipapahid sa kanyang porselanang balat.

Dumating si Diana sa premier. Puno ng usok ang sinehan. Patapos na ang pelikula at lahat ay humahagulgol sa kinahinatnan sa buhay ni Rowena Palacios. She deserved better! Fuck you Louie! Tangina mo Susan! Sigaw ng mga fans sa pagitan ng pag-ubo at paghithit sa sigarilyo. Hindi nila napansin na pumasok na pala sa loob ng sinehan si Diana at dali-daling nakaupo sa seat na naka-reserve para sa kanya. Katabi niya dapat si Direk Tofie Melendez pero hindi ito sumipot. Maging si Miguel ay wala.

She deserves this, isip niya. She has set her mind in building her career, only thinking of her one goal, and now she has achieved what she has set to do. Alam niya, bukas-makalawa, makakatanggap siya ng napakaraming tawag for another movie, for another tv show. Bonus na ang matatanggap niyang balita na nilangaw ang taeng pelikula ni Charlie. Mapapagtanto ng mga manonood na kaya lang naman napakagaling ni Charlie noon at charming ay dahil katambal niya si Diana. Ngayong ipinares siya sa hindi makapag-Tagalog na si Priscilla Hughes ay lumabas ang baluktot nitong dila, at walang kalatoy-latoy na acting.

Biglang may tumabi kay Diana. Hindi pwede ang non-actors at hindi parte ng crew sa pwestong ito sa sinehan dahil reserved

ito para sa kanila but who cares. She's seeing in the big screen how Rowena kissed Louie, how she has kissed Miguel. She was reliving the moment when suddenly the person beside her toucher her hand. Halong gulat at pandidiri, tiningnan niya ang katabi. She was about to call security nang mahawi ang usok at si Miguel pala ang lalaking tumabi sa kanya.


"Miguel," sabi niya.

"Diana," sabi ni Miguel.

"Miguel," sabi niya.

"Diana," sabi ni Miguel.


Sa screen, nagpan-out ang camera para ipakita ang kalawakan ng dagat at ang napipintong pagbagsak ng isang malaking kometa. In the years to come, isusulat ng mga akademiko ang pelikulang "Mundo Ma'y Maging Abo" bilang one of its kind, Direk Tofie Melendez's magnum opus, Diana's biggest film. Ang first true romance-slash-science fiction movie na magiging landmark ng Philippine cinema. Pero hindi maisusulat ng mga tao, hindi maaalala, na sa premier night na iyon, matututunang muli ni Diana del Mundo na ang pag-ibig ay hindi gaya ng usok ng sigarilyo, hindi basta-bastang nawawala, hindi nakaka-cancer.



# SANAYSAY

# ROCHEL ELLEN CAINTIC BERNIDO

Mapalad na nakatanggap na si Rochel Ellen Caintic Bernido (o mas kilala bilang "Rocky Bernido") ng ilang parangal mula sa Normal Awards for Gender-inclusive Literature, Life UPdates ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing, at TVUP. Mababasa ang kanyang mga luma at paparating na akda sa ilang publikasyon gaya ng Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature, Gadgad Press, at Rappler. Sa kasalukuyan, nagtatrabaho siya sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.



# Kung Nakakababa ba ng Matres ang High Heels

NAKALIMUTAN ko atang nakakababa ng matres ang high heels nang minsang magkomyut ako mula sa 6 AM rush hour ng Commonwealth hanggang sa 5 PM traffic ng Ortigas, suot-suot ang otsenta pesos na pekeng leather kong ankle boots.

Ang naalala ko lang ng mga panahong ito—bago ako lumabas ng bahay, pumara ng tricycle, sumakay ng jeep, at pumasok ng MRT—ay noong bumaba ng kalabasa si Cinderella, nakatakong siya (glass pa nga) para sa grand entrance niya sa ball ng palasyo.

Mula sa Barbie in the Nutcracker (2001), Barbie as Rapunzel (2002), Barbie of Swan Lake (2003), hanggang sa Barbie: Mariposa (2008), hindi kailanman nag-flats si Barbie sa mga eksenang may grand reveal o mahahalagang okasyon. May babasagin, may kumikinang, may umiilaw—lahat, basta may takong!

Maski sa online na laro ng Barbie sa www.playbarbiegames.com,

kung saan apektado na  rin ng kapitalismo si bakla at kinakailangan na rin niyang maging sahurang manggagawa,  pinagtakong si Barbie sa job interview niya.

Nang flats ang isinuot ni Kathryn Bernardo sa The Hows of Us (2018) habang nasa trabaho, binabad siyang parang daing ng direktor sa ilalim ng tirik na araw, pinahabol sa mga sasakyan habang namimigay ng flyers, at naputulan sila ng kuryente ni Daniel Padilla sa sumunod na sequence. Nang magsimulang magtakong si Nadine Lustre sa Never Not Love You (2018), promoted na siya sa trabaho; habang nasabon naman nang malala si Janine Gutierrez sa Babae at Baril (2019) nang hindi maayos ang stockings na katerno ng high heels niya sa trabaho.

Lahat ng mga imaheng kinalakhan ko—mula kay Cinderella, Barbie, hanggang sa mga teleserye sa kasalukuyan, mapa-GMA man o ABS-CBN – may "empowered" na kababaihan at lahat sila, nakatakong.

Kaya sa unang pagkakataon na kinailangan ko nang gumayak para sa kauna-unahan kong job interview sa Maynila, itinabi ko muna ang luma kong PE rubber shoes. Kinuha sa nakatabing dilaw na supot ng SM grocery store ang otsenta pesos na pekeng leather ankle boots, at nagsimulang rumampa para maghanap ng trabaho.

## Quezon Avenue Station

Sakto lang ang pamasahe ko para sa job interview sa araw na ito:

P10 para sa tricycle

P12 para sa jeep

P16 para sa MRT

________________

P38 x 2 = P72 (round trip)

KUNG isa hanggang dalawang linggo ang igugugol ko sa paghahanap ng trabaho, gagastos ako ng five-hundred four pesos (P504) hanggang one-thousand eight (P1,008) sa pamasahe pa lang—malaking dagok para sa indibidwal na may iilang libo na lamang sa ATM at may babayaran pang ilang bagay para sa tinutuluyan.

Nag-isip na agad ako ng ilang isasakripisyo ko munang kapritso. Nagkaroon muna ng pangungundisyon sa sarili bago ko tuparin ito, pero ang dalawang nasa tuktok ng listahan ay may kinalaman sa magiging larga ko sa araw na iyon:

1. Athletic ako (tinamad lang siguro ako noong high school sa PE kaya muntik nang bumagsak): kaya mong maglakad ng 2 kilometers mula tulay ng Ever Gotesco hanggang dulo ng Don Antonio, naniniwala talaga ako. Sayang ang P10 na bayad sa tricycle. Kaya mo 'yan, gaga ka.

2. Ang payo ng nag-viral na si Elevator Girl sa interview niya

> kay Madam Jessica Soho: 'Wag ka munang magbayad ng jeep agad-agad. Baka tumirik pa sa daan, sayang ang bayad. Mag-aabot na lang ako ng barya kapag malapit na.

In true gagita fashion, naglakad ako mula sa tinutuluyan patungo sa tulay ng Ever Gotesco Commonwealth.

Hati ang populasyon ng Brgy. Holy Spirit: May mga relatibong nakaaangat-angat sa buhay, may mga mahihirap, pero relatibong mas marami talang mayaman dahil sa mga naglipanang subdibisyon sa loob at commercial space; kaya kinaya ko pa ang katangahan kong maglakad habang naka-faux leather ankle boots sa kahabaan ng kalsada.

Pero ibang usapin na ng sumakay ako ng jeepney.

Para mas makatipid sa gastusin sa araw na iyon, makatutulong sana kung makakuha ako ng discount sa pamasahe. Pero hindi naman na ako estudyante sa mga panahong ito, pasok na ako sa kategorya ng out-of-school-youth. May diskuwento ako bilang PWD, oo, pero hindi naman apparent ang kapansanan ko at lalong magmumukha akong tanga kung sisigaw ako ng "manong, bayad, isang PWD!" at makikita niya sa salamin na naka-tucked in polo, high-waisted pants, at takong ang 'PWD' niyang pasahero.

Hindi ko pwedeng—at wala akong enerhiyang—lektyuran ang buong jeepney kung ano ang bipolar disorder at bakit ang ganda-ganda ko pa rin kahit P150 lang ang laman ng bulsa ko sa

araw na 'yon. Baka magmukha lang akong tanga at mai-post pa ako sa social media nang 'di oras. Binayaran ko na lang nang buo ang

dose pesos kong pamasahe.

PAGKABABA SA QUEZON AVENUE, kinaharap ko naman ang susunod kong kalbaryo: ang pagkahaba-habang overpass mula sa (iligal na) babaan ng jeepney hanggang sa kabilang dako malapit sa McDo.

Paakyat, para akong may bitbit na dalawang mabibigat na bato sa suot-suot kong botang may pagkakapal-kapal na three-inches na takong. Pero sabi nga nila, tiis ganda so kinarir ko na sa ngalan ng karir.

Pababa, binaluktot ko na ang mga daliri ko sa paa dahil napupuwersa at sumasadsad ito sa uluhan ng suot-suot kong sapatos. Ikakamatay 'yon ng mga kuko ko sa paa kaya dahan-dahan akong bumaba. Ang reward ko na lang sa sarili ay ang pagdating ko sa cashier ng Quezon Avenue MRT station. Matapos kong iabot ang PWD ID, agad-agad na diniskuwentuhan ang pamasahe ko. Mula P16, P12 na lang.

Alam kong gusto rin ng mga kaherang matapos agad ang trabaho kaya naging mabilis lang din ang transaksiyon; pero mabagal ang naging tingin at pagtatantiya sa akin ng mga naghihintay na pasahero sa linya ng mga PWD, senior citizen, at buntis.

Sa postura kong biglaang pumasok sa bakod nilang pormang-porma, ang dating nga naman siguro ay para kong sinikmuraan 'yung buntis at tinakong sa ulo ang mga senior na naghihintay sa puwestong iyon.

Pumíto na ang tren. Pagkarating, patay-malisya na lang akong pumasok ng bagon; at para maiwasan ang hindi inaasahang pagsikat

sa social media, kumapit na ako sa bakal na hawakan sa isang tabi; nagsimulang tumayo, habang inuugat na ang mga paa sa tatlong pulgada kong takong.

## GMA Kamuning Station

PAGDATING sa bandang Kamuning, unti-unti nang bumabagal ang tren. May pagtatantiya ang drayber at mukhang kakalas na ang riles sa bandang parteng iyon.

Noong bumabagal na ang tren sa bahaging ito, hindi ko maiwasang hindi makatitigan ang pagkalaki-laking mukha ng mga artista sa billboard ng Victor Magtanggol, Onanay, at My Special Tatay. Nakapaskil lahat sa gilid ng building ng GMA. Ang lalaki ng ngiti, parang nang-aasar.

Madali lang 'tong pagtawanan noon sigurong mas bata't hambog pa ako, may pagkukunyari pang hindi kami pareho ng mga kinokonsumong palabas ng mga kamag-anak at kapitbahay namin sa Payatas kahit magkakadikit lang halos ang bituka naming lahat. Pero ngayon, walang pagkakaila na nainggit ako sa mga pinalad maging artista. Anong baduy-baduy, e may mga commercial deal at naglalakihang bahay 'yang mga 'yan?

Sayang ang get-up ko nitong araw na 'to, sa isip-isip ko. Nakatakong na ako, e—at hindi lang takong: brown ankle boots, faux leather!

Pero kung sakaling bumaba na ako ng MRT doo't doon din, alam kong dalawa lang ang pagpipilian ko: ang pumila sa Wowowin (na 50/50 pa ang tiyansang makapasok ako matapos

makipagbalyahan sa mga senior citizen) o pumila para sa audition

ng isang GMA teleserye (kung saan, at best, ay makukuha ako bilang extra, papalakarin nang paulit-ulit sa ilalim ng tirik na araw bago mag-cut, at babayaran ng TF na P500 para sa araw na 'yon).

Napahinto na ako sa pag-iilusyon nang marinig ko ang basag na tunog mula sa speakers sa loob ng MRT, nagmamadali at mukhang inilapit masyado sa mic ang bibig:

"GMA Kamuning Station, Kamuning Station!"

## Araneta Center-Cubao Station

May tatlong (3) klase ng tao lang akong alam na nagha-high heels sa Cubao:

1. Mga manonood ng concert sa Smart Araneta Coliseum;
2. Mga indie kids na pumupunta sa Cubao Expo; at
3. Mga nagmamagandang call center agents.

Circa 2013. Noong minsang pumunta kami ng isang kaklase sa Demi Lovato: Live in Manila, wala kaming tiket pero naghanda ako ng damit at ng isang pares ng sapatos. Suot-suot ko ang kumikinang kong flat shoes na minsan ko ring nagamit sa Buwan ng Wika, United Nations, at iba pang paandar na events ng nagmamagandang hayskul namin.

Hati ang pila sa iba't ibang kategorya: VIP (P7, 500), Patron (P6, 000), Lower Box A (P5, 000), Upper Box A (P3, 500), Upper Box B (P1, 850), at Gen Ad (P700). Wala kaming tiket pero walang kaso 'yan sa matitigas ang ulong may determinasyon.

Hindi namin alam saan lulugar pero medyo mabilis din naman mamataan kung nasa tama o mali kang pila dahil habang pataas nang pataas na ang presyo ng tiket, lalong nagiging malinaw ang pormahan ng isang grupo. Sa bandang VIP section kung sa'n may mga "influencer" na inimbitahan, maraming nakakulot ang buhok, A-line na bestida galing Forever 21, at may ilan pa ngang nakatakong na malamang, para sa photo-ops.

Umasa kami ng isa ko pang kaibigan sa isang umaaligid-aligid na scalper sa Araneta, may kakilala raw siya sa loob. Higit na mas mura kumpara sa orihinal na presyo. Naka-jackpot kaming dalawa na nangangarap makanood ng concert at maging ganap na sosyal.

Pagdating sa entrance, ini-scan ang ticket namin. Tumunog ang alarm.

Tinanong kung saan namin nakuha. Halos makandabuhol-buhol ang dila kong sinabing, "s-sa t-tatay ko po." Ang nasabi na lang ng staff ng Araneta ay "'wag niyo nang ulitin 'to." Medyo nakakahiyang magpanggap na aksidente lang ang nangyari at may-kaya talaga kami, lalo na kung maluwag na bestidang stripes ang suot-suot mo at flat na flat na sapatos na halatang 'pinampraktis sa Foundation Day ang nasa paa mo.

Ito ang huling memorya ng nakakahiyang lakad ko papuntang Araneta Cubao, bago ng komyut kong ito sa MRT.

Naka-air conditioned bus kami sa biyahe naming noong 2012. Medyo iba ang Cubao kapag bumaba ka galing sa bus at lumusot sa Farmer's Market para sa kung anumang personal na lakad. Iba rin siguro kapag pumarada ang sasakyan mo sa Gateway kasama ang

may-kaya mong pamilya; at mas iba ang Araneta Cubao Station, kung saan nasa loob ka ng MRT, naka-high heels, 'di makaupo, at iniipit ng mga papasok at nagbabalyahan na pasahero habang rush hour sa umaga.

## Santolan-Annapolis Station

*"Santolan-Annapolis Station, Santolan-Annapolis Station."*

Dito sa estasyon na 'to madalas tumirik ang MRT. May kalimitang pagbagal din ng pagtakbo sa bahaging ito dahil katulad ng sa GMA-Kamuning, medyo isang ubo na lang din ang isang parte ng riles dito.

Habang bumabagal ang takbo at mas lumuluwag ang hitsura ng highway, mas kapansin-pansin din ang pagsikip ng daloy ng trapiko sa labas; at dahil madalas nagsisimulang tumigil ang mundo ng EDSA sa bahaging ito, natuto akong pansinin at kabisaduhin ang mga mamahaling sasakyan na nakabalandra sa isang hilerang showroom sa kahabaan ng Santolan.

Unang showroom na bubungad ang Chevrolet; susundan ng Jaguar Land Rover; at para sa mga mayayamang gustong gawing hobby ang pagmomotor sa bansang puno ng pulang Mio, may Harley-Davidson; magkakatabi naman ang Ram, Jeep (hindi po 'yung pamasada), at Chrysler; isa sa pinakamalaking showroom naman ang sa Mercedes-Benz; na siyang susundan din ng Subaru; at ang panghuli ay Ford, para sa medyo saktong mayamang may bahay sa Filinvest.

Puro kotse na ang mga nakabalandra sa harapan ko, pero hindi ko maiwasang maikabit ito at maalala ang nakalululang milyones na

kontrata ng Subaru para sa ilang cycle ng Asia's Next Top Model.

Sa Cycle 3 ng nasabing palabas, kung saan nag-runner-up ang Pinay na si Monika Sta. Maria, namili ng susunod na magiging "brand ambassador" ng Subaru. Nagpapila ng walong babae at isa-isang kinunan: lahat, suot-suot lang ang body paint at nagtataasang mga takong. Sa mga naging komento tungkol sa malalakas na pagpipilian, naging mahalaga umano ang pagdadala ng "outfit" ng mga modelo, katabi ng nakaparadang sasakyan.

Kotse lang, kung tutuusin, ang ibinebenta; pero hanggang sa pulutong ng mga imahen ng kotse, nakasunod ang babaeng nakatakong.

## Ortigas Station

MALAPIT na ako sa huling hantungan.

Tuwing dadaan kami noong bata ako sa Ortigas Station, una kaming titingin ng pamilya ko sa kaliwa para mag-sign-of-the-cross sa harap ng EDSA Shrine; at sa kanan naman, kung nasaan ang POEA, para ipakita kung saan mag-aayos ng papel para makaalis papuntang abroad.

Nag-sign-of-the-cross ako dati doon para sa mabilisang hiling na matuloy sana sa lugar na may malaking sahod ang nanay ko. Nag-sign-of-the-cross ulit ako ngayon para sa mabilisang hiling na matanggap sana ako sa trabahong itong may pinakadisente at relatibong mas mataas na kita sa balat ng BPO sa Metro Manila.

Pero sana pala, naisama ko na rin sa mabilisang dasal ko ang isang buong obstacle course na dadaanan ko mula sa pagdating ko sa

Ortigas Station.

Banayad lang dapat ang pagbaba ko mula sa MRT station; pero may munting surpresa pagkababa: may iilang pulgada lang kaming puwedeng lusutan na daanan. Literal na hindi puwedeng magsabay ang dalawang tao sa daan.

Bunsod ng micro-nutrient deficiency era ko sa mga panahong ito *(read as: krisis)*, nagkasya ako sa daanan nang walang pagtagilid na kinakailangan. Pigil-hininga ko nga lang binagtas ang mapanghing daan pa-SM Megamall.

Pagdating sa Savemore, parang langit sa lamig at bango ng turon nang pumasok ako sa loob; pero dahil mas bumabagal din ang paglalakad ng tao kapag nakatakong, mas nadama kong isa nga pala ito sa pinakamalalaking mall sa Pilipinas. Paglabas sa pinakamalapit na lusutan, naramdaman ko ulit ang isa pang kalbaryo—pagkatapos ng lamig, init. Wala na akong ilalim ng tulay o kongkretrong masisilungan, kaya naghanap ulit ako ng isa pang building na lulusutan: ang St. Francis Square Mall.

Malamig din, pero dahil sa pagiging tiangge-style ng naturang mall, maraming humaharang at nakikipagtawaran na kostomer sa daan. Napabagal pa ata ako ng malamig kong shortcut.

Pagtungo sa exit, diretso sa Ortigas overpass. Pinili pang hindi makisama ng overpriced nilang tulay sa panahong ito. Ayaw gumana ng mga escalator, kaya muli kong binuhat paakyat ang mga takong ko. Isa pa ulit na limang minutong paglalakad, na parang daing sa ilalim ng initan, ang kailangan kong gawin. Awa ng Diyos at pinagpala ako sa magaling na sense-of-direction at kapal-ng-mukha, nakarating ako

nang buo sa building ng kumpanyang aaplayan ko.

Naghintay ako ng kalahati pang oras para sa job interview. Pero pagpasok ko, alam kong kahit papano ay mataas na numero ang binilugan ng HR sa "physical appearance."

Sa neatness, kung meron man, hindi ko na alam dahil kahit gaano kataas pa ang takong ko at kahit pa sinagad ko ang pag-ipit sa tucked-in polo ko, alam kong nagulpi ako sa naging commute mula sa rush hour ng Commonwealth hanggang sa balyahan ng Ortigas.

Paglabas ko ng kuwarto, sinabayan akong lumakad ng HR at nagkomento:

"Hey, I like your shoes."

Nakuha ko ang trabaho.

KUNG NAKAKABABA BA NG MATRES ANG HIGH HEELS, mukhang walang siyantipikong batayan; pero kung kumalas ba ang mga lamang-loob ko sa komyut nang walang upuan habang nakatakong, mukhang oo.

Halos dalawang dekada ng popular na kultura at ng imahen ng babaeng seksi, mayaman, at nakatakong ang nakaukit sa utak ko. Target kong mapunta sa sapatos—at sa kasong ito, sa *high heels*—ng mga leading lady na naging kadikit ng pagbabagong-bihis at pagtatakong ang pag-iiba, ang pag-akyat sa corporate ladder, ang pagyaman, at ang pagtatagumpay sa buhay.

Pero kung anumang "kapangyarihan" ang bitbit ng high heels sa kaso ko, mukhang pahiram lang. Mukhang hindi naman para sa 'kin talaga, at para lang sa mga toreng sinusubukan kong ligawan at

alukan ng serbisyo. At, ’di ko man aminin, sa mga nanonood habang pinupuwersa ako ng naturang sapatos na pakiputin ang bawat daan at pabagalin ang aking lakad.

Sa ibang konteksto, alam kong totoo ang kapangyarihan sa pagsusuot ng high heels. Sa mga espasyo kung saan kinakailangang angkinin pabalik ng babaeng nakatakong ang kahulugan at konotasyon ng “feminine” na pananamit at “husay sa trabaho,” lalo sa dagat ng kalalakihang nakakurbata at naka-plain black shoes, alam kong nag-iiba ang bisa at kahulugan ng takong.

Sa ibang konteksto at pagkakataon, gusto kong maisipang magsuot ng high heels para sa sarili ko—hindi na niloloko at pinipilit ang sariling magtakong sa mga lugar at malulubak na kalsadang hindi nakadisenyo para sa sapatos na ito, hindi na para sa trabahong inaaplayan, at hindi na para HR na gusto kong kunin ang kiliti, at mas lalong hindi na para sa kung sinong Poncio Pilatong nanonood habang pinapabagal ng takong ang aking pag-usad.

Kaya sa unang araw ko sa trabaho, isinuot ko ang pinakamalambot kong sapatos.



# PRECIOSO M. DAHE JR.

Kasalukuyang Senior Researcher ng UP System Media and Communication Office ang Higaunong si Precioso M. Dahe Jr. Ang kaniyang mga sanaysay at tula ay nanalo sa KWF Sanaysay ng Taon, KWF Talaang Ginto Makata ng Taon, KWF Tula Tayo, at NCCA-NCLA Gawad Bienvenido Lumbera. Nakamit ang CAR para sa MAFIL sa Capitol University at ngayo'y nanimpalad sa kursong MA sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman. Maaaring padalhan ng mensahe sa email na: pmdahe@up.edu.ph.

# NANG BUMAGYO SA AKING PUYO

*"Belyca-belyca,*[1]
*bibiyo ka pupusòd,"*

*Sa puyo,*
*Sa pusòd,*
*Sa piso*

MARAHANG pinisil-pisil ni Apú ang giliran ng luy-a na may natuyong lupa. Kinuha niya ito mula sa itaas ng kaniyáng aparador katabi ng alkansiyang *lakap*.[2] Tila may sinulid na nakakabit sa kaunting

1 *Belyca-belyca, bibiyo ka pupusòd* – isang ritwal na sinasambit ng bae kapag nagtatalutho ng may sakit. Bawal rin itanong kung ano ang kahulugan nito.

2 *lakap* – uri ng kawayan

lupa nang inalis ito sa pagkakadikit sa panit ng luya. Nagpalubay ito sa hangin nang madama nito ang hiyop[3] ni Apú Soting. Tinititigan ko lang ang mga kuko niyang bumabaon sa katawan ng luya habang binabalatan ito. Napansin ko rin ang kurbada ng mga ugat niyang tila balat na lamang ang pumupigil nito upang lumabas. Naririnig ko ang kaniyáng paghingang hagod ng katandaan. Ilang saglit, hinipan niya ulit ang hubad na luya at dinuraan ito. Sa konsentrasyon kong nababasag nang kumakarag nilang telebisyon, hindi ko narinig ang taimtim niyang dinarasal. Hanggang sa may sinambit siyang orasyon sa luya habang inilalagay ito sa aking puyo, sa aking pusòd, at huli, sa piso.

*"Amin man labi nagpatalutho kanak gyapún. Ag kailing da siran ugkaguram, Maling. Pig-ospital en man gani, yan da man gyapún. Hura man nabal-an inu's dalu din. Kabuhi man sa pig-ikagi kanak hu mga duma din."* Sabi ni Apú kay Mama nang matanong nito kung sino-sino ang nagpatalutho sa kaniyá. Sa isip kasi ni Inay, baka nauuso na naman ang sakit na nararamdaman ko. Nilalayag ni Inay ang usapan sa paraang ikaaayos ng isip niya. Sa bisa nito, mas madali siyang mapapanatag lalo na't nasambit ni Apu na naging maayos ang kalagayan ng mga nagpagamot sa kaniya at simpleng kabuhi o kabag lang ang nararamdaman nila. Agad na ibinaling ni Apú sa akin ang tingin niya. Napansin kasi ni Apú na nakapaa akó kaya sabi niya, "*Idayun en sa sinilas no, mahugaw man daan sa saug*," o "Ipasok mo na ang iyong tsinelas, madumi naman ang sahig." Noong una'y nag-

3 *hiyop* – ihip

atubili pa akó. Hindi ako sanay na magpasok ng tsinelas sa bahay ng iba. Kaya naghanap ako muna nang puwedeng pagpagpagan ng tsinelas nang maalis ang alikabok.

Napansin ko ang basahan sa labas ng kanilang bahay. Kakulay na nito ang lupa. Tumigang na rin ito dahil sa putik na natuyo mula sa ilang mahabang panahong nililinis nito ang maruruming mga tsinelas. Tila, bitak ito ng lupa sa mga sakahan sa panahon ng gulabong.[4] O mas marahil, bitak ito ng nakatiwangwang na programa ng lokal na gobyerno sa Poblacion. Hanggang ngayon kasi, ang daang pinangako nang nagdaang administrasyon, na tapos na sa papeles, laksang putik pa rin naman sa realidad. Hindi na rin ito nakapagtataka para sa nakararami. Alam ng lahat na kinasuhan ang dating mayor sa pandarambong. Ngunit kahit pa man *hinay* ang pag-unlad,[5] may napansin akó sa isang bahagi ng daan na naging langit minsan ng aking pagkabata. Naging tindahan ng mga materyales sa paggawa ng bahay ang dating gilingan (na dati ring junkshop). Naging langit ito sapagkat dito kami kumukuha ng pambaon sa eskuwela. Ang mga tinipon na bote, kabilya, puthaw, pakó, at iba pang maaari naming makita sa daan, binibili ng junkshop at suwerte na ang dalawampung piso na kabuoang kita mula sa hindi mabuhat na sakó.

Gayon na lang ang gunita ng aking pagbisita kay Apú Soting. Habang nag-uusap silá ng Nanay ko, naikuwento niya ang tungkol sa isang manggagawa na nagtatrabaho sa malawak na taniman ng saging. Minsan din daw ay pumunta ito sa kaniyá upang magpagamot. Parehas daw kami nang nararamdaman at galing na rin daw sa syudad dahil nagpa-admit sa ospital nang ’di na niya maunawaan ang

kaniyáng nararamdaman. Ngunit hindi siya gumaling kaya nagpunta ito sa kaniyá para magpatalutho at gumaan ang pakiramdam. Sa katunayan, nakabaliik na nga sa kaniyáng trabaho. Sa isip-isip ko, ano kaya ang kinailangan ng kaniyáng katawan na hindi naibigay ng gamot sa ospital? Ano kaya ang bisa ng luya? Ang bisa ng ritwal? Minsan, katulad nang mamatay si Apú Bebing, ang lola ko, hindi ko kayang arukin ang mga nangyayari sa aking paligid.

Bata pa akó noon nang mamatay si Apú Bebing kaya hindi ko rin maunawaan ang nangyayari. Natatakót akó sa mga bagay-bagay. Nang mamatay si Datu Kanor, ang lolo ko, nagsimula ring manghina si Apú Bebing. Palagi na siyang nagkakasakit. Sabi pa nila, tinatablan na siya ng kulam at paninira ng kapúwa dahil nawalâ na ang pansagang ni Apú Kanor. Nang mamatay kasi siya ay inilipat ito kay Datu Tadena. Lahat ng mga hinaptan at muntiya na kasangkapan sa kaniyáng pagriritwal ay naipamana na sa susunod na lider ng katutubong komunidad. Kaya, nang magsimulang manghina si Apú Bebing, walâng ginawa si Ante Memin kung hindi ang ibuhos ang lahat ng kaniyáng makakaya upang sumigla siyang muli. Ngunit sumapit ang mga araw na hindi na nakababangon sa kama si Apú. Nang pakiramdaman ng kaniyáng mga anak ang maaaring sapitin ni Apú Bebing sa mga darating pang araw, nagkausap na silá sa maaari at dapat na ihanda. Hindi ito nagustuhan ni Ante Memin sapagkat ito ay *pagpanunglo*.[4] Ayaw niyang maghanda sa kamatayan ni Apú dahil para sa kaniyá, lalakas pa ito. Sa ilang ulit nilang pagkumbinsi

4 *pagpanunglo* – ito ay pagtakda sa isip na mamatay na ang isang tao,

kay ante Memin, walâ itong ibang ibinabalita kundi lumalakas si Apú tuwing gabi. Ngunit hindi silá naniniwalâ rito. Alam nilang pahirap nang pahirap ang sitwasyon ni Apú dahil na rin sa ilang ulit na itong tsini-check-up ng german doctor sa mobile clinic ng NGO, at hindi rin nila malaman ang sakit nito. Sinasabi na lamang nila na buhat na ito ng kaniyáng katandaan. Nakagugulat din kasi si *Anhing* [5]Nanay Bebing, tuwing umaga ay lantang gulay. Hindi makakain at makagalaw ngunit kung gabi, nakapaglalakad siya sa labas. Ilang araw iyon bago siya tuluyang malagutan nang hininga.

Kaya kinaumagahan, nag-away-away siláng magkakapatid sapagkat si Ante Memin, ang pangatlo sa magkakapatid ay sinabi ito sa kaniyáng mga kapatid, kasama na roon ang nanay ko. Ayon sa kaniyá, gumagaling na raw si Nanay Bebing, ngunit taliwas ito sa paniniwalâ ng iba niyang mga kapatid. Sabi nila, nababaliw na raw si Ante Memin dahil sa kagustuhan nitong lumakas pa si Nanay at dahil puyat ay kung ano-ano na ang nasasabi. Hindi kasi kapani-paniwalâ na lumalakas na si Nanay Bebing dahil sa umaga naman ay kahit pagdilat ng mga mata nito ay hindi na niya kaya. Kaya sa araw ding iyon, napagdesisyonan nilang sa bahay ni Nanay Bebing muna magpapalipas ng gabi. Isa akó sa kinakabahan sa mangyayari. Hindi ko alam paano ang emosyon ko kung makikita kung maglalakad si Nanay Bebing sa aming harapan kung gabi. Walâ rin akóng kayang isiping iba kundi ang pangangatog ng tuhod ko dahil sabi ni Ante Memin, bago naglalakad si Nanay Bebing sa may alas-dose ng gabi,

---

5 *anhing* – ginagamit na katawagan na idinurugtung sa unahan ng pangalan ng namayapa.

tumutunog muna ang mga hinaptan niya bilang Bae ng sitio. May mga kagamitan siya sa panggagamot na nakalagay sa karaang parador niya. Lahat ay gising at naghihintay sa mangyayari.

Nag-uusap-usap sina Mama at Papa kung pauuwiin muna kami sa Poblacion. Hindi kasi maganda na nandoon ang mga bata habang may nagkakasakit dahil baka mahawa kami. Kaya pinag-uusapan nilang umarkila ng motor nang makauwi kami kinaumagahan. Ngunit bigla-bigla, pagsapit ng alas-dose, nakatayo si Nanay Bebing at naglakad patungo sa kusina. Nakita niya kaming kambal sa sala kaya huminto ito at ngumiti. Nakatatakót ang pangyayaring iyon kahit ngayon, hindi ko kayang alalahanin ang imaheng iyon sa isip. Nagkagulo bigla sa bahay dahil sabi ng mga kapatid ni Mama, hindi raw si Nanay Bebing iyon, masamang espiritu ang nagpapagalaw sa kaniyá. Mas natakót kami sa pangyayari kaya nagsitakbuhan kami sa ikalawang papalapag ng bahay. Ang kilalang mga tribal na manggagamot sa sitio ay naroon din sa bahay kasama ang kanilang mga asawa. Agad-agad siláng kumuha ng tumpok ng malunggay at dinasalan ito. Pagkatapos ay iwinasiwas sa katawan ni Nanay Bebing. Nag-iyakan na silá, lalo na si Ante Memin. Nag-aasam siyang umayos ang kalagayan ni Nanay Bebing, kung kaya ganoon na rin lang ang pigil niya sa kaniyang mga kapatid. Ilang minuto ring nagtagal ang pangyayaring iyon bago nakabalik si Nanay Bebing sa kuwarto. Pagkatapos ng ilang ritwal, nagbago ang hitsura ni Nanay Bebing. Sa ilang araw na binabantayan siya ng kaniyáng mga anak, pansin nila ang mga ugat nito sa kamay pati sa kaniyáng mukha. Gayundin ang pangingitim ng kaniyáng balat at ang sobra nitong kapayatan.

Sa gabing iyon, umaliwalâs ang mukha nito at lumambot ang pisngi at mga kamay. Sabi ng Datu, tunay nang nakapagpahinga si Apú Bebing.

Kinaumagahan, tuluyan nang namatay si Nanay Bebing. Ipinaliwanag naman ng Datu kung ano ang nangyari. Sabi niya, ang mga espiritu sa mga gamit ni Apú ang nagpapalakas sa kaniyá tuwing gabi, hindi upang buháyin si Apú, kundi upang sa ilalim ng buwan, makahanap silá ng bagong tagapangalaga. Ang asawa ni Datu Tadena ang siyang tumanggap sa mga *hinaptan*[6] ni apú Bebing. Isa rin itong katutubong tungkulin na nararapat isalin sa mga datu at bae ng komunidad. Sa susunod na mga dekada, baka bumalik din sa pamilya nina Mama ang mga hinaptan ng kanilang mga magulang. Ngunit sa isang dayalogo ng mga magulang ko, ayaw ng Tatay ko na si Mama ang tumanggap nito bilang pinakamatandang babae sa magkakapatid. Ayaw ni Papa ang tungkulin ngunit bilang katutubong Higaunon, alam kong nasa pusò ito ng Nanay ko, ang maglingkod sa kaniyáng kapwa katutubo. Sa paglisan ni Apú Bebing, naging tahimik ang malaking bahay. Nalulugmok ang mga pader nito kahit ang mga haligi, gayundin ang mga naninirahan. Apektado ang lahat, lalo na si Ante Memin, hindi pa man uso ang usaping mental health noon, kaalinsabay ito ng kaniyáng pangungulila.

***

May napabalitang *kalibarot*[7] sa sitio Imbugsil ng barangay

6 hinaptan – mga kagamitan ng bae sa pagrirituwa

7 *kalibarot* – bahagi ng katutubong mitolohiya na isang aswang na nahahati ang katawan; isang manananggal

Poblacion, Sumilao ilang linggo bago ang kapistahan ng pintakasi ni Nuestra Senora del Pilar. Nagpapraktis pa kami noon sa banda, bilang isa akóng lyrist, nang pauwiin kami ng mga guro namin dahil may bali-balita ngang may kalibarot na sumakay sa isang elf na minamaneho ng isang taga-Sumilao na inatake nito. Sa hindi mabilang na balita tungkol sa masasamang elemento na buhat ng mga tradisyon, ang kalibarot o mas kilala bilang aswang ay ang pinakanakaapekto sa aming komunidad. May iilang karanasan na kasi ang nagpatunay na ginagambala nito ang mga taong nag-iisa, lalo na ang mga bata. Alas-tres ng hapon iyon nang nagmamadali kaming balikan sa paaralan ang mga gamit para maagang makauwi. Naging palaisipan kung totoo ba ito ngunit dahil napúpuno ng paniniwalâ ang lahat ng katutubong komunidad, pilit na nagpatotoo nito ang lahat ng mga nagdaang sugilanon, lalo na ng mga apú, tungkol sa masasamang elemento na dumadayo lagi kapag panahon ng kapistahan. Matao ang barangay at marami ang dumadayo mula sa kalapit at kahit malalayong sitio para makidisko. Isang gabi raw nang papauwi ang ilan sa mga batang babae papúntang sitio Laruk[8], may biglang nagpakitang matandang babae sa daan. Natutulog daw ito sa gitna ng kalsada nang bumangon bigla. Nasa bandang ala-una na ito ng madaling araw nangyari. Walâng tahol ng aso at ang tanging ilaw ng poste ang nagtangkang pakalmahin ang mga bata. Nagpatuloy silá sa paglalakad hanggang sa malagpasan nila ito. Hindi pa rin ito gumagalaw sa pagkakatayo. Nang maramdaman

8 *Laruk* – isang sitio sa Munisipyo ng Sumilao.

nitong malayo na silá, bigla silá nitong hinabol. Nagtakbuhan silá sa kalapit na bahay at nang marating nito ang madilim na bahagi, may kung anong lumipad na ibon sa bubong ng bahay at pagkadapo nito ay naging pusa.

Kinaumagahan, ang dali nitong pinalagim ang buong komunidad. Mas lalong naniwalâ ang mga tao tungkol sa panggagambala ng kalibarot. Hindi na muna kami nagpapagabi sa daan sa mga araw na iyon. Tumatamlay na rin ang mga baratilyo sa kalsada dahil sa balita. Walâ na ring mga bata na naglalaro sa liwasan. Ang tanging ginagawa ng tao ay ang manatili sa bahay at magbantay-bantay. Naalala kong inilabas na ni Tatay ang maliit na bronse niyang itak. Naghahanda ang bawat tatay kung may sumugod man na kalibarot sa pagsapit ng gabi. Ilang araw, napabalita na sa Purok 3, malapit sa may batis na napapalibutan ng akasya, nagpakita raw ito sa tatay ng aming kaklase. Usap-usapan ito sa recess kaya kahit ang mga guro at nangangamba na rin. Ang sabi sa kuwento, nakalilipad daw ito at hindi nakikita ang mukha dahil sa haba ng buhok. Ang tangi nitong pagkakakilanlan ay ang kulay ng damit nito na tila may latak ng dugo. Hindi na makóntrol ang pagkalat ng balita kaya nagpaalala ang kapitan na huminahon. Walâ itong mabuting naidudulot sa kapiyestahan. Nasisira lang nito ang kahandaan ng barangay upang maisaulog ito. Ngunit walâ itong nagagawa sa takót ng mga tao. Sa isip ko noon, hindi ko kayang arukin ang mga nangyayari. Itinuturo sa paaralan ang mitolohiya at itinuturo rin sa bahay ang katutubong mga batbat na minsan, panakót at libangan ng matatanda. Sa usap-usapan, may mga pangalan nang nababanggit. Alam na ng tao kung

sino ang kalibarot. Kaya upang maiwasan ang gulo, pinabulaan ito ni Aling Teresita.

Malapit lang ang bahay niya kung saan nangyari ang insidente. Naniniwalâ siyang hindi kalibarot ang taong iyon. Natatakót siyang baka sugurin ang lugar na iyon kung gabi at baka makapaminsala pa ito. Kaya umamin siyang nanay niya ang natutulog sa daan sa oras na iyon. Hindi aswang ang kaniyáng nanay, *gianunang*[9] lang ito. Hindi ko alam kung ang gianunang ay ang sakit na Alzheimer's pero ang sitwasyon ng nanay ni Aling Teresita ay maaring maihalintulad dito. Maliban kasi sa hindi nito maalala ang pamilya niya, hindi na rin niya maalala ang sariling bahay. Kung kaya, kung hindi ito makauwi dahil nakalalabas tuwing gabi, sa daan ito natutulog. Malaki ang naging epekto nito upang huminahon ang buong komunidad, ngunit sa aming mga isip, kami na mga bata, takót ito. Hindi man maaring pabulaanan na naniniwalâ kami sa masasamang elemento, pero hindi rin maaaring pabulaanan na ang kuwentong ito ay dulot rin ng kakulangang serbisyong pangkalusugan

***

Habang gasabsab ng damo ang anuwang, nabalitaan naming walâ na si Angkol Edel. Hunyo 26, 2009 nang kinailangan naming baktasin ang mabatong daan patungong Kulasi, ang barangay kung saan naninirahan ang Nanay ko noon. Tinawagan kasi si Mama ng kaniyáng kapatid na si Angkol Ninik sa kalagayan ni Angkol Edel. Buháy pa si Apú Bebing at Apú Kanor nang mamatay ang

9 *gianunang* – sakit ng mga matatanda. Nawawala sa katinuan kapag hindi nakakainom ng gamut. Minsan dala ng katandaan

kanilang nakatatandang anak. Ang sabi nina Mama, hindi na raw pinadoktor ng asawa dahil walâ siláng pera. Ang laging takbuhan ng mga katutubo ay ang tribal na panggagamot. Kaya, ilang ulit na *gipamuhatan*[10] si Angkol Edel upang gumaling. Hindi ko rin maarok noon kung bakit walâng nakikitang sakit sa kaniyá sa kaniyáng mga check-up. O baka nga, alam niya ring magiging gastos lamang ang pagpapabalik-balik niya sa ospital kaya hindi niya sinasabi at mas pinili na rin niya ang sumuko. Sa kagustuhan ni Apú Bebing noon na mabuháy ang kaniyáng anak nang mas mahaba pa, lumapit siya sa isang babaylan sa isang kalapit na baybay upang paritwalân si Angkol Edel. Tandang-tanda ko pa ang pitong malalaking kandila na tinawag na *perdon*[11] ng manambalay. Sabi niya, kailangang manatili ang sindi ng kandila dahil ito ang palatandaan sa kahahantungan ni Angkol Edel. Ngunit sa araw na iyon, habang nagsusuka na siya ng dugo at bawat hapon ay nananaghoy na nang masamang balita ang mga bundok, namatay ang sindi ng isang kandila. Nagkagulo agad sa loob ng bahay nina Angkol Edel. Marami na ang nag-iiyakan at hindi na mapakali ang lahat ng tao.

Simula nang mawalâ si Angkol Edel, nagkawatak-watak na rin ang kanilang pamilya. Hindi rin nagustuhan ng mga anak nang makapag-asawang muli ang kanilang nanay. Kaya kahit silá, pagkatapos ng hayskul ay nag-asawa na rin at namuhay malayo sa Kulasi. Si Abo, ang paboritong anak ni Angkol Edel, ang pinakabunso, ang siyang nalugmok nang sobra. Hindi nito kinaya ang mga bagay-bagay kaya

10*pamuhat, pdw. gipamuhatan* – isang terminong katutubo sap ag-alay ng ritwal upang mawala ang malas,
11*perdon* – makapangyarihang kandila ayon sa paniniwalang katutubo.

kahit ang pagtungtong sa elementarya ay hindi na nakamit. Nasa apat na taon lang ang tanda ko kay Abo. Naglalaro pa kami noon sa bakuran nilang puno ng damong bermuda at sa bawat gilid ng bahay ay ang mapúpulang rambutan.

Suwerte si Abo noon. Binibigay sa kaniyá ang lahat ng gusto niya. Nakapag-aral kasi ng secretarial si Angkol Edel noon, kahit hindi niya natapos, pero malaking tulong ito sa mga gawaing may kinalaman sa papel, kaya naging kawani ng barangay. Kalimitan, sa kaniyá dumudulog ang kaniyáng mga kapatid kapag nagigipit sa pera. Magaling din sa negosyo si Angkol Edel kaya ganoon na lang din ang kagustuhan niyang mapagtapos ng pag-aaral ang kaniyáng mga anak. Ang kaniyang tagumpay ay pinaghinalaan ding dahilan kung bakit siya nagkasakit. Sabi nina Apú, baka *gibarang*[12] siya kaya hindi malunas-lunasan. Marami kasing gusto siyang palitan, gusto ng trabaho sa opisina ng barangay upang guminhawa naman ang buhay. Kasi kung hindi pag-aararo o pagtatrabaho sa mga naglalakihang industriya ng saging at pinya, kalimitan sa trabaho ng mga tao sa Kulasi ay ang pangangaso sa Kulaman na hindi naman nakatutulong ng malaki sa pang-araw-araw. Nasabi ko ito sapagkat kahit isa itong gawaing katutubo, kinakailangan pa ring sundin ang mga bilin ng Datu tungkol sa mga tumanod ang kapangyarihan nito sa kalikasan. Pinapangalagaan nila ang pagpaparami sa mga *baboyhalas*[13], unggoy, *palaos*[14], at iba pang mga hayop upang patuloy na mabuhay ang

---

12*gibarang* – kinulam.

13 *baboyhalas* – baboyramo,

14*palaos* – bayawak.

kagubatan. Hindi na rin maikakaila na naniwala kaming kulam ang dahilan ng sakit ni Angkol Edel. Hindi ito iba sa mga naunang namatay sa komunidad. Kahit pa man hindi ito naiiba, napakahirap nitong ipaliwanag, lalo na sa mga naiwang anak ni Angkol Edel. Dahil sa kaniyáng pagkawalâ, tila kahit ang ganyak na mapagtapos ng pag-aaral ang kaniyang mga anak ay nawalâ rin. Ngayon, nakatira si Abo kasama ang kaniyáng nanay sa Poblacion. Nilisan nila ang masakit na gunitang mayroon ang kanilang tirahan. Bata pa si Abo, alam na nilang malabo ang paningin nito. Kaya nang lumalaki ito, lumalabo rin lalo ang kaniyang paningin. Hindi ko alam kung bakit kahit ang antipara ay hindi nila kayang bilhin para sa kaniyá. Hindi na rin nila ito pinatingnan sa espesyalista. Marahil dala pa rin ng pamilya nila ang trauma matapos mawala ang kanilang ama. Na sa anumang pagsubok ng buhay, siyensiya man o tribal na tunggalian, nagpatalo sila agad. Hindi ko rin sila masisi kung bakit huyang ang kanilang paniniwala. Dahil sa pagtatambis ng buhay, walang pasabi ang langit kung gaano kahirap para sa kanila ang tumayo na walang amang kumakayod para sa kanilang kinabukasan. Hindi rin kayang magtrabaho ni Abo dahil sa kondisyon niya. Tila nang pumanaw ang tatay niya, nawalân na rin siya ng rason para mabuháy. Kung si Mama ang tatanungin ko, mas naniniwalâ siyang sakit ito sa bituka, baka nga raw kolon kanser. Si Mama na kasi ang naging tagaalaga kay manong Edel noon pang bata pa sila. Sakitin siyang bata at dati pa, pinagamot nila rin ito sa german doktor. Ngunit hindi araw-araw ang serbisyong medikl na ito, isang beses lamang sa ilang taon dahil sa

layo ng lugar. Sa isip ko, hindi ko kayang mawalâ ang mga magulang ko kaya gagawin ko ang lahat para sa kanila. Ngunit hindi lahat ng pagkakataon ay kayang gawin ang lahat, sa mahirap na karanasang ito ng kanilang pamilya, hindi ko maiwasang kuwestiyunin kung bakit patuloy ang pagsasatigbaya ng mga sakit. Isa itong kalinangang naipamana kasabay ang mga piglamatan ngunit kahit alam kong nalulunasan ng paniniwalâ ang pangamba, alam ko ring hindi ang buháy.

Huli kong nakita ang pagsisindi ng malalaking pitong kandila ay noong nakawin ang ilan sa mga alaga naming pato. Ang mas malala, upang hindi kumahol ang mga aso ay pinakain silá ng lason dahil may natira pang bunwelos na may palamang lanit sa bakuran namin nang kinaumagaha'y nalaman namin ang pangyayari. Isinasagawa ito ng Tatay tuwing alas-tres ng hapon malapit sa may bintana. Naririnig ko ang ritwal ngunit hindi ko maunawaan. Paalala pa lagi ni Nanay, huwag daw itong gamitin sa kung kahit saan dahil paunti-unting malalagas ang kilay kung ito ay paulit-ulit na sinasambit. Hindi ko naman saulado ang ritwal, ang alam ko lang, hindi ko kayang arukin ang pagsasakandila ng mga hiling at paghahanap ng sagot sa mga bagay-bagay.

* * *

Naramdaman ko ang kamay ni Apú Soting na pinipisil ang aking mga daliri. Sinasabayan ko ang pagdighay niya. Palakas ito nang palakas dahil hinihigop ni Apú Soting ang mga hangin ko sa katawan. Hindi ko alam papaano, pero imbes na pagdudahan ko ang kakayahan ni Apú, mas pinili kong maniwalâ dahil alam kong may

nararamdaman akó sa katawan na hindi rin nakikita ng siyensiya. Galing na akó sa mga pribado at publikong ospital. Ang sinabi lamang sa akin ay kulang akó sa pagre-relax at pagpahinga ng isipan sa kung anomang mga bagay na gumugulo nito. Ang lagi kong tanong sa sarili, bakit ang bigat ng katawan ko kung ang isipan ko ang pagod? Bakit may nararamdaman akó sa iba't ibang bahagi ng katawan ko na kinatatakót ko tuwing gabi? Bakit may nararamdaman akó sa aking ulo kapag nakahiga at matutulog na? Bakit walâ akóng nakukuhang direktang sagot sa mga ospital nang lumapit akó sa ENT, opthalmologist, at kahit sa isang general practitioner? Hindi ko nauunawaan kung ano ang mga nangyayari. Ang tangi ko lang alam, pabaliktad ako sa mga nagdaang kuwento. Mas nauna akong lumapit sa siyensiya bago sa sarili kong komunidad.

Naubos ko na siguro ang mga doktor sa Bukidnon. Walâ na akóng ginawa kung hindi magpunta sa ospital at kapag nasa waiting area na akó, nawawalâ bigla ang lahat ng aking nararamdaman. Hindi ko na rin maisisi ang mga tao sa kahit saang sulok ng siyudad Malaybalay, kung nakikita nila akóng umiiyak sa simbahan o kaya ay sa publikong liwasan. Hindi ko na alam ang nararamdaman ko. Nauubos na ang pera ko at hindi na makapagtrabaho nang maayos. Huli kong nilapitan ang sikolohista at sinabi ko ang lahat-lahat. Hanggang sa niresetahan niya akó ng mga gamot. Sinabihan akó direkta ng doktor na may problema akó sa pagma-manage ng stress ko. Naipon ang trauma ko sa buháy na hindi ko nalagpasan, iniwan ko lang na hindi ko nilunasan. Ngayon, bumalik itong lahat sa anyong Post Traumatic Stress Disorder at High Functioning Depression. Kung sa komunidad

namin, tinatawag itong nahanginan ang ulo o napasukan ng hangin ang ulo, o sa madaling sabi, sa bisa ng esteriyotipo, nababaliw. Sa dako ng kaunlaran, naiiwan pa rin ang iilang komunidad sa paniniwalang mapanira. Ngunit hindi na ito tungkulin ng mga tumanod, babaylan, bae, at mga datu. Isa itong anyo ng paglalayag ng edukasyon sa mga udtuhang lipi na hanggang sa ngayon ay naglalakbay nang paikot lang. Higit sa hamong ito ng panahon, ang mga bagyo sa bahagi ng ating mga katawan na kailangang idighay kasabay ni Apu o nang pagkakarikonosi sa pulso.

Mahirap kalabanin ang isip lalo na at mas mahina ang puso. Naalala ko ang sabi ng doktor ko sa akin, tulungan ko raw ang sarili ko dahil mas mahirap kung matutuluyan akong ma-depress at hindi makabangon. Sumagi lang bigla sa aking gunita ang kapitbahay naming si Sising. Nahirapan siyang harapin ang kalugmukan kaya natuluyan siyang mabaliw. Isang beses noon, hapon ng Linggo nang bigla siyang pumasok sa bahay dahil ang tsinelas daw na kulay berde sa labas ng aming bahay ay pagmamay-ari ng isang aswang. Hinahanap niya ang aswang sa aming kusina at sa buong bahay. Nilibot niya pati ang aming bakuran, ang mga nakatli na manok dahil sa paniniwalang Higaunon, kapag umaga, nakakikita ang manok ng aswang. Tinanong niya ang mga manok kung may nakita silang palibot-libot na aswang habang nakasunod naman ang kaniyang asawa. Alam ng mga kapitbahay kung ano ang pinagdadaanan niya. Ang mahirap lamang ay nananakit siya at nakapipinsala. Kinailangan siyang gapusin ng kaniyang asawa nang kamuntikan niyang sakalin ang panabong na manok ni Itay. Nagkakasakitan na sila at bago siya umalis ay

binalikan niya ang berdeng tsinelas at idinikit ito sa kaniyang dibdib. Sinenyasan ni Itay ang kaniyang asawa na pabayaan na ang tsinelas. Bago siya umalis, naalala kong pinigtas niya ang dahon ng tsinelas at tinapon sa bubong ng aming kapitbahay. Wala akong naunawaan noon, ang sigurado lang ako, kailangan niya ng tulong. Kailangan niyang bumalik sa katinuan para sa kaniyang mga anak. Kailangan niyang kumawala sa bagyong nananahan sa kaniyang isipan. Alam ko rin na kahit walang berdeng tsinelas, maraming mga aswang sa paligid na mas nagpapalala sa kalugmukan ng isip. Hindi man ito ang aswang na sa paniniwalang katutubo ay nanakot sa dilim—ngunit ito ang dilim na dulot ng mga aswang sa isip na mamamalagi. Ang mga aswang sa isip na hindi na nakikita ng manok ay mga gawa-gawa ng isip na inaaswang ang sariling isip. Kaya nakaalalay man ang siyensiya o ang katutubong paniniwala, lagi't laging nakasalalay sa sariling katatagan ang pagkalas at pag-alpas tuwing bumabagyo sa puyo.

# JOBERT PILLAS

Si Jobert Pillas ay isang aktibista at kasalukuyang mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino ng UP Diliman. Naging fellow siya sa Ikatlong Palihang Rene O. Villanueva. Mababasa ang ilang akda niya sa Bente-Bente Zine, Kinaiya, at Manlilikha Journal.



# BAKIT NAWAWALA SI WAWIE?

NASAAN NA SI WAWIE? Tanong ni Ate Dimple habang magkasalubong ang kanyang pantay na mga kilay. Anong oras na kasi at hindi pa rin kami kumpletong magkakapatid sa mala-lata ng sardinas na bahay namin sa Balic-balic, Maynila. Piyesta kasi ngayon dito kaya naman heto, para na naman kaming puzzle na naghihintayan para mabuong muli sapagkat hiwa-hiwalay na kami ng landas sa buhay.

Sa isip-isip ko, patay na si Wawie. Matagal na siyang patay, mga limang taon na ang nagdaan. Gilbert ang kanyang tunay na pangalan na ang biro nga namin ay baka ipinangalan sa ninong niyang Gilbert din ang ngalan. Siya ang sumunod sa akin. Nineteen years old na. Pampito sa aming magkakapatid, at masasabing pinakakuwela dahil sa kaharutan niyang taglay. Para daw siyang si Vice Ganda dahil GV,

GV lang ang vibes sa tuwing kasama siya. Kailangan mo maging handa sa mga baon niyang kalokohan.

Ka-birthday niya si JC, as in Jesus Christ. Kaya siguro sinusuwerte at paborito siya ng lahat, lalo na ng Mama ko. Si Mama ang reyna ng magulo, mabantot, at abalang Quiapo. Mula sa simbahan, malansang palengke, hanggang sa makikipot na eskinita, siya ang reyna. Talakera, siga, maangas, lahat na ng deskripsyon ng isang "matapang" na tao ay nasa kanya na. Madalas may kaaway si Mama. Paano, pikon din at akala mo sa kanya lang umiikot ang mundo ng lahat. Minana ang lahat ng ito ni Wawie, kaya talaga namang nagkakasundo sila.

Samantalang ako nama'y lumaki sa loob ng simbahan ng Quiapo. Kulang na lang nga ay itanghal akong susunod na santong Pilipino dahil halos dito na ako tumira. Bahagi ako ng Children's Ministry at choir kaya nasasabihan din ako ng ilan na magpari na lang ako. Sa totoo lang, pinangarap ko talaga ang maging pari. Ngunit sa loob-loob ko, puwede bang maging anghel na lang, para lilipad-lipad na lang ako sa langit.

Hindi kasi mala-langit ang buhay namin, taliwas sa pangakong kaginhawaan sa mga sermong sinasabi ng mga pari sa loob ng dambana ng Nazareno. Parehas kami ni Wawie na nakaranas ng maagang pagkilala sa pawis at libag bilang mga kaibigan namin sa labas ng simbahan ng Quiapo. Maaga kaming tinuruan ng aming mga magulang na magbilad sa araw, hindi para mamanata, kundi para magtinda ng sampaguita, panyo, at kuwintas ng Nazareno.

Dito mas napabilib ang mama ko kay Wawie. Magaling kasi dumiskarte ang batang ito. Tulad ng ilang mga batang gusgusin

dito, maliksi rin siyang kumilos kaya minsan para siyang si Tarzan sa pagsabit sa jeep at doon maghahanap ng biyaya mula sa baryang mahihingi sa mga pasahero. Ilulukot niya ang kanyang mukha. Magpapaawa na akala mo ay batang Ice Seguerra. Pakak! Best actor siya! Pagkababa ng jeep, tiyak na may maiuuwi siya kahit barya-barya lang.

Magaling din siya sa paghamig ng mga nagsisimba para bumili ng kanyang mga tinda. Kapag nilapitan ka niya, una niyang gagawin ang pagtatali ng kuwintas ng Nazareno sa iyong kamay. At agad niyang sasabihin, "Teh/Kuya parang awa n'yo, bilin n'yo na po kuwintas ng Nazareno. Bente lang po 'yan. Nabasbasan na rin po." Lalayo siya nang kaunti upang hindi sa kanya maisauli ang kanyang paninda. Wala kang kawala rito. Hindi lang naitali ang kuwintas, kundi mismo ang mga kustomer niya dahil wala silang choice kundi bilhin ito. Sa kanya ko natutuhan ang mga ito. Mapapasabi ka na lang talaga ng, "Mindset ba, mindset!"

Mindset din ang kailangan kapag hahanapin namin siya. Para kaming barkadahan niDora the Explorer. Ganito ang sistema tuwing gabi sa loob ng bahay namin sa may palengke ng Quiapo. Nangungupahan lang kami rito sa ikaapat na palapag sa building ng isang chinitang babae.

Sidecar boy pala ang Papa ko. Madaling araw pa lang gising na siya kasabay ng nakaririnding pagkayog ng niyog na rinig na rinig sa aming tinutuluyan. Maraming suki ang papa ko mula sa mga restaurant sa Isetann Recto hanggang sa kalat-kalat na bahagi ng Maynila. Minsan nga ay isinasama niya kaming magkakapatid

para maghatid ng mga gulay, prutas, at mga karneng ipinamili sa palengke ng Quiapo. Doon sa may Isetann ang paborito naming pinaghahatiran ni Papa dahil pagkatapos niyang maghatid, tiyak na may Dunkin Donut kami at hahayaang maglaro sa mga hinuhulugan ng baryang palaruan sa may food court. Magtatalo pa kami rito ni Wawie kung sino ang mauunang sasakay, o ano ang sasakyan naming rides.

Aso't pusa nga raw kaming dalawa. Kakalmutin niya ako. Kakagatin ko siya. Hindi kasi kami talaga nagkakasundo. Magkaaway kami palagi. Suntukan, kalmutan, murahan, sigawan, tutukan ng kutsilyo. Halos lahat na ata ng uri ng pag-aaway ay naranasan na namin.

Naalala ko ang mga sandali naming paglalaro kami ng pogs. Magaling na manlalaro itong si Wawie, kaso minsan, madaya talaga. Kapag pinuna ko siya roon ay magsisimula na siya sa kanyang pakikipagtalong "takot lang daw ako matalo." Kinakamay niya kasi ang pagtira sa pogs. Kita ito ng karamihan sa aming kalaro. Kaso takot lang din sila makipagtalo pa sa kanya dahil nga palaban siya masyado.

Naalala ko minsan, umuwi siya nang maaga mula sa eskuwela. Naging guro niya rin pala ang aking guro noong Grade 1, si Ma'am Comia, na saktong nanay ng klasmeyt ko. Hindi na siya hinanap ng teacher, alam naman na kung saan siya pupunta, sa bahay. Tinanong agad ni Mama kung bakit maaga siyang umuwi. Ngumisi lang siya sabay tawa. Alam na ng magulang ko ang dahilan. Tiyak na nakipag-away na naman siya sa paaralan. Si Wawie nga naman.

Mayroon nga isang beses, sinaksak niya ng lapis ang kanyang klasmeyt dahil inaasar daw siya nitong "bakla." Dahil maikli ang kanyang pasensya, pasensyahan na lang talaga. Bayolente itong kapatid ko. Marami pang pagkakataon na umuwi siya bagama't 'kala mo'y kinalmot ng pusa ang mukha, tinitiyak niya pa ring nasa kanya ang korona kanyang mga nakatunggali. Wagwagan. Kalmutan. Lampasuhan ng mukha. Kabayuhan habang nakahawak sa buhok ng kaaway. Ganito siya kung magalit. Mayroon pa iyang bonus na mga suntok at murang malulutong, "Pukinang ina mo talaga! Gago ka a! Pendeha ka." Nakikita ko sa kanya si Mama sa ganitong asta.

Nasaan na nga ba siya at hinahanap namin siya tuwing gabi. Mapabubuntonghininga na lamang ako. For sure, makatitikim na naman ako ng pinaghalong galit at alala mula kay Papa kapag hahanapin na siya. Bababa ako mula sa aming bahay habang naglilintanya ng mga mura sa aking isipan. Tang ina naman kasi! Matutulog na ako dapat pero heto, kailangan ko siyang hanapin. Kaya maglalakad ako nang kaunti, mga tatlo hanggang limang minuto, depende sa katamaran ko. Doon ako pupunta sa may Ilog Pasig, malapit sa may madilim na tulay ng Quiapo o ang Quezon Bridge. Makikita ko siyang naghahanap ng langit sa mga puntong iyon.

Kasama ang mga tropa niyang kapwa naghahanap ng laya sa mundo. Magtatanghal sila sa akin ng isang dula. May kakanta sa videoke ng "Ang Buhay Ko" ng Aegis. Putang ina! Makikita ko na naman ang "kalayaan" ng kabataan sa aming lugar. Nariyang may naglalaplapan sa isang gilid. Habang nakikita ko naman sa may bandang tulay, madilim na bahagi, ang magkapatong na magsyota

na sumasabay sa indayog ng musika. Nagkakantutan na sila. At heto na, sabay-sabay na sila sa chorus:

*"Musika ang buhay*
*na aking tinataglay.*
*Ito rin ang dahilan kung*
*ba't ako nabubuhay!"*

Parang mga anghel daw sila sa langit sa kanilang pagkakaawit ng kanta. Narating na siguro nila ang langit dahil sa kanilang main props na plastik-labo na may likidong amoy-rugby ('yung pandikit sa sapatos). Gago, ito 'yung ayaw na ayaw kong amoy. Nahihilo ako sa amoy nito. Parang ako ang tinatamaan. Hays. At sa wakas, makikita ko na ang nawawalang si Wawie na kabilang din sa tauhan ng dula-dulaan ng paglaya ng kabataan sa Quiapo. Isang dula, ngunit sa pagkurap ng mga mata mo, makikita mong hindi ito isang piksiyonal na pagtatanghal, kundi isang realidad na kinakapitan ng marami sa kanila, tulad ng aking kapatid.

Tatawagin ko siya roon habang nakapamewang at umiirap sa himpapawid.

"Wa---wie!!! Tangina mo ka!!!
Nandito ka na naman. Lagut ka kay Papa!"

Sumasabay sa agos ng ilog ang aking galit at pag-aalala sa kanya. Ngingisi lang siya sa akin at tatawa. Alam na alam niya kung paano ako asarin. Hahatakin ko na sana siya. Ngunit nagpupumiglas ang gago hanggang sa tumakbo papalayo. Umakyat na rin naman ng

bahay dahil alam niyang katakot-takot na gulpi ang aabutin niya kung sakaling si Papa ang susundo sa kanya. Dahil bukod sa lasing si Papa, tiyak akong nanggagalaiti iyon dahil may nawawala na naman sa anak niya, parang si Ate Joy minsan.

May isang beses ngang binitbit ako ni Ate Joy kasama ang mga tropa niya na malamang sa malamang, tropa rin ni Wawie para sa isang gabi ng gala raw sa Maynila. Akala ko noong una tatambay lang kami. Maglalakad-lakad. Magpapahangin ba. Ngunit kakaiba ang mga yabag ng aming mga kasama. Mabibigat ito. Nag-aangas sa daan na akala mo sila ang hari at reyna ng Quiapo. Pumunta kami sa may bandang Avenida, sa baba ng LRT kung sa'n marami ang nagbebenta ng mga sapatos, damit, at ilang mga CD ('yung iba ay bold pa).

Next station, Carriedo... Ang susunod na estasyon ay Carriedo.

Hindi ganito ang sumalubong sa amin, kundi ang kabilang grupong kaaway ng barkada ng aking mga kapatid. Rayot pala ang aking nasamahan. Maya-maya, nakita kong lumilipad na ang mga babasaging bote papunta sa kabilang direksiyon. Umaalingawngaw na ang daan mula sa parehong nanggagalaiting grupo. Ngunit kaagad ding matitigil dahil sa pagdating ng mga tanod.

Ate Joy!

Wawie!Asan kayo!?Bebang!

Takbo!

NASAAN NA SI WAWIE?!

Nang maghiwalay ang mga magulang ko noong 2014, nagkahiwalay ang mga pares ng tsinelas namin ni Wawie. Kinupkop sila ni Daddy

Tony (ama ni Mama) habang ako naman ay tuluyan nang kinuha at pinag-aral nina Nanay Betty at Tatay Nato (magulang ni Papa). Subalit, hindi siya nahiwalay sa mundong sinilingan niya. Nakagapos pa rin siya sa araw-araw na siklo ng buhay. Nagpatuloy siya sa ganitong sistema: pagtitinda sa Quiapo, pagliliwaliw, pakikipagbunuan sa daan, at sa marami pang gawaing para sa kanya ay isang "paglaya."

Nabalitaan ko na lamang na ilang beses siyang nahuhuli at nakukulong dahil sa pandurukot niya sa daan at siyempre, pag-aadik na rin. Dahil tino-tolerate naman ito ni Mama, ayun, kukunin siya para makalaya sa Boys Town sa Marikina. Palibhasa kasi nakikinabang si Mama sa mga diskarte ni Wawie kaya wala siyang pakialam sa kung anong gawin ng aking kapatid. Ni hindi niya nga sinubukang pag-araling muli si Wawie. Tinanggalan ni Mama ng sariling kinabukasan ang aking kapatid kapalit ng isang "kalayaang" hindi naman tunay na paglaya. Sa totoo lang, dito ako unang nagtampo sa magulang ko. Nakaka-'tang ina ang trato sa amin. Matapos silang magkantutan at makabuo ng mga anak, ano, pababayaan na lamang kami? Letse!

Kami-kaming magkakapatid na lamang ang nagtulungan mula noon. Nang makaangat-angat sa buhay si Ate Dimple ay siya na ang naging ina sa aming magkakapatid. Noong tumira siya sa bahay sa Balic-balic ay pinag-aral niya ang mga kapatid ko, sina Wawie, Ate Ching, at ang bunso naming kapatid na si Jheng-jheng. Kahit ilang kilometro ang layo ko sa kanila, nasaksihan ko ang unti-unting pagbuo sa mga nawawalang piraso ng kinabukasan ng aking mga kapatid, ang edukasyon.

Sa awa ng Diyos, tumino kahit papa'no si Wawie. Nalayo siya

bisyo. Nag-aral.  Thank you Lord, ika nga ng kanta ng mga tanders sa Facebook. Amen! Natutuhan na niyang kaibigan sa puntong ito ang mga aralin sa loob ng klase. Nakasungkit siya ng samot-saring mga pang-akademikong parangal. Matataas din ang marka. Paborito siya ng kanyang mga guro. Ito marahil ang bunga ng pagod ni Ate Dimple. Nagkaroon din sa wakas ng pangarap ang aking kapatid, isang bagay na aking ipinagmamalaki.

Kerengkeng itong si Wawie. Kekembot nang malupit. Gigiling-giling. Bigay todo! Magme-make up pa siya habang sinusukat ang mga damit ng ate ko. Siya raw si Danaya. Ganito ang naging tagpo namin nang bumalik na ako sa Maynila noong 2018. Parehong taon din kung saan nauna nang nawala sa piraso ng aming pamilya si Papa. At dito, kinuha na ako ng aking Ate dahil hindi na rin kaya ng aking mga lolo't lola ang gastusin sa aking pag-aaral.

Nakita ko lalo ang malaki naming pagkakaiba ni Wawie. Paborito siya ni Ate Dimple, kaysa sa akin. Ito ang tampo ko noon. Paano e kamukha siya nito. Halos pinagbiyak na bunga ang dalawa, kaya madalas napagkakamalang magnanay sila. Masipag din si Wawie sa gawaing-bahay, hindi tulad ko na parang natutulog lang sa ilalim ng puno ng bayabas. Paano e spoiled na apo ako nina Nanay at Tatay. Buhay-hari ako sa probinsiya kasama ang sariwang hangin at payapang paligid. 'Di tulad dito sa Maynila na kailangan mong makisama maski sa mga tae sa daan. Ikaw pa ang mahihiya.

Ngunit panandalian lang din pala ang bungang pinanghahawakan ni Ate Dimple. For God's sake! Lumayas na naman si Wawie sa amin upang piliin ang dati niyang buhay. At sa puntong ito ay may

nadagdag sa kanyang dahilang upang magpasya para sa kanyang tunay na ikasasaya, ang sariling identidad. Ayaw kasi ng Ate ko sa bakla. Hindi niya matanggap na bakla si Wawie. Madalas niya itong mapagbubuhatan ng kamay dahil sa kabaklaang taglay ng aking kapatid. Kaya tulad niya, natakot din ako para sa aking sarili kahit na alam kong lalaki ako, bagaman malambot lang talaga sa pagkilos. Hindi rin kami pinapayagang makasama ang mga kaibigan namin. Nakulong kami sa sistemang bahay-eskuwela-bahay. Siguro dahil ayaw lang ni Ate na mapasama kami sa mga batang nagbibisyo sa daan. E danas din niya kasi iyon. Trauma lang kung baga.

Hinayaan ni Ate ang paglayas ng aking kapatid sa amin. Katwiran niya ay malaki naman na si Wawie at kaya na nitong buhayin ang kanyang sarili. Sana nga. Wala akong idea sa kung ano ang patutunguhan ng buhay ng aking kapatid. Naghahanap din ako ng sagot sa nawawalang kapatid. Ngunit, isa ang tiyak ko, malaya siya sa kanyang nais ngunit nakakulong ang kanyang kinabukasan.

Nang makalipat na kami sa Makati ay tuluyan nang nawala sa aming piling si Wawie. Namatay na siya bilang siya. Ngunit nabuhay ang isang magandang babae mula sa aming lahi, si Patricia. Malago at mahabang buhok na may kaunting kulay-tanso. Kumikinang ang ngipin mula pekeng brace. Mapupulang labi. Pumuputok sa pula lalo ang pisngi mula sa makapal na layer ng foundation at blush on. At pilikmatang tulad ng sa manika. Ay, barbie sabi na nga!

Kapag itinatanong kung nasaan na si Wawie, itatama ko sila na siya ay si Patricia at hindi Wawie. Siyempre dahil hindi nila nauunawaan na dapat maging sensitibo sa ganitong usapin, mamasamain na lang

nila ako at sasabihing, lalaki pa rin si Patricia, may tite at itlog pa rin.

Mahirap ipaliwanag ang konsepto ng SOGIE sa isang pamilyang hindi tanggap ang ganitong kultura. O marahil, kultura na ring matatawag ang pang-araw-araw na pagtanggi sa kasarian ng mga bakla sa amin. Ngunit, para sa akin, tanggap na tanggap ko si Patricia. At para sa kanya, wala namang masama kung tawagin pa rin siya sa dati niyang pangalan. Pero minsan iniisip kong dapat talagang tawagin siya bilang Patricia. Nawala na si Wawie. Pinatay na siya ng masalimuot na nakaraan. Ang hindi ko lang agad nalaman ay ang bulaklak na dinapuan niya kasabay ng kanyang paglipad bilang paruparo ng sarili niyang landas.

Noong may pa-sex (para sa kanila ay gender) reveal si Ate Joy para sa kanyang unang anak, nagkita kaming muli ni Patricia. As usual, naka-dress siyang pula, sandals, nakalugay, make-up, at kerengkeng. Pakak! Ay Barbie, sabi ko na! Kitang-kita ang imahen ng kagandahan sa kanya. Ang gandang babae! Nakatutuwang makita siya bilang siya mismo.

Sa gitna ng aming kasiyahan, dumating ang kanyang mga kaibigan. Hindi pa ako lasing noong oras na ito. Akala ko namamalikmata lang ako ngunit kilala ko pala talaga ang isa sa kanyang mga kaibigan. "Ikaw yung nasa Twitter, 'di ba?" Tanong ko sa kasama ni Patricia na agad namang nagulat sa aking sinabi. Hindi siya agad umimik. Nagtago siya sa likod ng aking kapatid na parang batang sumuot sa saya ng nanay. Alam niyang may alam ako.

At doon ko napagtanto na pinasok na ng kapatid ko ang alter world. Hindi ko siya masisisi kung sa ganitong paraan lamang niya

mabubuhay nang mabilis ang kanyang sarili. Noon, sagradong mga bagay lang ang kanyang ibinebenta sa loob at labas ng simbahan ng Quiapo, ngunit ngayon naman, ang sagrado na niyang katawan. Hindi naman na ako nagulat dito dahil ganito rin naman halos ang naging trabaho ng aking iba pang kapatid. Matapos nito ay madalang na kaming magkitang magkapatid dahil naging abala rin ako sa aking personal na buhay. Tila nawala na nga si Patricia sa aking buhay.

NASAAN NA NGA BA SI PATRICIA?!

Piyesta ng Balic-balic nang huli kong makita si Patricia. Ganoon pa rin naman siya. Babaeng-babae, habang ang mga kamag-anak namin ay tuwang-tuwa sa kanya at sasabihan siyang baklita, bakla, bading, shoke, sirena, at iba-iba pang katawagang nagpapaligaya sa kanilang mga sarili, habang may nawawala namang piraso sa pagkatao ni Patricia, ang respeto at pagpapahalaga sa kanya.

Nagimbal na lamang ako nitong Hulyo, taong ito nang mabalitaan ko kung nasaan na nga ba si Patricia.

*si Wawie na-set up ng mga NBI 3:47 AM*
*nasa NBI sila ngaun 3: 48 AM*
*iinquest na sila 3:48 AM*

Magkakasunod na message ni Ate Joy sa gc naming magkakapatid. Nahuli raw si Patricia dahil sa pagbubugaw ng kanyang mga kaibigan na ayon sa kanya ay tinulungan niya lang naman kumita. Sinabihan na namin siya na tigilan niya ang ganitong gawain. Ngunit ’di siya nakinig. Nang mabasa ko ang mga ito ay tila pinaliguan ako ng yelo. Nanginginig, hindi makakilos, at nanumbalik ang parehong

nararamdaman noong nawawala siya dati: magkahalong galit at pag-aalala.

Kinabukasan pinuntahan agad siya ni Ate Joy para tingnan ang kanyang kalagayan. Hagulgol ng langit ang kanyang nadatnan sa pag-akap ni Patricia sa kanya. Hindi niya raw ginusto ang mga nangyari. Sino bang may gusto? Kahit naman ako ayaw kong mangyari iyon sa kanya. Ang hindi ko maatim ay ang ginawa sa kanya ng mga awtoridad: kinuryente, sinikmuraan, dinuraan. Tinortyur siya nang mahuli ng NBI at pilit pinaaamin kung sino ang kanilang lider. E ang totoo, wala namang mastermind ang grupo nila dahil sila-sila rin ang may gusto ng ganitong trabaho: mabilis kumita ng pera, ngunit mabilis ding mawalan ng kinabukasan kung mahuli.

Matagal na rin palang minamanmanan si Patricia ng NBI. Sa katunayan, dokumentado ang pagkakahuli sa kanya. Napanuod ko sa maraming media platform. Talagang pinuntirya siya. Talagang nabuo ng mga awtoridad ang pira-piraso ng kanyang pinasok na trabaho.

Kinontak ko agad ang kaibigan at kakilala kong abogado para alamin kung ano ang gagawin. Sinamahan niya ako sa fiscal office ng Maynila para alamin ang lagay ng kaso. May isinulat ang babae sa isang kapirasong papel:

OCP MANILA
PAKAY
**Sumagot ng dalawang kopya bago isumite

| | |
|---|---|
| Petsa: | 11 July 2024 |
| Docket/Case No. | INQ. 24G-***** |
| Pangalan ng akusado: | [redacted] Gilbert **** **** |
| Pangalan ng nagrereklamo | |
| Petsa ng nagfile o inquest: | 7-4-24 |
| Pagkakasala: | RA 11930; RA 9208; RA 7610 |
| Pangalan ng nagrerequest: | J*****t ****** |
| Lagda ng nagrerequest: | Jobert Pillas |

For OCP MANILA STAFF

Nang makuha ko ang kopya ng kaso agad akong lumapit sa PAO para matunton kung nasaan na nga ba ang aking kapatid. Nagdudumali ako sa mga oras na ito dahil inaalala ko kung paano siya trinato ng mga awtoridad. Nabalitaan naming dinala siya sa Muntinlupa, sa ilalim ng kustodiya ng NBI, ang mga hayop este taong nagpahirap din sa kanya nang mahuli siya. Wala pala talagang bisa ang batas sa mga tulad naming hindi biniyayaan ng marangyang buhay sa mundo. O marahil may butas lang talaga ang batas na tanging pera lang ang makapagtatakip dito.

Pinikit ko ang aking mga mata. Huminga ako nang malalim. Pagdilat ko ay tinanong ako ng asawa ni Ate Dimple, “If we are not his family, do you think it is reasonable to put him in jail?” Totoo nga naman na kung hindi ko siya kapatid, malamang sa malamang ay sasang-ayon ako sa nangyari. Ngunit, hindi ko rin puwedeng sa kanya ko lang ibaling ang sisi dahil hindi niya naman tatahakin ang

landas na ito kung may maayos na pamilyang bumuo sa amin. Kung hindi siya nawala in the first place sa amin. Subalit wala, watak-watak ang aming landas kaya ganito rin ang mga buhay na mayroon kami. Walang espasyong kumalinga para sa kanya kaya naghanap siya ng pagitan kung saan may "laya" ang kanyang mga kagustuhan sa buhay.

Ang totoo, hindi ko alam kung ano ang aking gagawin sa mga oras na ito. Ang gusto ko ay makalaya ang aking kapatid. Ipinikit ko na lamang ang aking mga mata. Huminga nang malalim.

Saglit na sandali. Isang espasyo ng katahimikan. Blangkong isipan. Hindi ko na alam ang gagawin. Tatanggapin ko na lang siguro kung nasa'n na nga ba ang aking kapatid, kung nasa'n na nga ba si Patricia. Pumapasok sa isip ko ang mga tanong na hindi mabubura: Paano kung ibang tao na siya sa mga panahong ito? Paano kung ang kapatid kong minsang lumundag sa ulan habang hawak ang kamay ko ay tuluyan nang nalunod sa bagyong dinala ng buhay?

Ipinaliwanag niya sa amin na pinilit siya ng mga kaibigan niya dahil kailangan ng ekstrang pera para sa pag-aaral. Naawa lang siya kaya tinulungan niya ang mga ito. Ngunit ang habag niya ay hindi tinanggap ng batas, ng lipunan, at naging sanhi pa nga ito upang matunton namin siya sa isang lunan na hindi niya naman pinangarap. Kung tutuusin, biktima silang lahat ng bulok na sistemang pang-edukasyon sa bansa. Biktima sila ng paghahari ng pribilehiyo kaysa sa karapatan. Sa mga puntong ito, nawala ang karapatang pantao ng kapatid ko, parang nawala na rin siya bilang tao sa mundo.

*Anicom*

*Yan ang napapala ng mga matutigas ulo 3:55 AM*

*Hayaan nyo na sya wla teo magagawa nbi 3:55 AM*
*kalaban nya at minor ang binugaw nya 3:55 AM*

Sunod-sunod na message ng panganay naming kapatid na si Ate Monica. Sunod-sunod din na pagbitaw sa kanya dahil takot na madamay sa nangyari. Sunod-sunod na pagtakwil sa kay Patricia bilang kapatid. Hayaan na raw siya. Parang hindi sila mga kadugo. Hindi ba nila nararamdaman ang pagdaloy ng paghihirap at sakit na nararanasan ng kapatid namin. Manhid ba sila. Palibhasa nasa malayang buhay. Ngunit hindi ito ang aking gusto. Hindi ko siya kayang hayaan. Hindi ba't mas higit niya kaming kailangan sa panahong ito? Bakit kailangan naming hayaang mawala siyang muli?

Sinamahan ko siya nang dumating ang preliminary investigation ng kanyang huling kaso. Sakto, araw din ng kanyang paglipat mula Muntinlupa patungong Manila City Jail. Dumating kami ni Ate Joy at Daddy sa Office of the Prosecutor, kasama ang dalawang abogado mula sa PAO. Nakausap na raw nila sila Patricia bago ang araw na ito kaya alam na niya ang mga isasagot sa maaaring itanong sa kanya.

Magkahalong lungkot at kaba ang nararamdaman ko. Nalulungkot ako dahil ang hirap tanggapin ng sinapit niya. At kinakabahan ako sa anumang resulta ng imbestigasyong ito na alam kong hindi rin magbubunga ng maganda para sa amin. Dumating si Patricia. Ito ang unang beses na makikita ko siyang muli mula nang mahuli siya. Magulo ang kanyang buhok. Namumutla ang kanyang labi. Walang ayos ang mukha. Nanggigitata ang kanyang itsura. Nakaposas habang suot ang kulay kahel na kamiseta. Nasa likod niya ang dalawang bantay mula sa NBI.

Pinigilan kong maluha sa mga oras na ito. Sa kaloob-looban ko, hindi lang umuulan ng luha, kundi bumabagyo ng pinaghalong luha, sakit, at pag-aalala. Ayaw kong makita niyang umiiyak ako at baka lalo siyang mawalan ng pag-asa. Kuya niya ako. At magpapakakuya ako sa kanya. Magpapakamagulang din sa kanya. Handa akong akuin ang mga responsabilidad ng aking mga magulang para tulungan siya sa kanyang bagong simula. Niyakap ko siya bago umalis. Sinabi kong, "Magpakabait ka du'n."

Isinakay naman siya agad ng mga awtoridad para dalhin sa City Jail. Noong umalis ang sasakyan na kinalululanan niya, iniwan nito ang alingawngaw ng kalampag ng posas at ang masangsang na amoy ng pagsuko. Parang pira-pirasong basag na salamin ang bawat hakbang na lumayo siya—bawat hakbang, bawat metro, isang sugat sa alaala. Hindi ko alam kung paano bubuoin ang isang piraso ng pusong iniwan sa loob ng rehas, habang ang katawan ko'y nasa labas, lumalanghap ng hangin na dapat sana'y para rin sa kanya.

Kilala ko ang aking kapatid. Alam kong hindi niya ginusto ang mga nangyari sa kanya. Hindi na rin niya marahil nahanap ang kanyang sarili kasabay ng paghahanap ng laya sa mundo. Kaka-birthday niya lang noong Pasko. Parehas kay JC. Ito ang unang beses na sa loob siya ng kulungan nagdiwang ng kanyang kaarawan, kahit na ang mga naunang taong ay kulungan din ng pagpapagal niya para maka-survive siya sa buhay.

Nakakaputang ina ang pamaskong ibinigay sa kanya. Nabalitaan ko na nasentensyahan siya ng pito hanggang walong taong pagkakakulong sa isang kaso. Balak pa siyang itapon sa ibang kulungan sa labas ng siyudad, tawid-dagat daw. Nang marinig ko ito mula sa Ate ko ay nawalan ng ningning

ang aking Pasko. Walang liwanag ang kukutitap sa akin. Hindi ko kayang magdiwang habang ang aking kapatid ay naghihirap sa loob. Sinasasal ang aking dibdib. Hindi ako makahinga.

Noong bisperas ng Pasko, tumawag pa kami sa kanya. Magkaka-videocall kaming magkakapatid. May kanya-kanyang ganap. Nariyan ang isang nagpapalaro na sa bahay nila. Ang isa naman ay nagpapakalango na sa alak. Kami naman abala sa pagpi-picture. Ngunit si Patricia, nakahiga sa loob ng selda. Nakatulala sa amin. Pinapanuod kaming mga nasa laya. Hindi ko kayang tingnan ang kanyang sitwasyon. Para akong sinasakal ng katotohanan. Nabububog ang aking dibdib. Ang sakit.

Sinalubong namin ang birthday niya. Ipinakita pa rin naming masaya kami at puno ng pag-asa nang batiin namin siya. “Happy Birthday Wawie!” Nakita kong napaluha siya. Sino ba namang hindi maluluha kung ang handa mo ay ang mga bakal ng kulungan, mabaho at masikip na lunan, at kawalan ng laya sa buhay. Para ka na ring pinapatay sa ganitong sitwasyon. Unti-unti kang dinudukot ng pagkakataon upang mawala at mailayo sa realidad sa labas. Lumabas ako ng bahay. Tumingala ako sa langit. Walang buwan, pero may mga bituin. Isa sa mga ito’y si Patricia, sigurado ako. Isang liwanag na pilit umaabot sa akin mula sa dilim. Bumulong ako sa hangin, “Bakit si Patricia pa?”

Hinahanap ko pa rin ang batang si Wawie hanggang sa dalagang si Patricia. Habang hinaharap niya ang kanyang mga kaso ay umaasa akong mahahanap din niya ang tunay na kalayaan ng kanyang sarili. Kinukumusta ko siya palagi. Nagpapadala ako ng kaunting pera para magbigay-ambag sa kanya sa loob ng kulungan dahil alam kong wala kaming aasahan sa aking magulang. Hindi ako dumadalaw sa

kanya dahil hindi pa ako handang harapin siya sa loob ng bilanguan. Ngunit, nangako ako na kapag nakalaya na siya ay bibilhan ko siya ng magagandang dress, makeup, at ng kung ano-anong mga kolereteng magpaparamdam sa kanya na babae siya, na kapatid ko siya, na minamahal ko siya.

Kapag natapos ang araw na ito, patuloy ko pa ring hahanapin si Patricia. Pero alam kong hindi ko na siya makikita sa parehong anyo. Nawala na ang batang nakikipagbuno sa daan, ang dalagang nagnanais maging masaya. Ang natira na lang ay ang katahimikan sa likod ng mga rehas, ang hangin sa pagitan ng aming pag-uusap na hindi magawang punuan ng mga salita.

Maraming pagkakataon na nainggit ako sa kanya noong musmos pa kami. Maraming beses na nag-away kami na parang aso't pusa. Maraming sandali kaming nawalay sa isa't isa. Ilang ulit ko na rin siyang hinanap at natagpuan. Kung gagawin ko itong muli, hindi ako magdadalawang-isip na hanapin siya dahil kahit bali-baliktarin man ang ating mundo, kapatid ko siya. Hindi ko siya matitiis kahit pa ganito ang kanyang sinapit. At kung nasaan man siya ngayon, alam kong hindi niya na ito tatakbuhan pa; bahagi ito ng pagsagot sa dahilan kung bakit siya nawawala, at sa pagbuo ng mga pira-pirasong bahagi ng kanyang pagkatao para sa kanyang susunod na paglaya.

# Eksperimental






## WENDREI BRENT ORQUIOLA

Si Wendrei Brent Orquiola ay nagtapos ng BA Malikhaing Pagsulat (magna cum laude) sa UP Diliman. Dating miyembro ng Kultura Section ng Philippine Collegian, at nagsilbing Tagapangulo ng Alay Sining KAL at Kalihim ng UP Cineastes' Studio. Naging fellow sa ika-17 Palihang Rogelio Sicat at ika-9 na Amelia Lapeña Bonifacio Writers Workshop. Mababasa ang kaniyang eksperimental na akda sa Agos Journal Tomo V. Umugnay sa kaniya sa wforquiola@ up.edu.ph

# Cross Worlds



**ACROSS**

**9** Ang kaniyang pagkapanalo bilang presidente ay bunga ng matagal nang panunungkulan sa larangan ng politika. Bago maging presidente, nagsilbi siyang Speaker ng House of Representatives simula 2022, at nagkaroon ng malaking papel sa mga kontrobersiyal na kaganapan sa politika ng bansa, kabilang ang pag-aalsa ng mga kaalyado at pagtanggal kay Gloria Macapagal Arroyo bilang Senior Deputy Speaker noong 2023. Bilang presidente, inaasahang ipagpapatuloy niya ang kanyang mga polisiya na nakatuon sa ekonomiya, na makikita sa kanyang pagsuporta sa Maharlika Investment Fund, isang sovereign wealth fund na inihalintulad sa Korea Investment Corporation. Ang suporta niya sa People's Initiative

**DOWN**

**1** Bilang isang matagal nang broadcast journalist na kilala sa kanyang programa na "Wanted sa Radyo," inaasahang ipagpapatuloy niya ang kanyang adhikain na labanan ang katiwalian at pang-aabuso sa kapangyarihan. Maaring maglunsad siya ng mga polisiya na magpapalakas ng transparency at accountability sa gobyerno. Bilang senador, isinulong niya ang mga batas na naglalayong protektahan ang mga manggagawa laban sa kanilang mga mapang-abusong amo. Maaaring ipagpatuloy niya ito sa mas malaking saklaw bilang presidente, na nagbibigay ng mas mataas na proteksiyon at benepisyo para sa mga manggagawang Pilipino. Bilang Chairman ng Senate Committee on Energy, ipinakita niya ang

for Reform Modernization and Action (PIRMA) ay humantong sa mga alegasyon ng vote-buying at mga kontrobersiya tungkol sa paghawak ng kapangyarihan ng Kongreso. Bagama't itinanggi niyang siya ang nagsulong ng inisyatibang ito, lumabas ang mga ebidensiyang nagpapakita ng kanyang partisipasyon.

**10** Pagpapatuloy ng kanyang pagtutok sa mga programang pangkapayapaan tulad ng Peace 911, na naglalayong tugunan ang lokal na rebelyon ng mga komunista sa pamamagitan ng pagdadala ng mga serbisyong pampamahalaan sa mga malalayong lugar. Bilang dating Kalihim ng Edukasyon, ipinagpatuloy niya ang mga reporma sa sektor ng edukasyon. Kasama dito ang pagpapatupad ng "Matatag Curriculum" na naglalayong bawasan ang

kanyang interes sa pagpapabuti ng sektor ng enerhiya sa bansa. Maaaring asahan ang mas matinding hakbangin upang tugunan ang mga isyu ng kuryente, tulad ng rotational blackouts at mataas na singil sa kuryente, upang masiguro ang sapat at murang suplay ng enerhiya. Batay sa kanyang karanasan bilang journalist at sa kanyang mga kontrobersiya, inaasahang magiging aktibo siya sa paglaban sa katiwalian at pang-aabuso sa pamahalaan. Maglulunsad siya ng mga hakbang upang masugpo ang mga ito at ibalik ang tiwala ng taumbayan sa pamahalaan.

**2** Sa ilalim ng kaniyang pamumuno, maaaring makita ang isang administrasyon na nakatuon sa pagpapalakas ng lokal na pamahalaan at pagtutok sa mga pangunahing

bilang ng mga asignatura at palakasin ang pagkakakilanlan at nasyonalismo ng mga estudyante sa pamamagitan ng Mandatory ROTC (Reserve Officers' Training Corps). Nakaharap siya sa ilang kontrobersiya ukol sa paggamit ng mga pondo ng pamahalaan, partikular ang mga confidential at intelligence funds. Ang kanyang administrasyon ay kinailangan ng mas masusing pagtingin sa paggamit ng pondo ng pamahalaan upang maiwasan ang maling paggamit nito. Sa kabila ng kanyang pananahimik ukol sa mga isyu sa West Philippine Sea, kinailangan niyang magbigay ng mas malinaw na direksiyon ukol sa patakarang panlabas ng Pilipinas upang mapanatili ang seguridad at kapayapaan sa rehiyon.

suliranin ng mga komunidad. Bilang naging dating alkalde ng Maynila, maaaring magpokus sa pagpapaunlad ng mga urban renewal projects at mga proyektong pang-impraestruktura na makatutulong sa pagpapalakas ng ekonomiya. Posibleng magkaroon ng mga programa para sa job creation at pagpapabuti ng kalidad ng buhay sa urban poor communities at hindi na lang basta-basta ipade-demolish ang kanilang mga bahay at hanapbuhay.  Maaaring ituloy ang tradisyonal na mga relasyon sa mga kaalyado ng Pilipinas sa pandaigdigang komunidad. Posibleng palakasin ang ugnayan sa mga bansang mayroong mutual na benepisyo sa kalakalan at seguridad.  Ang administrasyon niya ay maaaring magpokus sa pagpapalakas

ng pandaigdigang kalakalan,
lalo na sa mga sektor tulad ng
teknolohiya, agrikultura, at
turismo.

**3** Sa ilalim ng kaniyang
pamumuno, naging kilala
ang kanyang kampanya laban
sa kriminalidad at ilegal
na droga, na nagdulot ng
kontrobersiya at pagkakahiwa-
hiwalay sa mga opinyon ng
mga mamamayan. Bilang
dating pangulo ng bansa, ang
kanyang pamahalaan ay nakilala
sa malakas na pamumuno at
kampanya laban sa korupsiyon.
Maraming repormang legal
ang ipinatupad sa ilalim ng
kanyang administrasyon,
kabilang ang mga batas laban sa
korupsiyon at krimen. Posibleng
magpatuloy ang pagpapatupad
ng mga reporma sa sistema ng
hudikatura at pagpapalakas ng
kapangyarihan ng ehekutibo.

Bagama't kilala sa kampanya laban sa korupsiyon, may mga pagsusuri na nagtutukoy ng mga isyu ng transparency at human rights violations sa ilalim ng kanyang pamumuno. May mga debate rin hinggil sa epekto ng mga polisiya ng pamahalaan sa mga karapatan ng tao at rule of law. Sa larangan ng ugnayang panlabas, naging aktibo siya sa pagpapalakas ng relasyon sa mga bansang tulad ng Tsina at Russia, habang may mga tensiyon sa relasyon sa Estados Unidos at iba pang mga bansa. Tumutok siya sa isyu ng soberanya at independensiya ng Pilipinas. Nakatutok din sa pagpapalakas ng pandaigdigang kalakalan at pagtanggap ng foreign investments, kabilang ang mga proyektong pang-impraestruktura na pinopondohan ng mga dayuhang namumuhunan.

**4** Inaasahan na magiging matagumpay at makabuluhan ang kanyang administrasyon, batay sa kanyang track record bilang senador at boses ng oposisyon. Kilala siya sa kanyang mahigpit na pagtutol sa mga kontrobersiyal na polisiya ng Administrasyong Duterte, tulad ng kampanya laban sa extrajudicial killings at pagtatanggol sa karapatang pantao. Bilang pangunahing may-akda ng mga mahahalagang batas tulad ng Philippine Mental Health Bill at Anti-Hospital Deposit Law, ipinakita niya ang kanyang kakayahan sa pagtataguyod ng mga reporma sa kalusugan at karapatang pantao. Bukod dito, ang kanyang pangunguna sa pagpapasa ng mga batas na naglalayong protektahan ang mga kababaihan, kabataan, at LGBT+

community ay nagpapakita ng kanyang pagmamalasakit sa mga mahihirap at marhinalisadong sektor ng lipunan. Sa larangan ng pandaigdigang relasyon, ipinakita niya ang kanyang determinasyon sa pagtahak sa makataong diplomasya, lalo na sa pagbisita sa Taiwan upang makipag-ugnayan sa mga Filipino roon at magpahayag ng suporta sa pangkapayapaang solusyon sa girian sa West Philippine Sea.

**5** Ang kaniyang pamumuno ay magiging pagtatambal ng kanyang karanasan sa militar at karera sa politika. Bilang dating opisyal na reserve ng Armed Forces of the Philippines at kasalukuyang senador na nakatuon sa mga isyu tulad ng pederalismo, anti-krimen, at pagsasanay sa militar, ang pamumuno niya ay magpapakita

ng kanyang interes sa seguridad
ng bansa, pagpapatupad ng
batas, at representasyon ng
kulturang Muslim at katutubong
komunidad. Ang kanyang
mga prayoridad sa pagbabatas,
kabilang ang legalisasyon
ng medikal na cannabis at
pagtatanggol sa mga karapatang
sibil, ay nagpapahiwatig ng
progresibong agenda na may
malakas na paninindigan sa
depensa at soberanya, tulad ng
kanyang kawalang aksiyon sa
mga isyu ng West Philippine
Sea. Bilang isang artista,
maaaring may kakulangan
siya sa karanasan sa pang-
ekonomiyang pamumuno at
paggawa ng mga patakarang
may malalim na epekto
sa lipunan at ekonomiya.
Ang kakulangan na ito ay
maaaring maging hadlang sa
pagpapatupad ng epektibong
pamumuno. Maaaring

magkaroon ng polarisasyon sa
lipunan dahil sa kanyang mga
pananaw at mga polisiya na
maaaring hindi pagkaisahin ang
mga mamamayan. Maaaring
magkaroon ng mga hamon
sa ugnayang panlabas at
diplomasya dahil sa kakulangan
ng karanasan sa internasyonal
na relasyon at pag-unawa sa
mga komplikadong isyu ng
pandaigdigang politika.

**6** Sa kaniyang pamumuno,
maaaring magkaroon ng mga
kontrobersiya at pagtutol mula
sa publiko dahil sa kanyang
kasaysayan ng kontrobersiya
at alegasyon ng katiwalian.
Ang kanyang pagiging bahagi
ng mga pangyayaring may
kinalaman sa nakaw na yaman
ng kanilang pamilya, kasama
na ang paggamit ng pondo
mula sa buwis ng tabako sa
Ilocos Norte para sa ’di-umano’y

labag sa batas na pagbili ng sasakyan, ay magiging sentro ng debate at pag-uusap. Ang kanyang pangunguna sa mga kontrobersiyal na proyekto at paggamit ng pondo ng gobyerno, pati na rin ang kanyang ugnayan sa mga alegasyong katiwalian, gaya ng kaugnayan sa mga ilegal na Swiss foundations na pinakinabangan ng kanyang pamilya, ay maaaring muling magdulot ng pagdududa sa kanyang kakayahan at integridad bilang pinuno ng bansa. Maaari ding asahan ang isang gobyernong may malakas na impluwensiya ng legasiya ng kanyang ama. Ang pamumuno niya ay maaaring magpakita ng authoritarian tendencies, na may malakas na kontrol sa mga institusyon at limitadong oposisyon. Maaaring ipatupad ang mga reporma

upang palakasin ang ehekutibo at siguruhing masusunod ang mga polisiya ng administrasyon. Maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa konstitusyon na magpapalawig sa kapangyarihan ng pangulo at magpahaba sa termino ng panunungkulan. Habang posibleng may mga hakbang laban sa korupsiyon, maaaring magkaroon ng mga alegasyon ng nepotismo, lalo na kung ang mga kaalyado at pamilya ay may mga posisyon sa gobyerno.

**7** Sa ilalim ng kaniyang pamumuno, maaaring asahan ang isang gobyernong may diin sa grassroots at populistang pamumuno. Ang kanyang karanasan bilang atleta at tagapaglingkod sa masa ay maaaring magdulot ng administrasyong nakatuon sa kapakanan ng mga karaniwang

tao at mahihirap na sektor ng lipunan. Maaaring magtulak ng mga reporma upang palakasin ang mga programa para sa social welfare at paglaban sa korupsiyon. Posibleng magkaroon ng mga batas na magpapabilis sa serbisyo publiko at magbibigay-daan sa mas mabilis na aksiyon sa mga pangangailangan ng mamamayan. Posibleng magpokus sa paglaban sa korupsiyon, isang isyung madalas niyang tuligsain. Maaaring magpatupad siya ng mga hakbang upang mapanagot ang mga tiwaling opisyal at masigurong maayos ang paggamit ng pondo ng gobyerno. Bilang isang dating boksingero at popular na personalidad, kilala siya sa kanyang mga pangako na solusyonan ang katiwalian at magbigay ng pabahay sa mga

mahihirap. Subalit, ang kanyang kakulangan sa regularidad sa pagdalo sa Senado ay maaaring maging isang isyu.

**8** Sa ilalim ng kaniyang pamumuno, maaaring asahan ang isang administrasyon na nakatuon sa transparency, accountability, at inclusive governance. Ang kanyang pamahalaan ay magbibigay ng mas malaking papel sa civil society at mga lokal na pamahalaan sa paggawa ng mga desisyon. Maaaring magtulak ng mga reporma upang palakasin ang checks and balances sa gobyerno, at masiguro ang kalayaan ng hudikatura. Posibleng itaguyod ang mga batas laban sa korupsiyon para sa pagpapabuti ng serbisyong publiko. Maaaring magpokus sa sustainable development, kasama na ang mga proyektong

pang-impraestruktura na hindi lamang mapakikinabangan sa urban areas, kundi pati na rin sa mga rural na lugar. Posibleng magkaroon ng mga programa para sa micro, small, and medium enterprises (MSMEs) upang palakasin ang lokal na ekonomiya.

# PAHAYAG SA ETIKA AT PAGLABAG SA PATAKARAN NG PUBLIKASYON SA JOURNALS NG SENTRO NG WIKANG FILIPINO - UP DILIMAN

Ang *Daluyan* at *Agos Journal* ay mga refereed journal ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman (SWF-UPD) na nakatuon sa at nagpapanatili ng mataas na kalidad at akademikong integridad sa paglalathala ng mga artikulo at malikhaing akda. Sa layuning ito, ang *Daluyan* at *Agos*, sampu ng lupon ng mga editor, mga referee, at awtor, ay nararapat tumupad sa isinasaad ng pahayag sa etika at paglabag sa patakaran ng publikasyon.

**Mataas na Antas ng Paggalang** – Ang lupon ng mga editor, mga referee, awtor, at kawani sa produksiyon ng mga journal ay kinakailangang magpamalas ng mataas na antas ng paggalang sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin sa lahat ng pagkakataon.

**Tungkulin ng mga Editor** – Ang lupon ng mga editor ang nagtatakda ng direksiyon ng bawat isyu at nagbibigay ng paunang desisyon kung mataas ang kalidad ng mga isinumiteng artikulo/akda upang maisalang sa pagsusuri. Sa pamamagitan ng masusing paunang pagsusuri, maaaring hindi tanggapin o irekomenda ang mga manuskrito para sa pagtatasa ng mga referee, sang-ayon sa angkop na teoretikal at konseptuwal na balangkas, metodolohiya, at panuntunan sa pagsipi o pagtukoy ng sanggunian ng *Daluyan* at *Agos*

*Journal*. Tungkulin din ng mga editor na pumili ng hindi bababa sa dalawang referee upang suriin ang isang manuskrito. Titiyakin nila na may integridad ang proseso ng blind-refereeing sa pamamagitan ng pagpili sa mga referee na may kahusayan sa akademikong larang/praktis o malikhaing pagsulat at walang anumang kasalungat na interes. Maaaring gumawa ng mga pangunahing desisyon upang tanggapin o hindi tanggapin ang mga manuskrito o akda para sa publikasyon. Ang mga desisyon ay batay sa pagsusuri ng mga referee alinsunod sa pahayag sa etika at paglabag sa patakaran ng publikasyon ng *Daluyan* at *Agos*.

**Tungkulin ng mga Referee** – Malaki ang kontribusyon ng mga referee sa pamantayan ng mga journal. Ang pagpili sa mga referee ay batay sa kanilang kahusayan at kasanayan sa pananaliksik o malikhaing pagsulat. Inaasahan silang magbigay ng kanilang masinop na pagsusuri sa artikulo at/o akda sa layuning mapahusay ang mga ito. Marapat na sumunod ang mga referee sa itinatakdang pamantayan sa pagrerebyu, at kung hindi ito masusunod, marapat na ipabatid sa mga editor ang hindi pagtanggap o pag-urong sa gawain. Kinakailangan nilang panatilihin ang kumpidensiyalidad sa buong proseso ng rebyu. Hindi sila maaaring magpahayag, makipag-usap, o gamitin ang anumang datos, argumento, o kongklusyon ng mga sinusuring manuskrito. Dapat ipagbigay-alam ng mga referee sa lupon ng mga editor ang kahit anong kahina-hinalang paglabag tulad ng etika sa pananaliksik (e.g., plahiyo o plagiarism), pagkukulang sa pagsipi sa mga impormasyon, o kasabay na pagpapasa ng manuskrito

sa iba pang journal.

**Tungkulin ng mga Awtor** — Marapat na ang awtor ay nagsumite ng artikulo/akda nang may pagkilala o pahintulot sa kapuwa awtor, at may katiyakan sa orihinalidad at pag-aari sa manuskrito. Responsabilidad ng awtor na ipahayag kung may kasalungat na interes at/o may pinagmumulang pondo ang pananaliksik na maaaring makaimpluwensiya sa resulta ng pag-aaral. Gayundin, tungkulin niyang basahin at sundin ang nakasaad sa panuntunan ng pagpapasa ng manuskrito na nasa panawagan, lalo na sa paggamit ng tamang format at pagsipi bago magsumite ng kanilang manuskrito. Ipinagbabawal ang sabay na pagsusumite ng iisang artikulo/akda para sa konsiderasyon ng paglalathala sa ibang publikasyon. Kailangang sumunod ang awtor sa iskedyul na itinakda ng lupon ng mga editor sa pagsusumite ng kanilang mga rebisyon. Kung sakaling hindi nila matugunan ang iskedyul, dapat nila itong ipabatid at humingi ng panibagong kasunduan sa timeline mula sa lupon ng mga editor para sa isang makatwirang timetable. Ang pagkabigo ng awtor na tumugon sa anumang uri ng komunikasyon mula sa mga editor ay maaaring magresulta sa hindi pagtanggap sa manuskrito.

**Proseso ng Rebyu** — Naglalathala ang *Daluyan* at *Agos Journal* ng mga orihinal na artikulo/akda na dumaan sa isang masusing proseso ng **double-blind peer-review**. Ang mga manuskrito ay paunang sinusuri ng lupon ng mga editor para matiyak na nakasasapat ito bilang artikulo/akda bago ibigay sa mga referee na partikular namang

titingin sa nilalaman (i.e., konseptuwalisasyon, teorisasyon) nito.

**Kumpidensiyalidad** – Sumusunod ang *Daluyan* at *Agos Journal* sa mga pangkalahatang tuntuning umiiral sa usapin ng kumpidensiyalidad. Ang impormasyon tungkol sa awtor at mga referee ay tinitiyak na mananatiling pribado. Kaugnay nito, ang mga isinumiteng artikulo/akda na naglalaman ng mga personal na impormasyon tungkol sa buhay ng awtor ay limitado lamang sa lupon ng mga editor at mga referee kung mayroonn man.

**Kasunduan sa Pormularyo ng Awtor** – Kailangang mabasa, maunawaan, at sang-ayunan ng mga awtor ang itinatakda sa Pormularyo ng Awtor bago tumuloy sa rebyu ang mga manuskrito.

**Pagtugon sa Paglabag sa Publikasyo**n – Mayroong karapatan ang *Daluyan* at *Agos Journal* na tukuyin ang maling gawain o asal ng awtor na may kinalaman sa publikasyon. Ang alinmang paglabag o maling gawain ng awtor, gaya ng intensiyong pagpapalabas sa publiko ng mga pahayag na walang katotohanan at pawang paninira sa publikasyon, ay kailangang matukoy. Ang lupon ng mga editor, kasama ang mga referee na sumuri ng artikulo at/o akda, ang magdedesisyon sa bigat ng parusang dulot ng paglabag na gaya ng pagbawi sa publikasyon sa journal at pagpapahayag nito sa publiko.

**Sanggunian:**

"Publication Ethics and Malpractice Statement." Plaridel Journal of Communication, Media, and Society, www.plarideljournal.org/information-for-authors/publication-ethics-malpractice-statement/.Petsa ng pag-akses 13 Marso 2024.

Committee on Publication Ethics. (1999). Guidelines on good publication practices. Retrieved from http://publicationethics.org/resources/code-conduct)



agos

Tomo VI, 2025

SENTRO NG WIKANG FILIPINO
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON